



ANG PINANINIWALAAN AT  
SINASAMPALATAYANAN SA  
**Islam**

Isang-Buwang Pampanimulang Pag-aaral



NEW MUSLIM  
ACADEMY

AKADEMYA NG BAGONG MUSLIM

[WWW.NEWMUSLIMACADEMY.PH](http://WWW.NEWMUSLIMACADEMY.PH)

# Table of Contents

## ARALIN.....1

### Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?.....3

Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman.....4
Ang Pananampalataya ay
Pananalig na Walang Pag-aalinlangan.....6
Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa.....8
Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita..8
Ang Pananampalataya ay Pansarili.....9
Ang Pananampalataya ay Naluluma.....11
Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos.....12
Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay....14
Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman..17
Ang Pananampalataya ay
Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa.....19
Ang Pananampalataya ay
Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa.....20

## ARALIN.....4

### Saligan 2—Paniniwala sa mga Anghel.....54

## ARALIN.....5

### Saligan 3—Paniniwala sa mga Aklat ngDiyos.....60

## ARALIN.....6

### Saligan 4—Paniniwala sa mga Sugo ngDiyos.....69

## ARALIN.....2

### Ano ang Tamang Paniniwala?.....25

Ang mga Pinaghanguan ng
Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa Islam.....26
Ang Anim na Saligan
ng Pananampalataya—Batay sa Qur’an at Sunnah.....28

## ARALIN.....3

### Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan 32

Ang Pagsamba sa Diyos Lamang.....33
Ang Paniniwala sa Patnubay ngDiyos.....35
Ang Pagkilala sa mga
Pangalan at mga Katangian ngDiyos.....36
Ang Pangalang “Allah”.....40
Ang Kaisahan.....41
Ang Awa.....43
Ang Pag-ibig.....44
Ang Pagpapatawad.....46
Ang Paglikha.....48
Ang Pamumukod-tangi.....48
Ang Pagkamalapit.....49
Ang Pagkapanginoon.....51

## ARALIN.....7

### Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay.....80

Ang Kamatayan.....82
Ang Libingan.....84
Ang Araw ng Paghuhukom.....86
Ang Pag-hip sa Tambuli.....87

Ang Muling Paglikha.....	87
Ang Pagtitipon at ang Paghihintay.....	89
Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan.....	92
Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya.....	95
Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya .....	96
Ang Tawiran ng mga Mananampalataya.....	97
Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya.....	98
Ang Paraiso at ang Impiyerno.....	100

---

## ARALIN.....9

Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa  
Pananampalataya sa Islam.....109

Ang Kawalang Pananampalataya.....	110
Ang Politeismo.....	112
Ang mga Uri ng Kawalang Pananampalataya at Politeismo.....	115

## ARALIN.....8

Saligan 6—Paniniwala sa Pagtatadhana.....103

1—Nalalaman ni Allah ang Lahat.....	104
2—Ang mga Pangyayari ay Nakasulat sa Talaang Nasa kay Allah.....	106
3—Ang mga Pangyayari ay Nagaganap Ayon sa Kalooban ni Allah.....	106

---

## APENDESE A.....119

Ang mga Pangalan  
ni Allah Mula sa Qur’an at Sunnah.....119

---

## APENDESE B.....128

Sanggunian Mula sa Qur’an ng mga  
Kasaysayan ng mga Propeta ng Diyos.....128

# Ang Pinaniniwalaan at Sinasampalatayanan sa Islam

## Mga Layunin ng Pag-aaral

---

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Makaunawa sa kalikasan ng pananampalataya;
- Maipahayag ang mga pangunahingpinaniniwalaan sa Islam hinggil sa Anim na Saligan ng Pananampalataya;
- Mabigyang-kahulugan ang kawalang pananampalataya at ang politeismo;
- Matukoy ang mga karaniwang gawaing nagpapawalang-saysay sa tamang pananampalataya.

## Kaalinsabay ng kakailanganin

---

Mga Araling Mapapanood saVideo

## Mga Iminumungkahing Babasahin:

---

- Fundamentals of Tawhīd ni Abu Ameenah Bilal Philips
- Islamic Creed Series ni Umar S. al-Ashqar
- Guide to Sound Creed by ni Salih al-Fawzān
- A Brief Introduction to the Aqeedah of Ahl Assunnah wal Jama'ah ni Abdullah al-Athari
- Belief in Allah - What Does it Mean? ni Muhammad b. Saleh al-Uthaymīn
- Conditions of Laa ilaha illa Allaah ni Jamaluddin Zarabozo
- Authentic Creed ni 'Abdul-'Azīz b. 'Abdullāh b. Bāz

## *Ang Pananampalataya*

ay ang batayan ng pagtanggap ni Allah. Ang tamang paniniwala ay ang pinakadiwa ng Islam, angbatayan ng relihiyon, atang sdsi tungo saParaiso. Walang kabuluhan ang pagsasagawa sa mga saligan ng Islam—ang pagsasaksi (shahadah), ang pagdarasal, ang pag-aayuno, ang pagbibigay ng zakah, at ang pagdalaw sa Makkah—kung walang pananampalataya. Samakatuwid, ang pag-unawa, ang pagsasapuso, at ang pagkilos alinsunod sa tamang pananampalataya ay pangunahing kautusan sa bawat taong nagmimithing mapalapit kay Allah.

Ang pagkatuto ng mga tuntunin ng pananampalataya ay pangunahing bahagi ng pagkaunawa sa Islam. Kalakip ng kaalaman sa pag-samba, batas at kaasalan, ang mga Islamikong panuntunan ng pananampalataya ay gumaganap sa pagkaunawa sa mga pangunahing katuruan ng Islam.

Sa pag-aaral na ito, kung loloobin ni Allah, magtatamo ka ng pagkaunawa sa kung ano ang ipinag-uutos sa atin bilang mga Muslim na paniwalaan alinsunod sa Qur'an at Sunnah (tuntunin) ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Sa batayang-aklat na ito, tatalakayin natin ang tatlong pangunahing paksa kaugnay sa pananampalataya sa Islam:

- 1) Ang kalikasan ng pananampalataya,
- 2) Ang anim na pangunahing saligan ng pananampalataya sa Islam, at
- 3) Ang mga gawaing sumasalungat o nagpapawalang-saysay sa pananampalataya.

Ang aklat na ito ay sadyang dinisenyopara sa mga Muslim na bagong yakap. Samakatuwid, tinatatangka nitong ilahad ang pinakamahalagang kaalaman kaugnay sa mga paksang ito sa paraang simple at madalingmaunawaan na walang kalakip na terminolohiyang Arabe at di-kailangang pagtatalong pansekta. Samakatuwid, hindi natin tatalakayin ang mga terminolohiyang pang-akademya, ang mga usaping pinagtatalunan ang pagkaunawa, at ang iba pang mga malalim na talakayin sa pag-aaral ng mga paniniwalangpang-Islam, ibig sabihin, ang pandalubhasang sangay ng agham ng mga pag-aaral pang-Islam na tinatawag naAqīdah.

Kung nanaisin ng isang mag-aaral na magsagawa ng lalong detalyadong pagsisiyasat ng mga pampananampalatayang pag-aaral sa Islam, mayroong mga karagdagang sanggunian na matatagpuan sa NMA learning portal. Dagdag pa rito, lubusan naming iminumungkahi ang walong tomo na Islamic Creed Series ni Shaykh Umar al-Ashqar bilang kasunod na hakbang at mapananaligang sanggunian.

Isang tanging paalaala hinggil sa mga pampananampalatayang pag-aaral: Yamang naglakas-loob tayo sa landas na ito ng pag-aaral hinggil sa mga paniniwalang pang-Islam, sisiyasatin natin ang mga usaping bumubuo sa kayarian ng pagkakilanlang panrelihiyon ng isang tao at pagtukoy sa kanyang kalalagyan sa kabilang-buhay. Ang pananampalataya at ang kawalang-pananampalataya ay isang malinaw na guhit sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno. Sa pag-aaral ng pinaniniwalaan at sinasampalatayanan, samakatuwid, mahalagang itanim sa isipan na ang pag-unawa at pagtanggap sa mga prinsipyong ito ay naiiba sa paggamit sa mga ito sa mga paghuhusga sa ibang tao. Hindi natin layuning husgahan at hatulan ang iba.Ito ay sadyang malinaw sa karamihan sa mga tao; gayunman,nagkaroon na ng maraming maling pagkaunawa at maling paggamit ng mga baguhang mag-aaral sa mga turo ng paniniwalang pang-Islam. Kaya naman kinakailangan nating gumawa sa simula pa lamang ng isang malinaw na pagtatangi sa pagitan ng pagkatuto sa layuning malinawagan at ng maling paggamit ng natutunang ito para husgahan at hatulan ang iba.

Ang pagkakaalam na ang isang gawain ay malinaw na napabibilang sa kawalang pananampalataya na naghahatid sa Impiyerno ay naiiba sa pagsabi na ang isang partikular na taong nagsasagawa ng gawaing ito ay isang di-mananampalataya o isang mananahan sa Impiyerno. Ang tawagin ang sinuman bilang di-mananampalataya ay isang lubhang mabigat na paratang na magdudulot ng maraming kahihinatnan sa mundong ito at sa kabilang-buhay. Kung makasasaksi ng isang taong nagsasagawa ng kasalanan na gawaing kawalang-pananampalataya, iyon ay gayon lamang—isang gawain ng kawalang-pananampalataya, at hindi nangangahulugang siya ay isang taong walang pananampalataya, lalo na kung ang taong iyon ay nagsasabing siya ay isang Muslim.

Ang adhikain natin sa pag-aaral ng mga paniniwalang pang-Islam ay ang matuto, ang magamit ang natutunan natin sa ating pansariling pagganap sa Islam, at ang maibahagi ang kaalamang ito sa iba kung maaari. Ang magtaguri sa ilang partikular na tao bilang mga di-mananampalataya o isinumpang mapunta sa Impiyerno ay hindi natin adhikain sa anumang paraan ni isang gawaing magbubunga ng mabuti sa kabuuan.

Pagkalooban nawa tayo ni Allah, ang Napakamaawain, ng patnubay mula sa Kanyang liwanag, at ilagay Niya nawa ang matibay at matatag na panananampalataya sa mga puso natin!

# ARALIN

# 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

---

## Mga Layunin

Sa katapusan ng pag-aaral na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Makaunawa sa kalikasan ng pananampalataya na nasa puso;
  - Malaman ang mga kahihinatnan ng pananampalataya sa mundong ito at sa kabilang-buhay.
-

## Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

Ang Panananampalataya, na tinatawag na Iman sa wikang Arabe, ay nangangahulugang: ang malaman, maniwala, at magtiwala nang taos-puso sa pinaniniwalaang ito. Ang tunay na pananampalataya ay gumagapi sa pag-aalinlangan. Ang pananampalataya ay likas na nakabigkis sa paggawa, na lumalakas at humina kaalinsabay ng mga gawang mabuti o masama. Ayon sa kalikasan nito, ang pananampalataya ay naluluma at nangangailangan ng pagpapanibago. Ang tamang pananampalataya ay isang pinagpalang kalagayan ng puso, na sa dakong huli ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Allah at umaalinsunod sa Kanyang kapasyahan. Ang pananampalataya ay ang katanggap-tanggap na batayan lamang ng mga mabuting gawa.

## Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman

Ang kaalaman ay kinakailangan sa pananampalataya ngunit hindi tutumbas sa pananampalataya. Ang kaalaman at ang pagkaunawa ay nauuna sa pananampalataya, at kaya naman napakahalaga sa paghahanap ng landas patungo kay Allah. Ito ay makatuwiran lamang. Papaano tayong sasampalataya sa isang hindi natin nababatid? Ang kaalaman ay isang biyaya dahil binibigyan nito tayo ng kakayahang magkaroon ng pananampalataya. Inilarawan ni Allah ang reaksiyon sa Qur'an ng ilang taong nabanggit sa mga kasulatan. Sinabi Niya:



*“Tunay na ang mga binigyan ng kaalaman bago ito, kapag binibigkas ito sa kanila, ay nagsusubsob ng mga mukha, na mga nakapatirapa at nagsasabi: “Kaluwalhatian sa Panginoon namin; tunay na ang pangako ng Panginoon namin ay talagang laging magagawa.” Nagsusubsob sila ng mga mukha, na umiiyak, at nadaragdagan sila ng Qur'an na ito ng pagpapakababa kay Allah.” (Qur'an, 17:107-109)*

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa



## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Binigyan sila ng kaalaman at kaya naman nagtamo sila ng pananampalataya at naging mga mananampalataya. Gayunman, ang pagkakaalam ay hindi kinakailangang mangahulugan ng pagtanggap at paniniwala. Ihambing ang mga matutuwid na taong ito na nabanggit sa banal na kasulatan sa mga ibang taong tinanggihan ang Islam bagamat nalalaman nila nang maigi na si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagtaglay ng lahat ng mabubuting katangian at mga tanda ng pagiging pangwakas na propeta gaya ng nasasaad sa Torah. Binanggit sila ni Allah. Sinabi Niya:



*“Talagang kung dinalhan mo man ang mga binigyan ng Kasulatan ng bawat Tanda, hindi sila susunod sa qiblah mo.” (Qur’an, 2:145)*

Maaaring tanggihan ng mga tao ang pananampalataya, sa kabila ng kaalaman, dala ng katiwalian sa mga puso nila.

Si Paraon ay isa pang halimbawa ng kawalan ng pananampalataya sa kabila ng kaalaman. Nalaman niya na ang mga tandang ipinakita ni Propeta Moises ay nagpapatunay sa mensahe nito, ngunit nagmatigas siya sa pagkakaila sa mensahe nito dala ng kapalaluan. Sinipi ng Qur’an ang pakikipag-usap ni Moises kay Paraon:



*“Talaga ngang nalaman mo na walang nagpababa sa mga himalang ito kundi ang Panginoon ng mga langit at lupa bilang mga patunay.” (Qur’an, 17:102)*

Ang kapalaluan ay isang panganib na espirituwal na sumisira sa maraming tao. Tunay na ang kapalaluan at ang pananampalataya ay hindi maaaring sabay na umiral sa puso. Mayroon pang ibang mga kadahilanan gumaganyak sa isang tao na ikaila ang katotohanan tungkol sa Diyos at relihiyon, kabilang na ang udyok ng lipunan, ang pagmimithi sa yaman o makamundong kalagayan, ang pagkatakot sa pag-uusig, at kahit na ang simpleng katamaran lamang. Inilarawan ni Allah ang ilang di-mananampalataya:





*“Kapag nakasakay sila sa sasakyang-dagat ay dumadalingin sila kay Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa relihiyon; ngunit noong nailigtas na Niya sila patungo sa katihan, walang-anu-ano sila ay nagtatambal sa Kanya upang ikaila nila ang ibinigay Namin sa kanila at upang magpakaligaya sila,”(Qur’an, 29:65-66)*



*“Nalalapit na para sa mga tao ang pagtutuos sa kanila habang sila sa pagkalingat ay mga bumabaling palayo. Kapag may dumarating sa kanila na isang panibagong paalaala mula sa Panginoon nila ay pinakikinggan nila ito samantalang sila ay naglalaru-laro, habang nalilingat ang mga puso nila” (Qur’an, 21:1-3)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Ang pananampalataya ay hindi lamang nangangahulugan ng pag-alam sa katotohanan, bagkus ang mahalín at parangalan ito ay higit sa lahat.

### Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan

Ang paniniwala ay nagpapahiwatig ng katiyakan, na hindi nagbibigay ng puwang para sa pag-aalinlangan at pagkalito. Halimbawa, hindi sapat na isiping marahil mayroong isang Diyos o maniwalang maaaring mayroong mga anghel. Iyan ay hindi pananampalataya. Ang pananampalataya ay matatag na nakaugat sa pananalig.

Si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay naghatid ng nakalulugod na balita sa mga mananampalataya tungkol sa Paraiso, at inilarawan Niya sila na walang pag-aalinlangan sa kanilang pagsaksi sa pananampalataya. Sinabi niya: “Ang sinumang makatagpo si Allah habang sumasaksi na Lā ilāha illa Allāh (Walang Diyoskundi si Allah), na walang pag-aalinlangan hinggil dito, ay hindi mahahadlangan sa hardin ng Paraiso,” (Isinalaysay ni Imam Muslim). Nagpahayag si Allah, ang Kataas-taasan, hinggil sa Kanyang Aklat, ang Marangal na Qur’an:



*“Ang Aklat na ito ay walang mapag-aalinlanganan dito, isang patnubay ukol sa mga nangingilag magkasala, na mga sumasampalataya sa Nakalingid” (Qur’an, 2:2-3)*

Pagkatapos, ipinagtambal ni Allah ang pag-aalinlangan sa Kanyang Kapahayagan at ang kawalang-pananampalataya sa Qur’an. Sinabi Niya:



*“Kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa ibinaba Namin sa Lingkod Namin, magbigay kayo ng isang surah na tulad niyon at tawagin ninyo ang mga saksi ninyo na iba pa kay Allah kung kayo ay mga nagpapakatotoo. Ngunit kung hindi ninyo magawa at hindi ninyo magagawa, pangilagan ninyo ang Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato - inihanda ito para sa mga tumatangging sumampalataya.” (Quran, 2:23-24)*

Sa isa pang talata, inilarawan naman ni Allah ang mga mananahan sa Impiyerno. Sinabi Niya:



*“Mapagpigil sa mabuti, nagmamalabis, nag-aalinlangan,” (Qur’an, 50:25)*

Ang pagiging isang taong nag-aalinlangan kay Allah at sa Kanyang Kapahayagan ay bahagi ng hamak na paglalarawan sa mga di-mananampalataya. Sa kabilang dako, inilarawan ni Allah, ang Kataas-taasan, ang mga mananampalataya:



*“Mapagpigil sa mabuti, nagmamalabis, nag-aalinlangan,” (Qur’an, 50:25)*

Ang pagiging isang taong nag-aalinlangan kay Allah at sa Kanyang Kapahayagan ay bahagi ng hamak na paglalarawan sa mga di-mananampalataya. Sa kabilang dako, inilarawan ni Allah, ang Kataas-taasan, ang mga mananampalataya:

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa



*“Tanging ang mga sumasampalataya ay ang mga naniwala kay Allah at sa Sugo Niya, pagkatapos ay hindi nag-alinlangan,”(Qur’an, 49:15)*

Ang gayong pananalig ay likas na humahantong sa paggawa ng mabuti. Ang kinalalagyan ng pananampalataya ay nasa puso ngunit ang pagpapahayag nito ay nasa dila at katawan.

## Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa

Ang pananampalataya at ang gawa ay magkaalinsabay. Ang sinasabi ng ating dila at ang ginagawa ng mga kamay natin ay likas na kaugnay ng kalagayan ng ating mga puso. Dagdag pa rito, ang pananampalataya ay pabago-bago, at ang paglakas at paghina ng pananampalataya ay kaugnay sa mabubuti at masasamang gawa. Ang mabubuting gawa ay nakadaragdag ng pananampalataya. Ang mga kasalanan ay nakababawas ng pananampalataya. Kung gaano kabuti ang gawa sa tingin ni Allah ay siyang taas ng antas ng pananampalataya. Si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: “Ang pananampalataya ay may pitumpong sangay. Ang pinakamataas sa mga ito ay ang pagsasabi ng Lā ilāha illa Allāh (Walang Diyos kundi si Allah), at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis ng isang nakapipinsala mula sa daanan.” (Isinalaysay ni Imam Tirmidhi).

## Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita

Sa kabuuan, ang pananampalataya ay sumasaklaw sa paniniwala sa hindi nakikita, hindi naririnig, hindi nasasaling, ni tuwirang nararamdaman. Ang matandang kasabihang “Ang makita ay ang maniwala” ay hindi tumpak kaugnay sa mga usapin ng pananampalataya. May mga taong mapagmatigas na itinatangi ang katotohanan bagamat nalalaman ito, gaya nga ng nabanggit na. Inilarawan sila ni Allah:



*“Kung may makikita sila na isang tipak mula sa langit na nalalaglag, magsasabi sila: “Mga ulap na ibinunton.” (Qur’an, 52:44)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

“Kung nagpababa man Kami sa kanila ng mga anghel at kinausap man sila ng mga patay at kinalap man Namin sa kanila ang bawat bagay na hiniling nila nang harapan ay hindi rin sila sasampalataya kung hindi loloobin ni Allah, subalit ang higit na marami sa kanila ay nagpapakamangmang.” (Qur’an, 6:111)


Para sa gayong mga tao, ang makita ang mga di-nakikitang aspeto ng pananampalataya—“ang nakalingid”, gaya ng pagkakatawag nito sa Islam—ay hindi makalulutas sa suliranin nila dahil ang balakid nila ay nasa mga puso nila at hindi nila nakakayang tanggapin ang katotohanan dahil sa kanilang katiwalian.

Para sa mga mananampalataya, na ang mga puso ay nakabaling sa pananampalataya at nananabik na masilayan ang Mukha ng Panginoon, ang pagkakita ay nakadaragdag sa pananampalataya nila. Halimbawa, si Propeta Abraham (ang kapayapaan at pagpapalaya ni Allah ay sumakanya) ay humiling kay Allah na ipakita sa kanya ang pagbuhay ng patay upang madagdagan ang kanyang panananampalataya. Kaya naman ipinakita ito sa kanya ni Allah sa pamamagitan ng mga ibon. Isinalaysay ito ni Allah:

“Banggitin noong nagsabi si Abraham: “Panginoon ko ipakita Mo sa akin kung papaano Mong binubuhay ang mga patay.” Sinabi Niya: “At hindi ba’t naniniwala ka na?” Sinabi nito: “Opo; ngunit upang mapanatag ang puso ko.” (Qur’an, 2:260)

### Ang Pananampalataya ay Pansarili

Ang pananampalataya ay isang masinsinang pansariling pagpapasya. Ito ay hindi isang panlahing pagkakilanlan lamang o isang namanang katangian. Hindi ito natatamo nang walang anumang pagsusumikap. Bagkus, ito ay may kinalaman sa masiglang paniniwala.



## ARALIN 1

*Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?*

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Kaalinsabay nito, ang pananampalataya ay isang malayang pagpili. Ayon sa pakahulugan, ang pananampalataya ay tapat, kaya naman hindi maaaring maging sapilitan. Sinabi ni Allah:



*“Sumampalataya kayo rito o huwag kayong sumampalataya rito.”(Qur’an, 17:107)*



*“Walang pilitan sa relihiyon. Tunay na luminaw na ang kawastuhan sa kalisyaan. Kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa nagdidiyus-diyusan at sumampalataya kay Allah ay kumapit nga sa hawakang pinakamatibay na walang pagkalamat.” (Qur’an, 2:256)*

Tungkol naman sa misyon ni Propeta Muhammad, sinabi ni Allah:



*“Kami ay higit na nakaalam sa anumang sinasabi nila. Ikaw sa kanila ay hindi isang mapagpilit, kaya magpalaala ka sa pamamagitan ng Qur’an sa sinumang nangangamba sa banta Ko.”(Quran, 50:45)*

Malinaw na walang pilitan sa relihiyon. Ang pananampalataya ay likas na isang malaya at kusang-loob na pagpapasya.

Kalakip ng kalayaan sa pagpili ang pagkakaroon ng pananagutan. Ang bawat tao ay mag-isang mananagot para sa pananampalataya niya. Sinabi ni Allah:



*“na hindi papasanin ng isang pumapasan ang pasanin ng iba, na walang ukol sa tao kundi ang pinagpunyagian niya, na ang pagpupunyagi niya ay makikita, pagkatapos ay gagantihan siya ng ganting pinakakarampanan, na tungo sa Panginoon mo ang pinagwawakasan.” (Qur’an, 53:38-42)*

Hindi posibleng masisisi ng tao ang iba dahil sa pagpili nila ng kawalang-pananampalataya. Sinabi ni Allah, ang Kataas-taasan:



*“O mga sumampalataya, ingatan ninyo ang mga sarili ninyo; hindi kayo mapipinsala ng sinumang naligaw kapag napatnubayan kayo.” (Qur’an, 5:105)*

Walang sinumang makapipilit sa ibang tao na maniwala o tumangging maniwala. Halimbawa, walang magulang o guro o namumuno na makapipilit sa isang tao na maniwala o tumangging maniwala. Kahit ang mga propeta ni Allah ay walang kakayahang magbigay ng pananampalataya o mag-alis nito sa iba, gaya ng ipinakita ng mga kasaysayan ni Propeta Abraham, na ang ama ay nagmatigas sa pagtanggap sa pananampalataya, at ni Propeta Noe, na ang anak ay namatay sa baha kasama ng ibang mga di-mananampalataya, at gayon din ni Propeta Lot, na ang maybahay ay nabigong makasunod sa kanya sa kabutihan.

## Ang Pananampalataya ay Naluluma

Ang pananampalataya ay nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagpapanibago. Maaaring mawasak ng isang tao ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagkakasala at pagpapabaya. Ang pananampalataya ay maaari ring lumuma, gaya ng paglalarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Ang pananampalatayang nasa puso ng sinuman sa inyo ay naluluma gaya ng pagluma ng kasuutan ninyo. Kaya hilingin ninyo kay Allah na panibaguhin ang pananampalataya ninyo sa inyong mga puso.” (Isinalaysay ni Imam Tabarani). Idinadalangin natin kay Allah, ang Kataas-taasan, na panibaguhin nawa Niya ang ating pananampalataya. Si Propeta Muhammad din (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay dumadalangin noon kay Allah ng ganito: “O Tagapagpabago-bago ng mga puso, patatagin Mo ang puso ko sa Iyong relihiyon.” (Isinalaysay nina Imam Tirmidhiat Imam Ibnu Majah). Sinipi ni Allah ang panalangin ng mga mananampalataya:



*“O Panginoon namin, huwag Mong ilisya ang mga puso namin matapos noong napatnubayan Mo kami at pagkalooban Mo kami ng awa mula sa Iyo; tunay na Ikaw ay ang Mapagkaloob.” (Qur’an, 3:8)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

## Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos

Ang pananampalatayang tama at nag-ugat sa katapatan ay isang patnubay mula kay Allah, isang natatanging biyaya at awa. Sinabi ni Allah:



*“Aba’y hindi! Tunay na ang Qur’an na ito ay pagpapaa-laala. Kaya ang sinumang lumuob, alalahanin niya ito. Hindi sila mag-aalaala malibang loloobin ni Allah. Siya ay ang karapat-dapat pangilagang pagkasalaan at ang karapat-dapat magpatawad.”(Qur’an, 74:54-56)*

Iginagantimpala ni Allah ang pananampalataya sa mga pinipili Niya ayon sa katarungan. Ipinahayag ni Allah:



*“Ang mga nakibaka alang-alang sa Amin ay talagang patnubayan nga Namin sila sa mga landas Namin. Tunay na si Allah ay talagang kasama ng mga gumagawa ng magaling.” (Qur’an, 29:69)*

Binibigyan ni Allah ang mga tao ng mga pagkakataong sumampalataya, ngunit sasamantalahin nila o sasayangin ang mga pagkakataon alinsunod sa kadalisayan ng kanilang mga puso. Sinabi ni Allah:



*“Kapag may ibinabang isang surah ay mayroon sa kanila na nagsasabi: “Alin sa inyo ang nadagdagan nito ng pananampalataya?” Tungkol sa mga sumampalataya, nagdagdag ito sa kanila ng pananampalataya at sila ay nagagalak. Tungkol naman sa mga may karamdaman sa mga puso nila, nagdagdag ito sa kanila ng kasalulaan sa dating kasalulaan nila; at namatay sila habang sila ay mga tumatangging sumampalataya.”  
(Qur’an, 9:124-125)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naliiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Walang sinumang makapagkakaloob ng pananampalataya maliban kay Allah, ang Kataas-taasan. Kahit ang mga propeta na naghatid ng mensahe ng Diyos ay hindi makaaakay sa tao tungo sa panananampalataya, malibang loloobin ng Diyos ang pananampalataya para sa taong iyon at alinsunod sa masinsinan at ganap na kaalaman ng Diyos sa nasa puso ng taong iyon. Sinabi ni Allah:

“Kung naghahangad ka na patnubayan sila, tunay na si Allah naman ay hindi nagpapatnubay sa ipinaliligaw Niya at sa kanila ay walang makatutulong.” (Quran, 16:37)

Ang mga kasangkapan na nagbibigay sa isang tao ng kakayahang matamo ang pananampalataya ay mga kaloob mula kay Allah. Sinabi ni Allah:

“Siya ang lumalang sa inyo at gumawa para sa inyo ng pandinig, mga paningin at mga puso. Kay dalang ninyong magpasalamat!” (Qur’an, 67:23)

Ang mga tainga natin ay nagpaparinig sa atin ng mensahe. Ang mga mata natin ay nagpapakita sa atin sa mga tanda ni Allah sa mga himala ng mga propeta at sa mga tanda Niya sa nilikha. Ang mga puso natin ay sisidlan ng pananampalataya at pag-unawa. Gayunman, madalas na gamitin ng mga tao ang mga kasangkapang ito sa pagpapakasala at pagkakaila sa pananampalataya, na isang kawalang utang ng loob at pagtanggì sa napakahalagang kaloob, ang kaloob na patnubay sa tamang relihiyon. Sinabi si Allah, ang Kataas-taasan:

“Tunay na pinakamasama sa mga gumagalaw na nilalang para kay Allah ay ang mga tumangging sumampalataya sapagkat sila ay hindi sumasampalataya.” (Qur’an, 8:55)



## Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay

Ang buhay ay isang pagsusulit: sasampalataya ka ba at magsasagawa ng matuwid na pamumuhay o hindi. Nagpahayag si Allah, ang Kataas-taasan:



*“na lumikha sa kamatayan at buhay upang subukin Niya kayo kung alin sa inyo ang pinakamagaling sa gawa.”  
(Qur’an, 67:2)*

Ang pagsusulit ay tapos na, pumasa man o bumagsak, sa sandali ng kamatayan. Matatagpuan natin ang mga gantimpala o mga kaparusahan, mga kahihinatnan ng ating mga kapasyahan sa mundong ito, matapos mabuhay. Inilalarawan ni Allah ang gantimpala ng mga mananampalataya sa kabilang-buhay:



*“Ang mga ito ay ukol sa mga sumampalataya sa buhay sa mundo, inilalaan sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay.”(Qur’an, 7:32)*

Ang tunay na pananampalataya ay nagaganap sa buhay sa mundong ito, bago dumating ang kamatayan sa tao.

Kung ang isang tao ay tumangging sumampalataya habang nabubuhay pa, walang maitutulong sa kanila na sumampalataya matapos ang kamatayan. Matapos dumating ang kamatayan sa tao, ang pananampalataya ay walang kabuluhan at hindi gagantimpalaan ng Diyos. Nagsasabi si Allah hinggil sa mga tumangging sumampalataya:



*“Kaya noong nakita nila ang parusa Namin, nagsabi sila: “Sumasampalataya na kami kay Allah lamang at tumatanggi na kaming sumampalataya sa anumang itinatambal namin noon sa Kanya;” ngunit hindi nangyaring pakikinabangan nila ang pananampalataya nila noong nakikita na nila ang parusa Namin. Ito ang kalakaran ni Allah na nagdaan na sa mga lingkod Niya. Nalugi roon ang mga tumatangging sumampalataya.”(Qur’an,40:84-85)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Kapag ang mga tao ay nasa bingit ng kamatayan, napipintong mawala na sa kanila ang lahat ng mga makamundong pag-aari, mga kaugnayan, at mga pinahahalagahan. Napipinto na silang humarap sa pagtutuos sa kanila at bumalik sa kanilang Panginoon at Tagapaglikha. Ang mga nakaalam at naniwala ngunit hindi naman nagpasakop sa katotohanan hinggil sa Diyos at tunay na relihiyon ay magsisisi sa sandaling iyon ngunit ang sandaling iyon ay lubhang huli na. Ang pagsisisi ay tinatanggap hanggang sa huling hininga ng buhay, ngunit hindi pagkatapos nito.

Mimithiin ng mga tao sa Araw ng Paghuhukom na balikan ang buhay sa mundo upang baguhin ang mga pasyang ginawa nila, ngunit hindi sila pagbibigyan at ang pagsisisi nila ay hindi nila pakikinabangan. Hinihimok ni Allah ang mga tao na yakapin ang pananampalataya bago mamatay. Sinasabi Niya:



*“Sabihin mo na sinabi Ko: O mga lingkod Ko na nagmalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah; tunay na si Allah ay nagpapatawad sa lahat ng pagkakasala. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain. Magbalik-loob kayo sa Panginoon ninyo at sumuko kayo sa Kanya bago dumating sa inyo ang pagdurusang, pagkatapos ay hindi na kayo matutulungan.”(Qur’an, 39:53-54)*

Inilarawan pa Niya ang kahahantungan ng tao matapos mamatay, na nabigong pumasok sa pananampalataya. Sinabi Niya:



*“o sasabihin nito kapag nakikita na nito ang pagdurusang: “Kung sakaling mayroon akong pagkataong bumalik sa mundo, ako ay magiging kabilang sa mga gumagawa ng maganda.” Bagkus dumating na sa iyo ang mga kapa-hayagan Ko ngunit nagpasinungaling ka sa mga ito at nagmalaki ka, at ikaw noon ay naging kabilang sa mga tumatangging sumampalataya.”(Qur’an, 39:58-59)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Wala nang mga ikalawang pagkakataon matapos ang kamatayan para sa mga nabalaan at nabigyan ng kaalaman sa buhay na ito.

May natatanging kaso kaugnay sa usaping ito, at iyon ay ang mga taong hindi nakatanggap ng mensahe na nag-aanyaya sa pananampalataya noong panahon ng kanilang buhay. Sila ay hindi itinuturing na mga tumangging sumampalataya dahil hindi naman sila nagkaraoon ng pagkakataong tanggapin o tanggihan ang pananampalataya. Para sa kanila, magaganap ang pagsusulit sa kanila pagkatapos ng kamatayan sa Araw ng Paghuhukom.

Inilarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang apat na gayong kaso. Sinabi niya: “May apat na susubukin sa Araw ng Pagkabuhay: ang bingi na hindi nakaririnig ng anumang, ang baliw, ang matandang ulyanin, at ang taong namatay sa isang panahong nasa pagitan [ng panahon ng mga propeta]...tatanggapin ni Allah ang pangako nilang tatalima sa Kanya at ipag-uutos Niya sa kanila na pumasok sa apoy. Sumpa man sa Kanya na nasa kamay Niya ang kaluluwa ni Muhammad, kung papasukin nila ito, ito ay malamig at ligtas para sa kanila.” (Isinalaysay nina Imam Ahmad at Imam Bayhaqi).

Ito ay nagpapakita ng awa at katarungan ni Allah. Hindi Siya nagpaparusa nang walang babala at pagbibigay ng sapat na pagkakataon na sumampalataya at iligtas ang saril. Nagsasabi si Allah:



*“Hindi Kami magpaparusa hanggang hindi Kami nagpadala ng isang sugo.”(Qur’an, 17:15)*

Tungkol naman sa mga parurusahan ni Allah sa kabilang-buhay, silang lahat ay napagbalaan sa buhay na ito ngunit kusang-loob nilang tinanggihan ang pananampalataya. Nagsasabi si Allah:

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

“Aakayin sa Impiyerno ang mga tumanging sumampalataya nang pangkat-pangkat. Kapag dumating sila roon ay bubuksan ang mga pintuan nito at sasabihin sa kanila ng mga anghel na nakatalaga roon: “Hindi ba kayo pinuntahan ng mga sugong kabilang sa inyo na bumibigkas sa inyo ng mga tanda ng Panginoon ninyo at nagbibigay-babala sa inyo hinggil sa pagtatagpo sa araw ninyong ito?” Sasabihin nila: “Oo ngunit matutupad ang salita ng pagdurusa sa mga tumatangging sumampalataya.”” (Quran, 39:71)

Ang isang katulad na paglalarawan ay nasasaad sa ibang mga talata kung saan sinisipi ni Allah ang sasabihin ng mga mananahan sa Impiyerno:

“Magsasabi sila: “Oo, dumating sa amin ang isang tagapagbabala, ngunit pinasinungalingan namin at sinabi namin: “Hindi nagpababa si Allah ng anuman; kayo ay nasa isang malaking pagkaligaw lamang.”” (Qur’an, 67:9)

Si Allah ay Pinakamaawain, Pinakamakatarungan. Hindi Siya nagpaparusa nang walang babala. Ngunit pagkatapos ng Kanyang babala ay wala nang ikalawang pagkakataon at walang pagdadahilang tatanggapin mula sa mga nagpasyang tumanggi sa pananampalataya.

### Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman

Ginagantimpalaan ni Allah ang dalisay at matuwid na pananampalatayang walang bahid. Nangangako si Allah, ang Kataas-taasan:

“Bagkus ang sinumang magsuko ng mukha niya kay Allah habang siya ay gumagawa ng magaling, magkakaroon siya ng gantimpala niya na nasa Panginoon niya. Wala nang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot.” (Qur’an, 2:112)

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Ang mga mananampalataya sa anumang yugto ng panahon, na sumunod sa propeta ng Diyos na pumunta sa kanila, ay tatanggapin ni Allah, ang Kataas-taasan. Inilalarawan ni Allah ang mga taong sumunod sa mga kasulatan nina Propeta Moises at Propeta Jesus bago dumating si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanilang lahat):



*“Mayroon sa mga May Aklat na kalipunang matuwid, na bumibigkas ng mga kapahayagan ni Allah sa mga bahagi ng gabi habang sila ay nagpapatirapa. Sumasampalataya sila kay Allah at sa Huling Araw, inuutos nila ang nakabubuti at sinasaway nila ang nakasasama, at nakikipag-unahan sila sa mga kabutihan. Ang mga iyon ay ang mga matuwid. Ang anumang gagawin nilang mabuti ay hindi ikakaila ito sa kanila. Si Allah ay Maalam sa mga nangingilag magkasala.” (Qur’an, 3:113-115)*

At sinipi naman ni Allah, ang Kataas-taasan, ang iba pang mga mananampalataya:



*“Panginoon namin, tunay na kami ay duminig sa isang tagapanawagan na nananawagan sa pagsampalataya, na nagsasabi: ‘Sumampalataya kayo sa Panginoon ninyo, kaya sumampalataya kami. Panginoon namin, kaya patawarin Mo kami sa mga pagkakasala namin at pagtakpan Mo kami sa mga masamang nagawa namin at papanawin Mo kami kasama ng mga nagpapakabuti. Panginoon namin, ibigay Mo na sa amin ang ipinangako Mo sa mga sugo Mo at huwag Mo kaming dustain sa Araw ng Pagbangon; tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa pangako.’” (Qur’an, 3:193-194)*

At tumugon naman Siya, ang Kataas-taasan, sa kanila:

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Panana lig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananaampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

“Kaya tinugon sila ng Panginoon nila: “Tunay na Ako ay hindi magsasayang ng gawa ng isang gumagawang kabilang sa inyo, isang lalaki man o isang babae.” (Qur’an, 3:195)

Sa isa namang talata, sinabi ni Allah:

“Hindi mangyayaring si Allah ay magsasayang sa pananampalataya ninyo. Tunay na si Allah ay Mahabagin, Maawain.” (Qur’an, 2:143)

### Ang Pananampalataya ay ang Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa

Tanging ang mga gawang nakasalig sa haligi ng tamang pananampalataya ang katanggap-tanggap sa Diyos, gaya ng ipinahihiwatig sa sumusunod na mga talata ng Qur’an:

“Ang sinumang tumanggi sa pananampalataya, nawalan na ng kabuluhan ang gawa niya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga nalulugi.” (Qur’an, 5:5)

“Talaga ngang isiniwalat sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talagang kung nagtambal ka kay Allah ay talagang mawawalang-kabuluhan ang gawa mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga nalulugi.” (Qur’an, 39:65)

“Ang mga tumangging sumampalataya at humadlang sa Landas ni Allah ay pawawalang-kabuluhan Niya ang mga gawa nila. Ang mga sumampalataya at gumawa ng matutuwid at sumampalataya sa ibinaba kay Muhammad, at ito ay ang katotohanan mula sa Panginoon nila, ay pagtatakpan Niya sila sa masasagwang gawa nila at pabubutihin Niya ang kalagayan nila. Iyan ay dahil sa ang mga tumangging sumampalataya ay sumunod sa kabulaanan at ang mga sumampalataya naman ay sumunod sa katotohanan mula sa Panginoon nila. Ganyan gumagawa si Allah para sa mga tao ng mga paghahambing sa kanila.” (Qur’an, 47:1-3)



*“Ang mga tumangging sumampalataya – kasawian ay sumakanila at sasayangin Niya ang mga gawa nila. Iyan ay dahil sa sila ay nasuklam sa ibinaba ni Allah kaya naman pinawalang-saysay Niya ang mga gawa nila.” (Qur’an, 47:8-9)*



*“Ang paghahalintulad sa mga tumangging sumampalataya sa Panginoon nila ay ang mga gawa nila ay gaya ng mga abo na tumindi dito ang hangin sa isang araw na umuunos; hindi nila makakakayang makagawa ng anumang mulasa natamo nila. Iyan ay ang malayong pagkali-gaw.”(Qur’an, 14:18)*

Ang pinakamainam sa mga gawain ay walang kabuluhan bandang huli kung hindi ginawa ang mga ito nang may pananampalataya, hindi isinagawa nang tapat alang-alang kay Allah ayon sa pamamaraan ng Kanyang ipinahayag na mga katuruan (ibig sabihinang Qur’an atang Sunnah niPropeta Muhammad, ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Ang pananampalatayang walang gawa ay kasalanan; ngunit ang gawang walang pananampalataya ay pagsasayang ng oras at pagod. Ang isang tao ay maaaring gumawa ng maraming mabuting gawa at pagkatapos ay wasakin ang lahat ng ito sa pamamagitan ng paggawa ng isang kasalanan na higit na mabigat kaysa sa lahat ng ipinagsamang mga mabuting gawa niya, ibig sabihin ay ang kasalanan ng pagtanggap sumampalataya kay Allah o ang kasalanan ng paniniwala sa anumang kaagaw ni Allah.

## Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Bahagi ng kalikasan ng pananampalatayang nasa puso na kumakalat ito sa ibang mga gawain ng puso, at ito ay pag-ibig at kapatiran o kabaliktaran nito. Ang pananampalatayang pang-Islamay lumilikha ng pag-iibigansa mga Muslim. Mapapansin ng mga taong may pananampalatayana ang mga taong masidhing sumasalungat sa pananampalataya ay nakadarama ng ilang antas ng pagkapoot sa kanila, at maaari pang gumawa bunsod ng kanilang pagkamuhi ng paniniil at kawalang katarungan.

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naliiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Ang mga taong may pananampalatayang pang-Islam ay nagbabahagian ng isang natatanging kapatiran at pag-ibig sa isa't isa, sa pamamagitan ng pag-ibig nila kay Allah. Inilarawan ni Allah ang kapatiran ng mga Muslim, na nagsasabi:



*“Ang mga mananampalataya lamang ang magkakapatid”(Qur’an, 49:10)*



*“Ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babang mananampalataya ay mga katangkilik ng isa’t isa.” (Qur’an, 9:71)*

Ang kapatiran ng mga mananampalataya ay kapwa isang likas na resulta ng magkatulad na pananampalataya at isang kauutusan mula kay Allah. Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nag-uutos sa mga mananampalataya na magkaisa alang-alang sa Kanya. Sinabi Niya:



*“Kumapit kayo sa lubid ni Allah nang sama-sama at huwag kayong magkahati-hati. Alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo: yayamang kayo noon ay magkakaaway at ipinagbuklod Niya ang mga puso ninyo kaya kayo dahil sa biyaya Niya ay naging magkakapatid,” (Qur’an, 3:103)*

Ang kapatiran ng pananampalatayang Islam ay may maraming kinahihinatnan, gaya ng pagtutulongan at pagdadamayan. Isinalarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang kapatiran ng pananampalatayang Islam sa paghahalintulad sa mga tising nasa isang matibay na pader. Sinabi niya: “Ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya ay gaya ng tisa: pinatatatag nila ang isa’t isa.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim). Dagdag pa rito, inilarawan niya ang mga damdamin ng kapatiran bilang bahagi ng pananampalataya mismo. Sinabi niya: “Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo malibang iibigin niya para sa kapatid niya ang iibigin niya para sa sarili niya.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim).



## ARALIN 1

*Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?*

- *Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman*
- *Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan*
- *Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa*
- *Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita*
- *Ang Pananampalataya ay Pansarili*
- *Ang Pananampalataya ay Naluluma*
- *Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos*
- *Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay*
- *Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman*
- *Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa*
- *Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa*

Mula sa kapatiran ng pananampalatayang Islam ay namumutawi ang maraming kaasalan, batas, at prinsipyo ng pakikipag-ugnayan sa isa't isa sa Islam. Ang ilan sa maraming tuntuning ito ay nabanggit ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) sa kanyang tanyag na talumpati sa hajj kung saan sinabi niya: "Kaingat kayo sa paghihinala sapagkat tunay na ang paghihinala ay ang pinakasinungaling na pagpapahayag. Huwag kayong mag-usi-usisa, huwag kayong maniktik, huwag kayong magtagisan, at huwag kayong magtalikuran. Maging mga lingkod kayo ni Allah bilang magkakapatid gaya ng ipinag-utos sa inyo. Ang Muslim ay kapatid ng Muslim. Hindi niya pinagtataksilan ito, hindi niya pinasisinungalingan ito, at hindi niya tinatalikdan ang pagtulong dito. Ang lahat ng nasa Muslim para sa kapwa Muslim ay bawal lapastanganin: ang karangalan niya, ang pag-aari niya, at ang buhay niya. Ang pangigingilag sa pagkakasala ay narito [sa puso]. Sapat na sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kapatid niyang Muslim." (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim).

Mula sa kapatiran ng pananampalatayang Islam ay namumutawi ang maraming kaasalan, batas, at prinsipyo ng pakikipag-ugnayan sa isa't isa sa Islam. Ang ilan sa maraming tuntuning ito ay nabanggit ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) sa kanyang tanyag na talumpati sa hajj kung saan sinabi niya: "Kaingat kayo sa paghihinala sapagkat tunay na ang paghihinala ay ang pinakasinungaling na pagpapahayag. Huwag kayong mag-usi-usisa, huwag kayong maniktik, huwag kayong magtagisan, at huwag kayong magtalikuran. Maging mga lingkod kayo ni Allah bilang magkakapatid gaya ng ipinag-utos sa inyo. Ang Muslim ay kapatid ng Muslim. Hindi niya pinagtataksilan ito, hindi niya pinasisinungalingan ito, at hindi niya tinatalikdan ang pagtulong dito. Ang lahat ng nasa Muslim para sa kapwa Muslim ay bawal lapastanganin: ang karangalan niya, ang pag-aari niya, at ang buhay niya. Ang pangigingilag sa pagkakasala ay narito [sa puso]. Sapat na sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kapatid niyang Muslim." (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim).

Samantalang ang pananampalataya ay nagbubuklod sa mga mananampalataya sa isang natatanging bigkis ng kapatiran, ihinihiwalay rin naman nito ang mga tagasunod ng pananampalatayamula sa mga sumasalungat nang marahas dito. Bumanggit si Allah ng isang makasaysayang halimbawa kung saan may isang bansang nagnais na lipulin ang mga Muslim sa kanila sa pamamagitan ng sama-samang pagsunog sa kanila sa isang hukay ng apoy. Isinalaysay ni Allah ang kasaysayan nila sa Qur'an, na nagsasabi:



*“Wala silang ipinaghihinakit sa mga ito maliban sa sumasampalataya ang mga ito kay Allah, ang Makapangyarihan, ang Kapuri-puri,”(Qur’an, 85:8)*

Kapag ang isang pangkat o bansa ay nang-uusig ng mga Muslim dahil sa kanilang pananampalataya, magiging tungkulin ng lahat ng Muslim na layuan ang mga nang-aapi sa paniniil ng mga ito at magpigil sa pagtulong sa mga ito sa kampanya nila laban sa mga mananampalataya, kahit pa man ang mga maniniil ng mga ito ay mga kadugong kamag-anak. Nagsasabi siAllah, ang Kataas-taasan:



*“O mga sumampalataya, huwag ninyong gawin ang mga kaaway Ko at ang mga kaaway ninyo na mga katangkil na pag-uukulan ninyo sila ng pagmamahal gayong tumanggi na silang sumampalataya sa dumating sa inyo na katotohanan. Pinalilisan nila ang Sugo at kayo dahil sumampalataya kayo kay Allah, ang Panginoon ninyo.” (Qur’an, 60:1)*



*“Hindi ka makatatagpo ng mga taong sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw na nagmamahal sa sinumang sumalansang kay Allah at sa Sugo Niya, kahit pa man ang mga ito ay mga magulang nila o mga anak nila o mga kapatid nila o angkan nila. Ang mga iyon ay sinulatanNiya sa mga puso nila ng pananampalataya at inalalayan Niya sila sa pamamagitan ng isang espiritu mula sa Kanya. Papapasukin Niya sila sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog habang mga nananatili sa mga ito. Nalugod si Allah sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Ang mga iyon ay ang kapisanan ni Allah. Talagang tunay na ang kapisanan ni Allah ay ang mga matagumpay.” (Qur’an, 58:22)*

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatangap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

## ARALIN 1

Ano ang Kalikasan ng Pananampalataya?

- Ang Pananampalataya ay Naiiba sa Kaalaman
- Ang Pananampalataya ay Pananalig na Walang Pag-aalinlangan
- Ang Pananampalataya ay Kalakip ng Gawa
- Ang Pananampalataya ay Hindi Nakasalalay sa Pagkakita
- Ang Pananampalataya ay Pansarili
- Ang Pananampalataya ay Naluluma
- Ang Pananampalataya ay Mula sa Diyos
- Ang Pananampalataya ay Tinatanggap Bago Mamatay
- Ang Pananampalataya ay Hindi Masasayang Kailanman
- Ang Pananampalataya ay Batayan ng Pagkatanggap ng Mabubuting Gawa
- Ang Pananampalataya ay Lumilikha ng mga Ugnayan at mga Pagtatwa

Nararapat na linawin dito na si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagbabawal sa pang-aapi sa mga Muslim o mga Di-Muslim. Dagdag pa rito, hinihimok ni Allah, ang Kataas-taasan, sa mga mananampalataya na maging mabait at makatarungan sa mga di-mananampalataya. Sinasabi ni Allah:



*“Hindi kayo sinasaway ni Allah hinggil sa mga hindi kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon at hindi nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na makipagmabutihan kayo sa kanila at makitungo kayo nang makatarungan sa kanila. Tunay na si Allah ay umiibig sa mga nakikitungo nang makatarungan. Sinasaway kayo ni Allah hinggil lamang sa mga kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon, nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, at tumulong sa pagpapalisan sa inyo, na tangkilikin ninyo sila. Ang sinumang tumangkilik sa kanila, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan.” (Qur’an, 60:8-9)*

“Hindi kayo sinasaway ni Allah hinggil sa mga hindi kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon at hindi nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na makipagmabutihan kayo sa kanila at makitungo kayo nang makatarungan sa kanila. Tunay na si Allah ay umiibig sa mga nakikitungo nang makatarungan. Sinasaway kayo ni Allah hinggil lamang sa mga kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon, nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, at tumulong sa pagpapalisan sa inyo, na tangkilikin ninyo sila. Ang sinumang tumangkilik sa kanila, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan.” (Qur’an, 60:8-9)



*“Marahil si Allah ay maglalagay sa pagitan ninyo at ng mga nakaaway ninyo mula sa kanila ng pagmamahalan. Si Allah ay Maykakakayahan. Si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.” (Qur’an, 60:7)*

# ARALIN

# 2

Ano ang Tamang Paniniwala?

---

## Mga Layunin

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Mapahalagahan ang pinaghahanguan ng kaalaman tungkol sa tamang paniniwala;
  - Itala ang Anim na Saligan ng Pananampalataya sa Islam.
-

*Ano ang Tamang Paniniwala?*

*- Ang mga Pinaghanguan ng  
Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa  
Islam*

*- Ang Anim na Saligan ng Panan-  
ampalataya—Batay sa Qur'an at  
Sunnah*

## **Ano ang Tamang Paniniwala?**

Maraming iba't ibang sistema ng paniniwala sa mundo ngayon. Kapag pinag-usapan natin ang tamang pananampalataya, tinutukoy natin ang paniniwala kay Allah at sa Kanyang mga sugo at kung ano ang itinataguyod ng mga sugo Niya. Ang tanong ay: Ano ang sinabi ng mga sugo sa sangkatauhan na paniwalaan?


Halimbawa, ano ang dapat nating paniwalaan na nangyayari sa kaluluwa pagkatapos ng kamatayan? Mayroon bang Paraiso at Impiyerno? Ang mga iyon ba ay patalinghaga o literal na mga pook? Ang mga kaluluwa ba ng mga patay ay gumagala-gala sa mundo? Naipagkakaloob ba nila ang mga hiling ng mga nabubuhay?

Lalong higit na mahalaga, ngayong naniniwala na ako higit sa anuman sa isang Tagapaglikhang Makapangyarihan sa lahat, lisang Diyos, at isinuko ko na ang sarili ko sa mga kautusan Niya, ninanais kong makilala nang lubusan ang Panginoon ko. Ano ang mga katangian Niya? Ano ang kalikasan ng Kanyang kaugnayan sa nilikha, sa akin?

Ang mga katanungang ito ay napaloloob sa larangan ng mga pag-aaral ng paniniwala sa mga agham pang-Islam. Bagamat hindi natin maaaring masaliksik nang malaliman ang lahat ng gayong kasalimuutan sa limitadong saklaw at layon ng tekstong ito, mahalagang kahit papaano ay paksain ang mga pangunahing paniniwalang nararapat malaman ng bawat Muslim at talakayin ang pamamaraan ng pagtatatag ng isang tumpak na napatnubayang pagkaunawa ng mga paniniwalang pang-Islam.

## **Ang mga Pinaghanguan ng mga Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa Islam**

Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagpahayag ng tamang paniniwalasa patnubay na ipinadala Niya sa mga sugo Niya.



## ARALIN 2

*Ano ang Tamang Paniniwala?*

*- Ang mga Pinaghanguan ng  
Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa  
Islam*

*- Ang Anim na Saligan ng Panan-  
ampalataya—Batay sa Qur'an at  
Sunnah*

Ang bawat sugo ng Diyos ay nangaral ng magkakatulad na mga paniniwala. Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagpadala ng iba't ibang mga sugo na naghatid ng medyo magkakaibang mga batas at mga pamamaraan ng pagsamba, ngunit ang lahat ng mga sugo ay nag-anyaya tungo sa magkatulad na pangunahing mga pamantayan ng kaasalan at mga tuntunin ng pananampalataya.

Ang mga propeta ng Diyos ay nakatanggap ng makalangit na kapahayagan, na sa pamamagitan nito ay naipabatid sa kanila ang mga bagay-bagay na hindi tuwirang maaaring mapagmasdan, gaya ng kung ano ang nangyayari matapos ang kamatayan. Pinili sila ng Diyos upang iparating ang Kanyang mensahe sa mga taong pinagpadalhan sa kanila. Nagpadala Siya ng isang panghuli at pangwakas na sugo upang ihatid ang Kanyang panghuli at pangwakas na mensahe sa buong sangkatauhan kapag wala na ito.

Ang bawat sugo ay binigyan ng mga patunay, na nasa anyong mga himala at iba pang mga tanda, upang mapaniwalaan ng mga tao ang pagkapropeta nila, at ng mga patotoo upang mapaniwalaan ng mga tao ang katotohanang ipinaaanyaya nila. Bilang huling mensahe, nasa atin ang Marangal na Qur'an na nagpaparating ng mensahe, naglalahad ng mga patotoo upang mapaniwalaan ng mga kaisipan, at ito ay isang himala mismo at isang himala nito. Karagdagan pa, tinataglay natin ang Sunnah ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) upang ipaliwanag ang Qur'an. Ang dalawang kasulatang ito ay napangalagaan, at ang mga ito ay mga sanggunian natin sa kung ano ang nararapat nating paniwalaan at nararapat nating tanggihan.

Ang anumang matagpuan natin sa Qur'an ay pinaniniwalaan natin dahil ito ang hindi nasirang katotohanan at ang dalisay na salita ng Diyos. Sinabi ni Allah:



*"Iyan ay dahil sa si Allah ay nagpababa ng Aklat kalakip ang katotohanan. Tunay na ang mga nagkaiba-iba hinggil sa Aklat ay talagang nasa isang hidwaang malayo."  
(Qur'an, 2:176)*



*"ang mga nakaugat sa kaalaman ay nagsasabi: "Sumasampalataya kami rito; lahat ay mula sa nasa Panginoon namin." Walang napaaalalahanan kundi ang mga may pag-iisip." (Qur'an, 3:7)*

## ARALIN 2

Ano ang Tamang Paniniwala?

- Ang mga Pinaghanguan ng Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa Islam

- Ang Anim na Saligan ng Pananampalataya—Batay sa Qur'an at Sunnah

Gayundin, ang anumang matagpuan natin na mapananaligan at tunay na naisalaysay mula sa mga salita ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)—ibig sabihin ay ang “Sunnah”—ay tinatanggap natin na totoo at tumpak. Kung wala ang dalawang di-maipaghihiwalay na pinaghanguan ng patnubay, hindi natin malalaman ang mga bagay-bagay hinggil sa tamang paniniwala at mabibigo tayong matupad ang mga tungkuling iniaatang sa atin bilang mga nilikha ng Diyos at mga tagasamba Niya.

### Ang Anim na Saligan ng Pananampalataya—Batay sa Qur'an at Sunnah

Natututunan natin ang tamang paniniwala mula sa Aklat ng Diyos at sa mga pahayag ng Kanyang marangal na Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Itinuturo ng mga ito ang tamang paniniwala ayon sa mga malinaw na pananalita.

Ang pananampalataya sa Islam ay mabubuod sa paniniwala kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, sa Araw ng Paghuhukom, at sa Tadhana. Ang anim na ito ay bumubuo sa mga pangunahing katuruan ng pananampalatayang pang-Islam gaya na ibinubuod sa maraming talata ng Qur'an at sa ilang pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Ang lahat ng pinaniniwalaan ng isang Muslim ay hinango mula sa mga tuntuning ito.

Ang anim na saligan ng pananampalataya ay itinuturo sa ilang talata ng Qur'an. Nagsasabi si Allah, ang Kataas-taasan:



*“datapuwat ang pagpapakabuti ay nasa sinumang sumampalataya kay Allah, sa Huling Araw, sa mga anghel, sa mga aklat, at sa mga propeta” (Qur'an, 2:177)*



*“Sumampalataya ang Sugo sa anumang ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at gayon din ang mga mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya.” (Qur'an, 2:285)*

## ARALIN 2

Ano ang Tamang Paniniwala?

- Ang mga Pinaghanguan ng Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa Islam

- Ang Anim na Saligan ng Pananampalataya—Batay sa Qur'an at Sunnah

“O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allah, sa Sugo Niya, sa Aklat na pinagbababa Niya sa Sugo Niya at sa kasulatan na ibinaba Niya noong una. Ang sinumang tumangging sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya at sa Huling Araw ay ngang naligaw nang malayong pagkaligaw.” (Qur'an, 4:136)

Si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagpakahulugan sa pananampalataya. Sinabi niya: “Ang pananampalataya ay ang maniwala ka kay Allah, sa mga anghel Niya, samga aklat Niya, samga sugo Niya, at sa Huling Araw, at maniwala sa Tadhana, ang mabuti rito at ang masama rito,” (Isinalaysay ni Imam Muslim).

Hinggil sa mga bagay-bagay na nakalingid kaugnay sa mga saligan ng pananampalataya, bilang mga Muslim tayo ay naniniwala sa kabuuan sa kairalan ng mga ito at naniniwala din at kumikilala sa anumang mga partikular na detalye na ipinahayag sa atin sa pamamagitan ng Aklat ni Allah o sa pamamagitan ng mapananaligan at tunay na mga sanaysay ng mga salita ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya).

Tungkol naman sa mga detalye na hindi ipinahayag o hindi natin nalalaman, umiiwas tayo sa pala-palagay na pagpapakahulugan at haka-haka. Nag-uutos si Allah sa sangkatauhan:

“Huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin.” (Quran, 17:36)

“Huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin.” (Quran, 17:36)

Sa isang talata, ipinagbabawal din Niya ang pagsasalita nang walang kaalaman:





*“Sabihin mo: “Ipinagbawal lamang ng Panginoon ko ang mahahalay: ang anumang nalantad sa mga ito at ang anumang nakubli, ang kasalanan, ang paglabag nang wala sa katuwiran, ang tambalan ninyo si Allah ng anumang hindi naman Siya nagpababa roon ng patunay, at ang magsabi kayo hinggil kay Allah ng anumang hindi ninyo nalalaman.”” (Qur’an, 7:33)*

## ARALIN 2

*Ano ang Tamang Paniniwala?*

*- Ang mga Pinaghanguan ng Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa Islam*

*- Ang Anim na Saligan ng Pananampalataya—Batay sa Qur’an at Sunnah*

Sa paglalarawan sa Demonyo, nagsasabi si Allah:



*“Ipinag-uutos Niya lamang sa inyo angkasamaan at ang kahalayan, at na magsabi kayo tungkol Allah ng hindi ninyo nalalaman.”(Qur’an, 2:169)*

Ang pagsasalita tungkol kay Allah nang walang kaalaman ay ipinagbabawal, yamang maaaring makapagsabi ng isang kakila-kilabot na bagay at kabulaanan nang hindi ito namamalayan. Ang kaalamang batay sa kapahayagan ng Diyos ay ang tanging mapananaligang paghahanguan ng impormasyon tungkol sa “nakalingid”. Nararapat na umiwas tayong umasa sa panghuhula tungkol sa gayon kahalagang mga usapin sa pananampalataya.

Halimbawa, naniniwala tayo kay Allah, na kumikilala sa Kanyang kairalan sa kabuuan. Dagdag pa roon, kinikilala natin na Siya, ang Kataas-taasan, ay Walang-hanggan, Makapangyarihan sa lahat, Maalam sa lahat, Nakaririnig sa lahat, at ang iba pang mga detalye na nasasaad sa Qur’an at sa tunay na mga sanaysay hinggil kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Tungkol naman sa hindi ipinahayag, o hindi matalos ng kaalaman natin, gaya ng usapin kung papaanong si Allah, ang Kataas-taasan, ay nakakikita o nakaririnig, hindi tayo magkokomento sa gayong mga usaping mahirap maipaliwanag at inilalaan natin ang paniniwala natin para sa anumang kinilala Niya tungkol sa Kanyang sarili na nasaad sa Kanyang kapahayagan. Tinatanggap natin na Siya ay nakakikita at nakaririnig dahil iyan ay ipinahayag, gaya ng nabanggit sa maraming talata ng Marangal na Qur’an. Kung papaanong nakakikita o nakaririnig si Allah ay hindi ipinahayag sa atin at lampas sa ating pagkaunawa, kaya hindi tayo nagsasalita tungkol sa bagay na iyan bukod pa sa pagsasabi na “si Allah ay higit na nakaaalam.”

## ARALIN 2

*Ano ang Tamang Paniniwala?*

*- Ang mga Pinaghanguan ng  
Kaalaman sa Pinaniniwalaan sa  
Islam*

*- Ang Anim na Saligan ng Pananampalataya—Batay sa Qur'an at Sunnah*

Tungkol naman sa anumang mga detalyadong paglalarawan ng mga bagay-bagay kaugnay sa nakalingid na umiiral sa pag-uusap-usap sa ibang mga pananampalataya, ibang mga kasulatan, mga opinyon ng mga tao o mga kultura—tinatanggihan natin ang mga konseptong iyon kung sumasalungat ang mga iyon sa kung ano ang nalalaman natin mula sa mga pinaghahanguan ng katuruan ng Islam, at nananahimik naman tayo kung nananahimik din ang mga pinaghahanguan ng katuruan ng Islam hinggil doon, nang hindi tinatanggap iyon ni ikinakaila.

Ang Qur'an at ang Sunnah ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay naglalaman ng maraming particular na paglalahad sa katangian ni Allah, ang Kataas-taasan, ng mga anghel Niya, ng mga aklat Niya, ng mga sugo Niya, at ng Kabilang-buhay. Hindi posibleng tipunin ang lahat ng gayong impormasyon sa saklaw ng tekstong ito. Gayon pa man, magbibigay tayo ng dagling-tanaw at ng ilang maikling detalye hinggil sa bawat isa sa mga saligan ng pananampalataya.

Sa pagmamasid sa mga kultura sa buong mundo at pagsusuri sa mga paninindigan ng ibang mga pangkat ng pananampalataya, makakikita ng maraming kaugaliang batay sa maling opinyon at mga mali-maling paniniwala tungkol kay Allah, sa mga anghel Niya, mga aklat Niya, mga sugo Niya, sa Kabilang-buhay, at sa Pagtatakda. Tatalakay tayo ng ilang piling paksa na napakahalaga para sa ating makabagong panahon.

# ARALIN

# 3

## Saligan 1—Paniniwala kayAllah, ang Kataas-taasan

---

### Mga Layunin

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Malaman ang mga pangunahing pinaniniwalaan sa Islam hinggil sa Makapangyarihang Diyos;
  - Maunawaan ang pangunahing mga paninindigan ng Monoteismong Pang-Islam;
  - Matalakay ang ilan sa mga pangalan at mga katangian ni Allah.
-

## Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasa<sup>1</sup>

Napaloloob sa paniniwala sa Diyos ang paniniwala na Siya ang iisang tunay na Diyos, ang Nag-iisang karapat-dapat sa pagsamba at wala nang mga iba pa; na Siya ang tagapaglikha at tagapagtaguyod ng lahat ng may buhay, na tumutustos sa kanila at nakaaalam sa mga inililihim nila at mga inihahayag nila; na Siya ay makapaggagantimpala sa masunurin sa kanila at makapagpaparusa sa masuwayin.

Ang pananampalatayang pang-Islam sa Diyos ay nagdudulot ng ilang kahihinatnan, kabilang ang sumusunod: 1. Ang pagsamba sa Diyos lamang; 2. Ang paniniwala sa Kanyang patnubay; 3. Ang pagkilala sa mga katangian ng Diyos na nasasaad sa Kanyang kapahayagan.

### Ang Pagsamba sa Diyos Lamang

Ang paniniwala sa Diyos at sa Kanyang Kaisahan ay nagpapahiwatig ng pagsamba sa Kanya at sa Kanya lamang. Tiyakang alang-alang sa pagsambang ito nilikha tayo ni Allah. Sinasabi ni Allah:



*“Hindi Ko nilikha ang jinn<sup>2</sup> at ang tao kundi upang sambahin nila Ako. Hindi Ako naghahangad mula sa kanila ng anumang panustos at hindi Ako naghahangad na pakainin nila Ako. Tunay na si Allah ay ang Palatustos, ang may matibay na lakas.” (Quran, 51:56-58)*



*“O mga tao, sambahin ninyo ang Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa mga mula sa nauna sa inyo nang sa gayon kayo ay mangilag magkasala, na gumawa para sa inyo ng lupa bilang higaan at ng langit bilang silong at nagbaba mula sa langit ng tubig kaya nagpaluwal Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa para kay Allah ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam.” (Qur’an, 2:21-22)*

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

<sup>1</sup> Ang ilang bahagi ng pagtatalakay sa anim na saligan ng pananampalataya ay bahagyang binago mu4la sa isang panayam na ibinigay ng pinagpipitagang pantas ng Islam, si Shaykh Abdul-Aziz ibn Abdullah ibnu Baz, kaawaan nawa ni Allah ang kanyang kaluluwa at pagkalooban siya ng tuluy-tuloy na gantimpala dahil sa pangmatagalang ambag niya sa kaalamang pang-Islam.

<sup>2</sup> Ang jinn ay isang nilikha ni Allah na nagtataglay ng malayang pagpapasya gaya ng tao. Kung ang mga tao ay nilikha mula sa putik, ang mga jinn naman ay nilikha mula sa apoy at kaya naman ang kalikasan nila ay naiiba sa kalikasan ng mga tao sa maraming paraan. Ang mga jinn ay maaaring lalaki o babae, Muslim o di-Muslim.



## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Si Allah ay nagpadala ng mga sugo at nagpahayag ng mga aklat para linawin ang katotohanan ng Kanyang Kaisahan at ang pagsambang ukol sa Kanya. Ang mga propeta at mga sugo ay ipinadala ni Allah alang-alang sa pagsasakutuparan nito, pagpapalaganap nito, at upang pangaralan ang sangkatauhan na iwaksi ang anumang sumasalungat dito. Sinasabini Allah:

“*kalipunan ng isang sugo, na nagsasabi: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan.” (Qur’an, 21:25)*

“*Ito ay isang Aklat na nilubos ang mga talata nito, pagkatapos ay masusing nilinaw mula sa panig ng isang Marunong, isang Nakababatid, upang wala kayong sambahin kundi si Allah. Tunay na ako para sa inyo mula sa Kanya ay isang tagapagbabala at isang tagapagbalita ng nakagagalak.” (Qur’an, 11:1-2)*

Sa lahat ng gawaing isinasagawa nating mga tao, ang pagsamba ay inilalaan lamang kay Allah. Napaloloob sa pagsamba ang mga gawain ng pagpipitagan gaya ng panalangin, pangamba, pag-asa, pagdarasal, pag-aayuno, pagkatay ng hayop, at panunumpa. Ang lahat ng ito at iba pa ay nararapat na nauudyukan ng pagpapasakop sa Kanya dala ng pangingilag, ganap na pag-ibig sa Kanya at pagpapakumbaba sa harap ng Kanyang kadakilaan.

Ang nakararaming bahagi ng Qur’an ay ipinahayag para sa dakilang layuning ito: patnubayan ang tao sa pagsamba sa Isang Diyos. Sinasabi ni Allah:

“*kaya sambahin mo si Allah bilang isang nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima. Kaingat, ukol kay Allah ang wagas na pagtalima.” (Qur’an, 39:2-3)*

“*Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya” (Qur’an, 17:23)*



*“Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya” (Qur’an, 17:23)*



*“Kaya dumalangin kayo kay Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.” (Qur’an, 40:14)*

Ang kahulugan ng mga talatang ito ay inuulit sa ilang bahagi ng Qur’an at binabanggit-banggit at ipinaliliwanag ng mga pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Ang Sugo ni Allah (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: “Ang karapatan ni Allah sa mga lingkod Niya ay ang sumamba sila sa Kanya at hindi sila magtambal sa Kanya ng anuman.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim)

Ang pagsamba sa Diyos lamang at ang pagtatwa sa mga diyos-diyusan ay isang mabigat na usapin sa paniniwalang pang-Islam at bagay na mahalagang siyasatin nang masinsinan dahil sumasalamin ito sa pinakabuod ng ating pananampalataya sa Diyos at nagtatatag sa ating ugnayan sa Kanya bilang mga tapat na mananamba Niya. Ang isang higit na masusing pagtatalakay sa kaisahan ng Diyos at kung papaanong pararangalan ito sa pagsamba sa Kanya lamang ay matatagpuan sa huling kabanata ng aklat na ito, “Ang Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya.”

## Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos

Bahagi ng dakilang awa ng Diyos na hindi Niya hinayaan ang tao na natisud-tisod nang walang patnubay, walang nilalayon. Sinasabi ni Allah:



*“Tunay na sa pagkalikha ng mga langit at lupa at pagsasalitan ng gabi at araw ay talagang may mga tanda para sa may pag-iisip, na mga umaalaala kay Allah habang nakatayo o nakaupo o nakahiga sa mga tagiliran nila at nag-iisip-isip sa pagkalikha sa mga langit at lupa. Sinasabi nila: “Panginoon namin, hindi Mo nilikha ito nang walang saysay; kaluwalhatian sa Iyo” (Qur’an, 3:190-191)*

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ngDiyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ngDiyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Ang paniniwala kay Allah ay nagpapahiwatig ng paniniwala sa Kanyang patnubay, ang patnubay ng Islam. Napabibilang dito yaong mga bagay na isinatungkulin niAllah, ang Kataas-taasan, sa mga lingkod Niya, tulad ng limang saligan ng Islam<sup>3</sup> gayundin ang mga tungkuling isinasaad sa batas ng Islam.

Ang pinakamahalaga at ang pinakadakila sa limang saligan ng Islam ay ang sumaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin kundi si Allah at si Muhammad ay Kanyang sugo. Ang pagsaksi na walang tunay na Diyos kundi si Allah ay likas na nagpapahiwatig ng paglalaan ng pagsamba kay Allah lamang at pagpipigil sa pagsamba sa lahat ng iba pa. Ito ang kahulugan ng Lā ilāha illa Allāh (Walang Diyos kundi si Allah). Nangangahulugan ito na walang anuman ang may karapatang sambahin maliban kay Allah. Samakatuwid, ang anumang sinasambang iba pa kay Allah—maging ito man ay tao, anghel, demonyo, bato o anupaman—ay sinasamba nang walang kabuluhan. Sinasabi ni Allah:



*“Iyon ay dahil si Allah ay ang Katotohanan, at na ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang kabulaanan” (Qur’an, 22:62)*

Nilikha ni Allah ang sangkatauhan alang-alang sa pangunahing dahilang ito at ipinag-utos Niya ito sa kanila. Ipinadala Niya ang mga sugo at ang mga aklat upang mapagmuni-munian ito at mapagbulay-bulayan nang maigi ng sangkatauhan upang hindi masadlak sa kamangmangan ng pag-uukol ng bahagi ng pagsamba sa iba maliban kay Allah.

### Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos

Ang paniniwala sa Diyos ay nagbubunsod sa paniniwalang Siya ang Tagapaglikha at ang Tagapamahala ng Kanyang nilikha. Siya ang Tagapangasiwa at ang Tagapagtakda. Ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya at sa Kanya ang paghahari sa mundo at sa kabilang-buhay. Siya ang Panginoon ng mga nilalang. Siya ay nagtutustos at Tagapagmasid sa nilikha Niya. Walang tagapalikha bukod pa sa Kanya at walang panginoon bukod pa sa Kanya. Sinasabi ni Allah:

<sup>3</sup> Ang limang saligan ng Islam ay: 1. sumaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, 2. panatilihin ang pagdarasal, 3. magbigay ng zakah 4. mag-ayuno sa Ramadan, at 5. magsagawa ng hajj para sa sinumang makakayang makarating.

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ngDiyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ngDiyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon



*“Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allah na lumikha sa mga langit at lupa sa loob ng anim na araw. Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Ipinambabalot Niya ang gabi sa maghapon na humahabol naman dito nang maliksi. Nilikha Niyaang araw, ang buwan at ang mga bituin, na mga sunud-sunuran sa utos Niya. Pakatandaan, ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.” (Qur’an, 7:54)*

Ang paniniwala sa Diyos ay kumikilala sa paniniwala sa lahat ng “paglalarawan” sa Diyos na nasasaad sa Qur’an at sa mga katuruan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Naniniwala tayo sa mga ito nang walang pagtatangi. Sa mga pagtatalakay sa paniniwalang pang-Islam, ang mga “paglalarawan” sa Diyos na nasasaad sa Qur’an at mga pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay tinataguriang Kanyang “mga pangalan at mga katangian.”

Ang Diyos ay mayroong maraming pangalan, kabilang na ang salitang Diyos o Allah. Bumanggit si Allah ng ilan sa mga pangalan Niya, na nagsasabi:



*“Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Nakaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan. Siya ay ang Napakamaawain, ang Maawain. Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Hari, ang Banal, ang Sakdal,<sup>5</sup> ang Tagapagpatiwasa,<sup>6</sup> ang Tagapagbantay, ang Makapangyarihan, ang Palasupil, ang Nakapagmamalaki. Napakamaluwalhati ni Allah kaysa sa mga itinatambal nila. Siya ay si Allah, ang Tagapaglikha, ang Maykapal, ang Tagapag-anyo.”(Qur’an, 59:22-23)*

Pagkatapos ay winakasan Niya—ang Kataas-taasan:

<sup>4</sup> Ang salitang “pangalan” dito ay tumutukoy sa anumang salitang ipinantatawag at hindi lamang sa pangalang pantangi. Ang Tagapagsalin.

<sup>5</sup> ang walang kapintasan o kaku-langan.

<sup>6</sup> o ang Tagapagpasampalataya.





*“Taglay Niya ang mga pangalan na pinakamaganda. Nagluluwalhati sa Kanya ang anumang nasa mga Langit at Lupa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Marunong.”  
(Qur’an, 59:24)*

Malinaw na ang maraming pangalan ni Allah ay magaganda at ang mga ito ay nagtuturo sa atin ng tungkol sa Kanyang pagiging ganap, Kanyang awa sa nilikha, at iba pang mga paglalarawan sa Kanya.

Si Allah ay mayroon ding maraming katangian. Ang ipinagkaiiba ng isang pangalan sa isang katangian ay nagiging malinaw sa pamamagitan ng mga halimbawa.

Halimbawa, ang isa sa mga maluwalhating pangalan ng Diyos ay Ar-Rahmān (Ang Napa-kamaawain) na madalas isalin sa Ingles na The Beneficent o maaari ring mangahulugang The All-Merciful, ibig sabihin ay ang Isang nagtataglay ng awa na sumasaklaw sa lahat ng nilikha. Sa usaping pangwika, ito ay nagsisimula sa isang katagang pantukoy (definite article) at isang pang-uri (adjective). Ang pangalang ito ay lumilitaw nang paulit-ulit sa buong Qur’an at napa-bibilang sa unang talata:



*“Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain”  
(Qur’an, 1:1)*

Ang isang halimbawa ng isang katangian, sa kabilang dako, na si Allah, ang Kataas-taasan, ay mayroong mukha, gaya ng nabanggit sa sumusunod na talata:



*“at mananatili ang Mukha ng Panginoon mo, ang pinag-uukalan ng pagpipitagan at pagpaparangal”  
(Qur’an, 55:27)*

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang  
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos

- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos

- Ang Pangalang “Allah”

- Ang Kaisahan

- Ang Awa

- Ang Pag-ibig

- Ang Pagpapatawad

- Ang Paglikha

- Ang Pamumukod-tangi

- Ang Pagkamalapit

- Ang Pagkapanginoon

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Bagamat walang sinuman ang nakakita na sa mukha ng Diyos, ang makita ang mukha ng Diyos ay kabilang sa mga gantimpalang ibibigay sa mga manananampalataya doon sa Paraiso. Sinasabi ng Diyos:



*“Paiiwasin naman doon ang pinakanangingilag magkasala na nagbibigay ng mula sa yaman niya dahil nagpapakadalisy sa kasalanan, hindi alang-alang sa isa na sa kanya ay may isang kabutihang-loob na gagantihan, kundi sa paghahangad ng ikasisiya ng Mukha ng Panginoon niya, ang Pinakamataas. Talagang malulugod siya.”*  
(Qur’an, 92:17-21)

Inilarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang pagkakita sa mukha ni Allah sa Paraiso. Sinabi niya: “Kapag pumasok ang mga tao sa Paraiso ay magsasabi si Allah, mapagpala Siya at pagkataas-taas Niya: “Nagnanais ba kayo ng anumang idadagdag ko sa inyo?” at magsasabi naman sila: “Hindi Mo ba pinarangalan ang mga mukha namin? Hindi Mo ba kami pinapasok sa Paraiso at iniligtas mula sa Impiyerno?” Kaya hahawiin ang tabing at wala nang ibinigay sa kanila na anumang higit na kaibig-ibig sa kanila kaysa sa pagtingin sa Panginoon nila, na kamahal-mahalan at kapita-pitagan.” (Isinalaysay ni Imam Muslim) Tulad ng Kanyang maluwalhating mga pangalan, ang mga katangian ni Allah ay ganap at naaangkop sa Kanyang Kaluwalhatian at Pagkapanginoon.

Pagdating sa pagpapakahulugan sa “pisikal” na mga katangian ni Allah, ang Kataas-taasan, isaisip natin ang prinsipyo na: Siya ay walang anumang katulad at walang isa man, kabilang na ang Kanyang mga propeta at Kanyang mga anghel, na nakakita sa Kanya kailanman. Sa pag-unawa sa alinman sa Kanyang maluwalhating mga pangalan at mga katangian ay isinasaisip natin ang Kanyang lubusang kaganapan.

Ang Qur’an at ang mga pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay naglalaman ng maraming paglalarawan sa Diyos, ang Kataas-taasan, bagamat ang mga pangalan at mga katangiang iyon ay hindi pa ang lahat. Ang isang kaluluwang nag-aasam na mapalapit sa Diyos at nagmimithing makatagpo Siya ay masigasig na matuto tungkol sa mga pangalan at mga katangian ni Allah. Ang liwanag ng patnubay na ito ay kaginhawahan sa puso at katiwasayan sa kaluluwang naghahanap. Sinasabi ni Allah:



*“Tunay na si Allah ay nagpapaligaw sa sinumang loobin Niya at nagpapatnubay tungo sa Kanya sa sinumang nanunumbalik – ang mga sumampalataya at napapanatag ang mga puso nila sa pag-aalaala kay Allah. Pakaalamin, tunay sa pamamagitan ng pag-aalaala kay Allah napapanatag ang mga puso.” (Qur’an, 13:27-28)*

Ang ilan sa mga pangalan at mga katangian ni Allah ay tat-alakayin mamaya. Para sa tala ng mga pangalan ni Allah na hango mula sa Qur’an at Sunnah, sumangguni sa apendese.

### Ang Pangalang “Allah”

Karaniwang tinatawag ng mga Muslim ang Diyos na Allah, at ito ang pinakamadalas gamitin na pangalan Niya sa Qur’an at sa mga sanaysay ng mga pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Sa wikang Arabe, ito ay nangangahulugang AngDiyos at ginagamit ito ng mga Arabeng Pagano, Kristiyano, Hudyo, at Muslim.

Ang salitang Allah ay nauna pa sa Islam; gayon pa man, ito ay hindi kailanman naging pangalan ng isang anito, tao, o makamundong bagay. Ito ay ginagamit na ng mga Arabeng Pagano bago pa ang pagdating ng Islam bilang pantawag sa hindi nakikitang Diyos na sinasamba naman nila sa pamamagitan ng mga anito bilang tagapamagitan. Ang bawat lipi ay may sariling anito, na pinaniniwalaan nilang anak na babae raw ni Allah. Ang mga sumasamba sa mga anito ay gumagawa noon ng mga bersiyon ng anitong iyon mula sa bato, kahoy, himaymay ng datiles, at iba pang materyales upang makapagdasal sa kanilang anito sa kanilang tahanan, upang isama sa paglalakbay, at upang iluklok sa mga templo. Wala silang konsepto ng kaisahan ng alinman sa mga anitong ito yamang maraming estatwa para sa bawat isa sa mga anitong ito. Mayroong maraming-maraming anito ngunit may isang “Allah” lamang. Nalalaman ng mga Arabeng Pagano na si Allah ay di-nakikita at Tagapaglikhang makapangyarihan sa lahat. Binanggit ito niAllah sa Qur’an. Sinabi Niya:



*“Talagang kung tinanong mo sila kung sino ang lumikha ng mga langit at lupa ay talagang sasabihin nga nilang si Allah. Sabihin mo: “Ipabatid ninyo sa aking ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allah; kung nagnais sa akin si Allah ng kapinsalaan, sila ba ay makapag-aalis ng kapinsalaan Niya; o kung nagnais sa akin si Allah ng awa, sila ba ay makapipigil ng awa Niya?” Sabihin mo: “Sapat na sa akin si Allah; sa Kanya nananalig ang mga nananalig.”” (Qur’an, 39:38)*

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ngDiyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ngDiyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon



## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Nauunawaan ng mga Arabe ang salitang Allah, sinasamba man nila Siya nang mag-isa o hindi. Iyan ang dahilan kung bakit ang pararilang Lā ilāha illā Allāh (Walang Diyos kundi si Allah), ay kaagad na nagpabago sa agos ng usaping panrelihiyon sa Peninsula ng Arabya nang ipinahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang kanyang mensahe. Nalalaman ng mga Arabe noon na ang pahayag na ito, na sa pamamagitan ng pagbigkas nito ay pumapasok ang tao sa Islam, ay nagkaila sa kanilang mga anitong tagapamagitan na ipinagbubunyi nila, at kumikilala lamang sa di-nakikitang Diyos na nalalaman nilang siya ang pinakamakapangyarihang pinagmulan ng lahat ng nilikha. Ang pahayag na ito ay hindi nagpakilala sa kanila ng isang bagong diyos. Bagkus ay ibinuwal nito ang kanilang sari-saring anito at ang mga diyos ng ibang mga relihiyon na iba pa kay Allah at naiwan si Allah lamang para sambahin at pagpitaganan.

Bilang mga nagsasalita ng Filipino, ginagamit ng mga Muslim ang salitang Filipino na Diyos at ang salitang Arabe na Allah nang halinhinan at kadalasang tinutukoy natin si Allah sa pamamagitan ng alinman sa mga salitang ito: Diyos o Allah. Ngunit maaari rin nating tawagin si Allah sa ibang mga pangalan Niya na ipinahayag sa Qur'an at Sunnah. Ang mga Arabeng Pagano noong panahon ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nakarinig sa mga Muslim na tumatawag kay Allah bilang Ar-Rahmān at iba pang mga pangalan nat tinutulan nila iyon. Sinasabi nila na si Allah daw ay mayroong iisang pangalan lamang, Allah. Kaya naman, ipinahayag ang talata ng Qur'an na sumasagot sa kanilang pagtutol. Sinasabi nito:



*"Sabihin mo: "Dumalangin kayo kay Allah o dumalangin kayo sa Napakamaawain; sa alin man sa mga ito kayo dumalangin, taglay Niya ang mga pangalang napakaganda."(Qur'an, 17:110)*

Alinmang pangalan ni Allah ang gamitin sa pagdalangin sa Diyos, ang dasal ay itinutuon sa mismong Diyos, si Allah, Ang Isa, Ang Walang-hanggan.

### Ang Kaisahan

Kabilang sa mga pangunahing katangian ni Allah ay ang Kanyang ganap na kaisahan. Wala Siyang katulad, walang nauna, walang kasunod, walang kapalit, walang katambal, walang kapanatay, walang katunggali, at walang pamilya. Sinasabi ni Allah:

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

“Sabihin mo: “Siya, si Allah, ay Isa.<sup>7</sup> Si Allah ay ang Dulong sa pangangailangan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.”(Qur’an, 112:1-4)

Hindi Siya nangungulila sa Kanyang pag-iisa sapagkat hindi Siya nangangailangan ng anumang. Sinasabi ni Allah:

“Sinabi nila: “Gumawa si Allah ng isang anak.” Napakamaluwalhati Niya! Siya ang Walang-pangangailangan. Pag-aari Niya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Hindi kayo nagtataglay ng anumang patunay sa pahayag na ito. Nagsasabi ba kayo hinggil kay Allah ng hindi ninyo nalalaman?”(Qur’an, 10:68)

Ang ilang naligaw na paniniwala ay nagsabing may supling daw si Allah—napakamaluwalhati at pagkataas-taas Niya higit sa gayong mga pagtataguri. Hindi nagkakaroon ng lohikal na kahulugan para sa Diyos ang magkaroon ng anak. Sinasalungat nito ang Kanyang pagkadiyos sapagkat mangangahulugan ito na mayroong karibal para sa Kanya at mangangahulugan din ito na mayroon Siyang simula samantalang ang Diyos ay walang pasimula. Sinasabi ni Allah:

“Subalit ginawa nila para kay Allah bilang mga katambal ang mga jinn samantalang nilikha Niya ang mga ito. Nagparatang sila sa Kanya ng pagkakaroon ng mga anak na lalaki at mga anak na babae nang walang kaalaman. Napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya kaysa sa mga itinataguri nila sa Kanya. Tagapagpasimula ng mga langit at lupa Siya, papaanong magkakaroon siya ng anak samantalang hindi naman Siya nagkaroon ng asawa? Nilikha Niya ang bawat bagay, at Siya sa bawat bagay ay Maalam. Iyan si Allah, ang Panginoon ninyo: walang Diyos kundi Siya, ang Tagapaglikha ng bawat bagay; kaya sambahin ninyo Siya. Siya ay Pinananaligan sa bawat bagay. Hindi Siya naaabot ng mga paningin, samantalang naaabot Niya ang mga paningin. Siya ay ang Nakatatalos, ang Nakababatid. May dumating na sa inyo na mga hayag na patunay mula sa Panginoon ninyo; kaya ang sinumang nakakita ay para sa ikabubuti ng sarili niya at ang sinumang nabulag ay para sa ikasasama ninyon.”(Qur’an, 6:100-104)

<sup>7</sup> O Siya, si Allah, ay isa; O Siya ay si Allah, isa.

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

“Sinabi nila: “Nagkaroon ang Napakamaawain ng isang anak.” Talaga ngang nagsabi kayo ng isang bagay na kakila-kilabot. Halos ang mga langit ay magkabitak-bitak dahil doon at mabiyak ang lupa at gumuho ang mga bundok nang durug-durog, dahil nagparatang sila sa Napakamaawain ng isang anak. Hindi nararapat para sa Napakamaawain na magkaroon ng anak. Ang bawat sinumang nasa mga langit at lupa ay pupunta lamang sa Napakamaawain bilang isang alipin.” (Qur’an, 19:88-93)

Tungkol naman sa mahimalang pagkalikha kay Jesus, na may ina ngunit walang ama, sinasabi ni Allah:

“Tunay na ang pagkakahalintulad kay Jesus para kay Allah ay gaya ng pagkakahalintulad kay Adan; nilikha Niya ito mula sa alabok, pagkatapos ay nagsabi Siya rito: “Mangyari,” at nangyari.” (Qur’an, 3:59)

### Ang Awa

Ang ilan sa mga pangalan at mga katangian ni Allah ay pumapatungkol sa Kanyang masaganang awa. Ang Ar-Rahmān o Ang Napakamaawain, gaya ng naunang nabanggit, ay isang madalas gamitin na pangalan ni Allah sa Qur’an. Ang Ar-Rahīm” o Ang Maawain ay isa pang pangalan ni Allah na hinango rin sa mismong salitang-ugat. Ang pagkakaiba ay na ang Ar-Rahmān ay nagpapahiwatig ng malawakang awa samantalang ang Ar-Rahīm naman ay nagpapahiwatig ng palagiang awa. Ang awa ni Allah ay isang pangunahing katangian, yamang ipinahayag Niya sa simula ng paglikha ng mga nilalang: “Ang awa Ko ay mananaig sa galit Ko.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim)<sup>8</sup>.

Ang maraming iba pang katangian ay nakaugnay sa awa ng Diyos, gaya ng Kanyang pag-ibig, pagpapatawad, pagkamapagbigay, pagkilala, habag, tulong, pangangalaga, pagtutustos, pagkabanayad, at kagandahang-loob.

<sup>8</sup> Ang buong sanaysay: Sinabi ni Propeta Muhammad (kapayapaan at biyaya ni Allah ay sumakanya): “Nang nilikha ni Allah ang mga nilalang ay isinulat Niya sa aklat na nasa Kanya sa ibaba ng Kanyang trono: “Tunay na ang awa Ko ay mananaig sa galit Ko.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim).

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Ang lahat ng mga biyayang naranasan natin sa ating mga buhay ay mga regalo mula sa awa ni Allah, kabilang na ang mga biyayang maaaring nananatiling hindi natin nalalaman gaya ng mga kalamidad na napangalagaan tayo laban sa mga ito, ng kahanga-hangang kaayusan ng sansinukob, at iba pa. Si Allah ay nagpapaalaala:



*“Nagbigay Siya sa inyo ng bawat hiningi ninyo. Kung bibilangin ninyo ang biyaya ni Allah ay hindi ninyo maiisa-isa ang mga ito.” (Quran, 14:34)*

Kahit na ang awa sa pagitan ng mga tao, gaya ng pag-ibig ng isang ina para sa kanyang anak, ay sa pamamagitan ng awa ng Napakamaawaing Diyos. Ang awa ng Diyos ay nagtutulak sa tao na maging maawain. Ipinabatid sa atin ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang tungkol sa awa ni Allah sa mga nilikha. Sinabi niya: “Tunay na may isandaang awa si Allah. Nagbaba Siya mula sa mga ito ng isang awa sa gitna ng jinn, tao, mga hayop, at mga kulisap. Sa pamamagitan nito ay nagmamalasakitan sila, sa pamamagitan nito ay nag-aawaan sila, sa pamamagitan nito ay nagmamalasakit ang ligaw na hayop sa anak nito. Ipinagpaliban ni Allah ang siyamnapu’t siyam na awa, na kaaawaan Niya sa pamamagitan ng mga ito ang mga lingkod Niya sa Araw ng Pagkabuhay.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim).

Itinakda ni Allah para sa sarili Niya ang awa, at naiibigan Niya na magkaroon ng awa sa pagitan ng mga nilikha Niya. Ginagantimpalaan Niya ng awa Niya ang mga maawaing tao.

### Ang Pag-ibig

Ang isa sa mga maluwalhating pangalan ni Allah ay Al-Wadūd, na sa wikang Arabe ay nangangahulugang Ang Mapagmahal. Nagsabi si Allah tungkol sa Kanyang sarili:



*“Siya ang Mapagpatawad, ang Mapagmahal, ang Mayari ng trono, ang Maluwalhati, Palagawa ng anumang ninanais Niya.”(Qur’an, 85:14-16)*

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ngDiyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ngDiyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Iniibig ng Diyos ang kabutihan at iniibig Niya ang mga mananampalataya. Kabilang sa mga gantimpalang ibinibigay sa mga mananampalataya ay ang pag-ibig, gaya ng sinasabi Niya:



*“Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid ay magtatalaga para sa kanila ang Napa-kamaawain ng pagmamahal.”(Qur’an, 19:96)*

Isang nakalulungkot at laganap na maling akala na ang Islam ay nagtataguyod ng isang matigas at hindi mapagmahal na imahe ng Diyos. Ang konsepto ng Islam sa Diyos ay malayo sa hindi mapagmahal na diyos. Sa katunayan, ang pag-ibig ng Diyos ay isang kahanga-hangang lakas sa buhay ng isang Muslim. Naniniwala tayo na iniibig ng Diyos ang kabutihan, kaya hinihimok natin ang mga kaluluwa natin na gumawa ng lahat ng mabuti para mapalapit sa Kanya. Naniniwala tayo na iniibig ni Allah ang mga gumagawa ng mabuti, kaya naman dapat natin silang igalang at parangalan at makipagkaibigan sa kanila dahil sila ay mga iniibig Niya.

SiPropeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsalita tungkol sa pag-ibig ni Allah sa mga mananampalataya at sa mga napakalaking epekto nito sa buhay ng mananampalataya. Ang Propeta (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: “Tunay na si Allah, pagkataas-taas Niya, ay nagsabi:<sup>9</sup> Ang sinumang umaway sa isang tinatangkilik Ko ay magpapahayag nga Ako sa kanya ng digmaan. Hindi nagpapakalapit sa Akin ang lingkod Ko sa pamamagitan ng isang bagay na higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa isinatungkulin Ko sa kanya. Hindi titigil ang lingkod Ko na nagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin Ko siya. Kaya kapag inibig Ko siya, Ako ay magiging pandinig niya na ipinandidinig niya, paningin niya na ipinaniningin niya, kamay niya na ipinanghahampas niya, at paa niya na ipinanlalakad niya. Kung hihingi siya sa Akin, talagang bibigyan Ko nga siya; at talagang kung magpapakupkop siya sa Akin, talagang kukupkupin Ko nga siya. Hindi Ako nag-atubili sa isang bagay na Ako ay gagawa niyon na gaya ng pag-atubili Ko sa [pagkuha ng] kaluluwa ng mananampalataya, na nasusuklam sa kamatayan at nasusuklam naman Ako na pasamain ang loob niya.”(Isinalaysay ni Imam Bukhari).



## ARALIN 3

*Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan*

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Marahil ang maling palagay kay Allah bilang isang hindi mapagmahal na Panginoon na nabuo sa ilang tao ay dahil sa ang mga Muslim ay hindi nagpapahayag ni nagpapatalastas ng walang takdang pag-ibig ng Diyos sa mga tao, gaya ng ginagawa ng ilang Kristiyano na nagsasabing "Iniibig ka ng Diyos," gayong hindi natin nalalaman kung ang taong iyon ay totoo ngang iniibig ng Diyos. Sinasabi natin na iniibig ng Diyos ang mga matuwid, hindi ang mga bukot. Sa katunayan, ang argumentong ito laban sa Islam ay madaling itaob dahil ito ay isang ipokritong pahayag.

Ang doktrinang Kristiyano ay naglalarawan sa Diyos bilang di-mapagmahal at mabagsik, na hindi kayang magpatawad sa sangkatauhan nang walang kapalit na alay na dugo ng Kanyang anak diumano. Ang sinasabi ng mga misyonerong Kristiyano na "Mahal ka ni JESUS" at "Namatay si JESUS para mga kasalanan mo" ay hindi naman talaga na ang DIYOS ay nagmamahal o nagpapatawad nang may kabaitan. Bagkus, inilalarawan nila ang Diyos bilang tagapagparusa at si Jesus bilang tagapagligtas, samantalang sa Islam ang Diyos ay ang tagapagligtas, ang mapagmahal, ang tagapagpatawad. Dagdag pa roon, ang mga Kristiyano ay nagsasabi: "Mahal tayo ng Diyos; mga anak Niya tayo," ngunit kaalinsabay niyon ay sinasabi nila na parurusahan ng Diyos at susunugin ang mga tao sa Impiyerno kung hindi sila sasamba kay Jesus. Malinaw na ito ay isang pag-ibig na may kundisyon.

Lubhang nakahahalinang sabihing "Mahal ka ng Diyos," ngunit sa totoo lamang ang pangakong iyon ay kailangang tapat. Sa Islam ang katotohanan ay hayag at payak: Iniibig ng Diyos ang kabutihan at kinamumuhian ang kasamaan. Kaya kailangang piliin ng isang tao ang kanyang panig ng malinaw na hanay na iyon at matatag na tumayo roon.

### Ang Pagpapatawad

Si Allah ay ang Mapagpatawad, ang Palatanggap ng pagsisisi, na nangangahulugang pinapawi Niya ang mga kasalanan, kahit pa man ang nagkasala ay nakagagawa ng paglabag nang paulit-ulit. Hanggat ang tao ay nagsisising nagbabalik-loob kay Allah nang may katapatan, patatawarin siya ni Allah.

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Ang pagbabalik-loob ay nangangailangan ng pagkilala ng sariling pagkakamali, pagkadama ng pagsisi, paghingi ng kapatawaran, pagtatangkang ayusin ang mga nakapipinsalang kinahinatnan, at paglalayong hindi na kailanman babalik sa kasalanan sa hinaharap. Ang ilang kasalan ay humihiling ng ilang takdang gawain bilang pambayad-sala. Halimbawa, ang pagpatay ng tao ay humihiling sa may-sala na mag-alok ng pambayad-sala sa pamilya ng kanyang biktima.

Nilikha ni Allah ang tao na may layang pumili, na humahantong sa mga pagkakamali at mga pagkukulang. Gayunman, ito na ang kalikasan ng pagkaka-likha sa atin, na sinadya ni Allah upang patawarin tayo dahil ibig Niyang magpapatawad. Si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: "Kung hindi kayo nakagawa ng mga kasalanan, lilipulin kayo ni Allah at papalitan ng ibang mga tao na makagagawa ng mga kasalanan, hihingi ng kapatawaran kay Allah, at patatawarin naman Niya sila." (Isinalaysay ni Imam Muslim).

Pinatatawad ni Allah ang anuman at ang lahat ng kasalanan para sa sinumang nagsisisi at nagbabago. Ang maniwala at umasa sa kapatawaran ni Allah ay bahaging paniniwala sa Kanya. Sa kadahilanang ito, isang nakapangingilabot na kasalanan na mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah o kundenahin ang ibang tao sa pamamagitan ng pagsabing hindi siya patatawarin ni Allah kailanman samantalang ang taong iyon ay buhay pa at kayang magsisi. Sinasabi ni Allah:



*"Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid ay magtatalaga para sa kanila ang Napa-kamaawain ng pagmamahal." (Qur'an, 19:96)*

Kahit na matapos mamatay ang isang tao, hindi ipinahihintulot na sabihing hindi siya patatawarin ni Allah kahit pa man nakagawa ng pinakamatinding mga kasalananang kulang sa pagtanggap sumampalataya at pagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah. Sinasabi ni Allah:



*"Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit mapatatawad Niya ang anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya." (Qur'an, 4:48)*

## Ang Paglikha

Nilikha ni Allah ang lahat ng bagay na umiiral. Sinasabi ni Allah:



*“Nilikha Namin ang mga langit at ang lupa at ang anumang nasa pagitan ng mga ito sa loob ng anim na araw at hindi Kami nasaling ng anumang kapagalan.”(Qur’an, 50:38)*

Si Allah ay ang tanging tagapalikha ng lahat. Siya ay lumilikha at Siya ay muling lumilikha, at Siya lamang ang tagapagpasimula ng paglikha. Sa pamamagitan ng Kanyang paglikha, nakakaya ng tao na makagawa ng mga bagay, ngunit iyon ay sa pamamagitan lamang ng paggamit ng mga kagamitan at mga sangkap na ginawa Niya. Hindi makakaya ng tao na lumikha mula sa wala gaya ng ginawa ni Allah. Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagsalaysay ng isang pag-uusap nina Propeta Abraham (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) at ng mga kababayan nito, noong nakipagtalo ito sa kanila tungkol sa kanilang idolatriya. Sinabi ni Allah:



*“Nagsabi siya: “Sinasamba ba ninyo ang nilililok ninyo, samantalang si Allah ay lumikha sa inyo at sa anumang ginagawa ninyo?”” (Qur’an, 37:95-96)*

Nilikha ni Allah ang bawat bagay, kabilang na tayo at ang anumang ginagawa natin. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit inuukol natin sa Kanya lamang ang katapatan natin sa pagsamba.

## Ang Pamumukod-tangi

Walang anumang katulad kay Allah, ang Kataas-taasan. Sa kadahilanang ito, hindi natin maisip kung ano ang anyo Niya o kung papaano Niyang nakakayang gawin ang ginagawa Niya. Sinasabi ni Allah:



*Siya naaabot ng mga paningin,” (Qur’an, 6:103)*



*“Walang katulad sa Kanya na anuman,”(Qur’an, 42:11)*

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon



*“at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.”  
(Qur’an, 112:4)112:4)*

Ang katangiang ito ni Allah, na Siya ay hindi katulad ng anumang, ay mahalaga kaugnay sa pagpapakahulugan sa Kanyang iba pang mga katangian. Halimbawa, kapag inilarawan natin si Allah, ang Kataas-taasan, bilang mayroong Mukha, hindi natin malaman kung papaano Siyang nagkaroon ng Mukha; kinikilala lamang natin na mayroon Siyang isang uri ng isang Mukha. Hindi natin iniisip ang mukha ng tao, sapagkat Siya ay hindi katulad ng mga tao ni katulad ng anumang sa Kanyang nilikha. Ang isipin ang Kanyang mukha bilang mukha ng tao ay isang kamalian sa pagpapakahulugan sa Kanyang mga katangian.

May ilang tao na nagdududa sa ibang mga katangian ni Allah dala ng pamumukod-tangi Niya. Sinasabi nila: “Kung gayon papaano kong mauunawaan ang Kanyang kaalaman, paningin, kabaitan, o alinmang katangian kung Siya ay hindi katulad ng anumang?” Ang sagot ay napakasimple. Ang paningin ni Allah ay nangangahulugang nakakikita Siya, bagamat hindi natin nalalaman kung papaano Siyang nakakikita. Ito ay hindi katulad ng paningin ng anumang sa pakahulugang ang paningin Niya ay sumasaklaw sa lahat. Nakikita niya ang bawat matamang nakatago, ang bawat pook, ang bawat panahon, nang sabay-sabay. Walang kaninumang paningin na gaya ng pagtalos ng Kanyang paningin. Ang katulad na paraan ng pag-unawa ay magagamit sa iba pang mga katangian.

## Ang Pagkamalapit

Ang Diyos ay hindi malayo ni walang pakialam; lubhang taliwas doon, Siya ay mapagmasid sa nilikha, tumutugon, at malapit. Ang isa sa mga kahanga-hangang pangalan Niya ay Al-Qarīb (Ang Malapit). Sinabi ni Allah:



*“Kami, sa paglikha, ay hindi nalilingat.” (Qur’an, 23:17)*

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Sa pagsunod sa pahayag na ito sa Qur'an, inisa-isa ni Allah ang ilan sa Kanyang mga awa sa nilikha, na sa pamamagitan ng mga ito ay inaalagaan Niya tayo, kabilang na ang ulan, ang halaman, ang gatas, ang mga daong, ang patnubay sa pamamagitan ng Kanyang mga sugo. Dagdag pa roon, sinasabi ni Allah na Siya ay sumusubaybay at nangangasiwa sa mga langit at lupa, gaya ng nabanggit sa talata:



*"Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito."(Qur'an, 2:255)*

Tungkol naman sa tao mismo, ipinahayag ni Allah ang pagkamalapit Niya, na nagsasabi:



*"Siya ay kasama ninyo saan man kayo naroon. Si Allah, sa ginagawa ninyo, ay Nakakikita."(Qur'an, 57:4)*



*"Talaga ngang nilikha Namin ang tao at nalalaman Namin kung ano ang ibinubulong sa kanya ng sarili niya sapagkat Kami ay higit na malapit sa kanya kaysa sa ugat ng leeg niya." (Qur'an, 50:16)*

Ang Diyos ay higit na malapit sa mga tao kaysa ang kanilang mga sarili sa paraang Siya ay nakakikilala sa kanila nang higit na lubusan, higit na may kakayahang mangasiwa sa kanilang mga kapakanan, at sa iba pang paraan.

Dapat mapansin natin ang pagkamalapit na ito ay hindi nangangahulugang ang Diyos ay nasa loob ng isang tao sa kalagayang pisikal<sup>10</sup> o nasa Kanyang nilikha. Ang pang-Islam ng konsepto ng Diyos ay hindi batay sa Panteismo. Bagkus, ang Diyos, sa Kanyang pisikal na kalagayan, ay hiwalay at nasa ibabaw ng Kanyang trono sa ibabaw ng mga langit. Gayunman, sa Kanyang kaalaman, pagtulong, pag-uutos, at iba pa, Siya ay malapit.

<sup>10</sup> Ang paggamit ng salitang "pisikal" ay puspos ng suliranin kaugnay kay Allah, ang Kataas-taasan. Hindi nating kayang maisaisip ang pisikal na kalagayan ni Allah dahil Siya walang anumang katulad sa mga nilalang Niya. Sa Arabe, ang Kanyang pisikal na sarili ay tinatawag na "Dhāt", na mahirap isalin sa Filipino.

<sup>11</sup> Paniniwalang ang Diyos ay nasa lahat ng bagay.

## Ang Pagkapanginoon

Si Allah ang Panginoon ng mga langit at lupa at ng lahat ng nilikha. Ang pagkapanginoon Niya ay kapwa nangangahulugang tumutustos Siya at naghahari Siya sa mga nilikha. Mula sa panustos Niya, nagbibigay Siya, nagpapabusog Siya, at nagbibigay Siya ng buhay at patnubay. Mula sa paghahari Niya, nag-uutos Siya at nagtatalaga, nagbibigay ng batas at kaayusan sa sansinukob. Sinasabi ni Allah:



*“Kay Allah nagpapatirapa ang sinumang nasa mga langit at lupa, nang kusang loob o labag sa loob, at ang mga anino nila sa mga umaga at mga hapon. Sabihin mo: “Sino ang Panginoon ng mga langit at lupa?” Sabihin mo: “Si Allah.”” (Qur’an, 13:15-16)*

Ang kautusan ni Allah sa sansinukob na nilikha Niya ay walang takda. Ang bawat bagay ay umiiral at kumikilos alinsunod sa Kanyang kautusan sa kaayusan ng mga bagay, gaya ng paraan ng pagkilos ng liwanag, mga orbit ng mga planeta sa paligid na araw, at inireresultang pagkiling ng mga anino na sa pamamagitan nito ay malalaman natin ang oras, at iba pa.z

Ang isang pangunahing bahagi ng paniniwalang pang-Islam sa Diyos at Kanyang Pagkapanginoon ay ang pagkilalang Siya ay may karapatang magtakda ng mga batas para sa sangkatauhan. Sinasabi ni Allah:



*“Para sa bawat kalipunan ay nagtalaga Kami sa inyo ng isang pagbabatas at isang pamamaraan.”(Qur’an, 5:48)*

Tungkol naman sa pagbaling palayo sa Kanyang mga batas, sinasabi Niya:



*“Kaya ang hatol ba ng kamangmangan ay hinahangad nila? Sino pa ang higit na magaling kaysa kay Allah sa paghatol para sa mga taong nakatitiyak?” (Qur’an, 5:50)*

Ang Kataas-taasang Diyos ay ang Isang nagtatakda at nagpapabatid sa atin hinggil sa kung ano ang tama at kung ano ang mali. Ang paggamit sa ibang mga batayan ng moralidad na sumasalungat sa Kanyang kapahayagan ay isang anyo ng pagsamba sa iba pa bilang Panginoon sa halip na kay Allah. Sinasabi ni Allah, ang Kataas-taasan:

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ngDiyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ngDiyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang "Allah"
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

“Ginawa nila ang mga pantas nila at ang mga pari nila na mga panginoon bukod pa kay Allah at pati na ang Kristo na anak ni Maria, samantalang walang ipinag-utos sa kanila kundi sumamba sila sa nag-iisang Diyos. Walang Diyos kundi Siya; napakamaluwalhati Niya kaysa sa mga itinatambal nila.” (Qur’an, 9:31)

Noong may isang sinaunang Muslim na yumakap sa Islam mula sa Judaismo na nakarinig sa talatang ito, nagsabi siya kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) na sila ay hindi naman sumasamba noon sa mga rabbi nila. Sinagot siya ng Propeta ni Allah (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya), na nagsasabi: “Hindi ba’t ipinagbawal nila ang ipinahintulot ni Allah, at ipinagbawal naman ninyo? Hindi ba’t ipinahintulot nila ang ipinagbawal ni Allah, at ipinagbawal naman ninyo?” Sumagot ang tagasunod: “Siya nga po.” Nagsabi si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Ganyan ninyo sila sinasamba.”<sup>12</sup>

Ang maniwala sa mga patakarang nasasaad sa Qur’an at Sunnah ay bahagi ng paniniwala sa Pagkapanginoon ni Allah. Kung wala ang paniniwalang ito, tayo ay hindi lubos na mga naniniwala sa patnubay ni Allah. Binalaan tayo ni Allah, ang Kataas-taasan:

“Hindi dapat para sa lalaking sumasampalataya ni sa babaing sumasampalataya, kapag nagtakda si Allah at ang Sugo Niya ng isang bagay, na magkaroon pa sila ng pagpipilian sa pagpapasya nila. Ang sinumang sumusuway kay Allah at sa Sugo Niya ay naligaw na nang maliwang na pagkaligaw.” (Qur’an, 33:36)

Ang isang napapanahong halimbawa ay maaaring nasa pagsunod ng mga sekular na batas na tuwirang sumasalungat sa mga batas ng Islam, gaya ng pagbabawal sa inuming nakalalasing. Sa karamihan sa mga bansa sa ngayon, halimbawa, legal na uminom ng alak kapag tumuntong na sa isang takdang edad. Kapag sinunod iyon ng isang Muslim sa paniniwalang iyon ay higit na mainam at higit na tama kaysa sa batas ni Allah na tahasang nagbabawal sa pag-inom ng alak sa anumang edad, ikinaila na niya ang karapatan ni Allah na maghari sa Kanyang mga nilikha bilang nag-iisang Panginoon.

<sup>12</sup> pangyayaring ito ay iniulat sa isang hadith na itinala ni Imam Tirmidhi

## ARALIN 3

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Ang Pagsamba sa Diyos Lamang
- Ang Paniniwala sa Patnubay ng Diyos
- Ang Pagkilala sa mga Pangalan at mga Katangian ng Diyos
  - Ang Pangalang “Allah”
  - Ang Kaisahan
  - Ang Awa
  - Ang Pag-ibig
  - Ang Pagpapatawad
  - Ang Paglikha
  - Ang Pamumukod-tangi
  - Ang Pagkamalapit
  - Ang Pagkapanginoon

Kinakailangang pagnilayan ng ganyang tao ang kahulugan ng Pagkapanginoon ng Diyos, ang Kanyang kadahilanan sa pagtatakda ng mga batas, at ang Kanyang awa sa pagkakaloob ng gayong patnubay sa Kanyang nilikha.

Ang salitang Panginoon ay isang pangalan ni Allah na madalas na ipinantatawag sa Kanya sa panalangin at sa sandali ng pagdarasal. Sinasabi ni Allah:



*“Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, ang Hari ng mga tao, ang Diyos ng mga tao,” (Qur’an, 114:1-3)*

Humihiling tayo kay Allah sa pamamagitan ng Kanyang Pagkapanginoon sa atin dahil ito ay bahagi ng personal na ugnayan na sa pamamagitan nito ay sinasamba natin Siya, na kinikilala ang Kanyang pagtustos sa atin at ang Kanyang karapatang mag-utos. Hinihiling natin sa Kanya na tulungan tayo na malubos ang ating pagtalima sa Kanyang mga batas, at hinihiling natin sa Kanya na dagdagan ang Kanyang mga biyaya at ang Kanyang mga pagpapala sa ating mga buhay.



# ARALIN

# 4

## Saligan 2—Paniniwala sa mga Anghel

### **Mga Layunin**

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Matalakay ang mga pangunahing paniniwalang pang-Islam tungkol sa mga anghel;
- Matukoy ang ginagampanang papel ng mga anghel sa buhay ng tao.

## Saligan 2—Paniniwala sa mga Anghel

Ang mga anghel ay kabilang sa mga nilikha ni Allah. Sila ay hindi mga diyos o mga maladiyos, at wala silang bahagi sa Pagkapanginoon o Pagkadiyos ni Allah. Ang mga Muslim ay hindi sumasamba sa mga anghel ni nagdarasal kay Allah sa pamamagitan nila. Sa halip, naniniwala tayo sa kanilang kairalan (existence) at pinarangalan natin sila dahil sila ay mga tapat na mananamba ni Allah. Binanggit ni Allah ang Kanyang mga anghel nang maraming ulit sa Qur'an. Mula sa kapahayagan ni Allah sa Qur'an at Sunnah ay natuto tayo ng tungkol sa mga anghel, sa kanilang kalikasan, at ang papel na ginagampanan nila sa buhay ng tao sa mundong ito at sa kabilang-buhay.

Ang mga anghel ay nilikha mula sa liwanag, gaya ng inilarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Nilikha ang mga anghel mula sa liwanag, ang mga jinn<sup>13</sup> mula sa walang usok na liyab ng apoy, at si Adan mula sa nailarawan sa inyo.” (Isinalaysay ni Imam Muslim). Ang mga anghel at ang mga jinn ay nilikha bago pa man ang tao. Isinalaysay ng Qur'an ang pahayag ng Diyos sa mga anghel na lilikha Siya ng tao:



*“Banggitin noong nagsabi ang Panginoon mo sa mga anghel: “Tunay na Ako ay maglalagay sa lupa ng isang kahalili,” nagsabi sila: “Maglalagay Ka ba roon ng gaga-wa ng katiwalian doon at magpapadanak ng dugo samantalang kami ay nagluluwalhati sa kapurihan Mo at nagpapakabanal sa Iyo?”” (Qur'an, 2:30)*

Ang kalikasan ng isang anghel ay lubhang naiiba sa tao. Ang mga anghel ay mga pisikal na nilalang, ngunit sila ay hindi kumakain, umiinom o natutulog. Ang mga anghel ay perpekto sa kahulugang hindi sila nanghihina o nagpapabaya sa mga iniuutos ni Allah, ang Kataas-taasan.

Mayroong iba't ibang uri ng mga anghel, at mayroon silang pamunuan na pinangunguluhan ng sugong anghel na si Gabriel. Ginagampanan ng mga anghel ang sari-saring tungkulin ayon sa utos ni Allah, kabilang ang mga sumusunod:

<sup>13</sup> Ang mga jinn, gaya ng nabanggit sa talababa ng naunang kabanata, ay nilikha na nagtataglay ng kalayaang pumili, gaya ng mga tao. Nilikha sila bago pa man ang mga tao. Gaya ng mga tao, ang mga jinn ay maaaring Muslim o Di-Muslim. Di gaya ng mga tao, sila ay maaaring lumipad, kumilos nang napakabilis sa mundo o sa mga kalangitan, at mabuhay ng ilang siglo. Gaya ng mga anghel, ang mga jinn sa pangkalahatan ay hindi nakikita ng mga tao, malibang sadya silang mag-saanyo na makikita natin. Ang tanyag na alamat ng isang Arabeng jinni na lumalabas sa isang lampara para tugunin ang tatlong kahilingan ay nagmula sa konsepto ng jinn. Ang manawagan sa jinn para humingi ng mga pabor ay ipinagbabawal sa Islam. Tingnan ang Qur'an, surah 72. Mula sa luwad o putik, gaya ng nabanggit sa Qur'an at Sunnah. Sinabi ni Allah: “Nilikha Niya ang tao mula sa luwad na gaya ng palayokat nilikha Niya ang jinn mula sa walang usok na liyab ng apoy.” (Qur'an, 55:14-15)

## ARALIN 4

Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan

- Paghahatid ng mga mensahe sa mga propeta para sa mga tao;
- Pagpapataw ng pagkawasak sa mga tiwaling tao;
- Pagtatala ng mabubuti at masasamang gawa ng tao;
- Pagtatanod sa mga pintuan ng Paraiso at Impiyerno;
- Pagsusulat sa tadhana ng isang hindi pa naisilang na sanggol sa sinapupunan; Pagkuha sa kaluluwa palabas ng katawan sa oras ng kamatayan;
- Pagtatanong sa tao sa loob ng libingan;
- Pag-ihip sa tambuli na tutunog sa Araw ng Paghuhukom;
- Pagpasan sa trono ni Allah, ang Kataas-taasan;
- Pagpapakilos sa mga hangin at mga ulap;
- Pagpapadala ng katiwasayan sa mga tao sa sandali ng pagdarasal at mga pagtitipon para sa pag-aaral panrelihiyon;
- Pagluwalhati kay Allah, pagpuri sa Kanya, at pagdalangin sa Kanya;
- Pagsasanggalang sa kaninumang ipinag-utos ni Allah na ipagsanggalang;
- Pakikipaglaban kasama ng mga mananampalataya sa labanan.

Tungkol naman sa kanilang mga anyo, sa kanilang mga orihinal anyo, ang mga anghel ay mayroong magkakaibang anyo: mayroong nakatatatag at mayroong maganda, depende sa kanilang mga tungkulin. Ang iba ay lubhang malalaki. Mayroon silang mga pakpak, gaya ng inilalarawan ng Qur'an:



*“Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, gumawa sa mga anghel bilang mga sugo na may mga pakpak na dalawahan, tatluhan, at apatan. Nagdaragdag Siya sa paglikha ng anumang niloloob Niya. Tunay na si Allah sa bawat bagay ay nakakakaya.” (Qur'an, 35:1)*

Inilarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) si Arkanghel Gabriel, na naghatid sa kanya ng mensahe ng Qur'an, na pinupuno ng laki nito ang abot-tanaw at mayroong 600 pakpak.<sup>15</sup>

<sup>15</sup> Naitala ni Imam Bukhari na nabanggit ni Ibnu Mas'ud, isang Kasamahan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya), ang 600 pakpak ni Anghel Gabriel sa pagpapaliwanag sa mga talata ng Qur'an: "Ito ay isang pagsisiwalat lamang na isiniwalat sa kanya. Tinuruan siya ng matindi ang lakas, na may lakas sa katawan at isip, pagkataos ay tumindig ito sa tunay na anyo, habang ito ay nasa pinakamataas na bahagi ng abot-tanaw, pagkatapos ay lumapit ito at saka tumabi, kayaito ay naging nasa layong dalawang pana o higit na malapit; kaya nagsiwalat Siya sa lingkod Niya ng anumang isiniwalat Niya." (Qur'an, 53:4-10) Ang mga talatang ito ay naglalarawan sa pag-akyat ng Propeta sa langit. Hindi isinalaysay ni Ibnu Mas'ud ang gayong detalye hinggil sa nakalingid na daigdig ng mga anghel kung hindi niya ito natutunan kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya).

Nagagawa ng mga anghel na magpakita sa mga tao sa anyong tao, gaya ng sa kasaysayan ni Maria, ang ina ni Jesus (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Sinabi ni Allah:



*“Ipinadala Namin sa kanya ang Anghel na Espiritu Nam-in na nag-anyo sa harap niya bilang isang taong lubos. Nagsabi siya: “Tunay na ako ay nagpapakupkop sa Napakamaawain laban sa iyo, lumayo ka kung ikaw ay isang nangingilag sa pagkakasala.” Nagsabi ito: “Tunay na ako ay sugo lamang ng Panginoon mo, upang maghandang ako sa iyo ng balita ng isang anak na lalaking dalisay.””(Qur’an, 19:17-19)*

Nag-anyong tao rin ang mga anghel noong dinalaw nila sina Propeta Lot at Propeta Abraham (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanila), na isinalaysay naman ni Allah, ang Kataas-taasan:



*“Noong pumasok sila sa kinrroonan niya at nagsabi: “Kapayapaan” ay nagsabi naman siya: “Tunay na kami sa inyo ay mga nababagabag.” Nagsabi sila: “Huwag kang mabagabag; tunay na kami ay magbabalita ng nakalulugod sa iyo tungkol sa pagsilang ng isang batang lalaking maalam.””(Qur’an, 15:52-53)*

Natakot noong una sina Abraham at ang kanyang maybahay sa mga anghel, na inaakala nilang mga lalaking tao, dahil tinanggihang kainin ng mga ito ang pagkaing malugod nilang inihain sa mga ito (na sa panahon at kulturang iyon sa kabuuan ay itinuturing na pagpapahayag ng pakikipag-alitan sa dinadalaw). Ibinunyag ng mga anghel ang mga sarili bilang mga sugong anghel na ipinadala mula kay Allah, ang Kataas-taasan. Ang mga kababayan ni Propeta Lot ay nag-akala rin na ang mga anghel, na nagbabala sa kanila ng napipintong paglipol sa kanila, ay mga lalaking tao. Isinalaysay sa atin ni Allah:



*“nagsabi ito: “Tunay na kayo ay mga taong hindi kilala.” Nagsabi sila: “Bagkus ay dumating kami sa iyo dahil sa bagay na hinggil dito ay nagtatalu-talo sila. Pumunta kami sa iyo dala ang katotohanan at tunay na kami ay nagpapakatotoo. Kaya lumisan ka kasama ng mag-anak mo sa isang bahagi ng gabi. Sumunod ka sa mga likuran nila at walang lilington na isa mula sa inyo. Humayo kayo tungo sa kung saan kayo inutusan.””(Qur’an, 15:62-65)*

## ARALIN 4

*Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang Kataas-taasan*

Gayon din, may isang anghel na nasa anyong lalaking tao na pumunta kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) sa harap ng mga Kasamahan niya ayon sa tanyag na “Hadīth ni Gabriel” na nagpatibay sa pinakabantog na patotoo mula sa Sunnah para sa anim na saligan ng pananampalataya. Inilarawan ng kanyang mga Kasamahan ang anghel bilang isang makisig na lalaking walang nakakikilala, isang manlalakbay na walang mga tanda ng pagkapagod at karumihang dulot ng paglalakbay, nakasuot ng kasuotang busilak sa kaputian, at may buhok na matingkad sa kaitiman.

Ang isang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga tao at mga anghel ay sa pagsamba nila kay Allah, ang Kataas-taasan. Ang mga anghel ay walang kala-yaang pumili. Sila ay sumasamba kay Allah nang buong pagtalima, nagluluwalhati sa Kanya, nagpupuri sa Kanya, nagdarasal sa Kanya, sumusunod sa mga ipinagbabawal Niya, at tumutupad mga utos Niya.

Ang mga anghel ay dati nang nilikha bilang mga anghel. Ang ibang mga nilikha, gaya ng mga banal na tao o mga bata kapag namatay, ay hindi maaaring maging mga anghel. Ang mga anghel ay hindi rin nagiging mga ibang nilikha, gaya ng mga demonyo. Hindi totoo ang tinatawag na “anghel na naging masama.” Si Satanas ay hindi kailanman dating anghel; bagkus, siya ay jinn na tinatawag na Iblis<sup>16</sup> na dating sumasamba sa Diyos kasama ng mga anghel sa Paraiso. Hindi rin totoo na may taong nagiging anghel kapag namatay. Kapag muling lilikhain ang mga tao sa Araw ng Paghuhukom, at ang mga papasok sa Paraiso ay nakapasok na, sila ay magkakaroon ng ibang katawan: mga pamparaisong katawan na hindi tulad ng mga pangangatawan sa mundong ito, gayunman ang mga ito ay hindi mga katawan ng mga anghel.

<sup>16</sup> Si Iblis ay isang jinn, na dahil sa kapalaluan, ay sumuway kay Allah, ang Kataas-taasan, kaya naman isinumpa ito. Sa halip na magsisi, si Iblis ay humingi ng palugit sa Diyos hanggang sa Araw ng Paghuhukom, at ipinagkaloob naman ito. Pagkatapos ay namanata siya na iligaw ang maraming makakaya niya na susunod sa kanyang panliligaw, at siya ay naging si Satanas, ang isinumpa magpakailanman. Bagamat siya ang una, hindi lamang siya ang natatanging demonyo. Ang mga demonyo ay ang mga mapaghimagsik sa kabutihan. Sila ay may mga antas, na kabilang sa mga tao at mga jinn. Wala silang kapangyarihan, maliban pa sa kapangyarihang manulsol. Isang kamaliang katakutan sila o sisihin sila dahil sa personal na maling desisyon. Sinabi ni Allah: “Ganyan lamang sa inyo ang Demonyo, ipinantakot niya sa inyoang mga katangkilik niya; kaya huwag kayong mangamba sa kanila bagkus mangamba kayo sa Akin kung kayo ay mga mananampalataya.” (Qur’an, 3:175) Sa pagsalaysay sa kasaysayan ng pagtaboy kay Iblis mula sa Paraiso, sinabi ni Allah sa kanya: “Tunay na ang mga lingkod Ko ay hindi ka magkakaroon sa kanila ng kapamahalaan. Nakasapat na ang Panginoon mo bilang Katiwala.” (Qur’an, 17:65)

## ARALIN 4

*Saligan 1—Paniniwala kay Allah, ang  
Kataas-taasan*

Bagamat hindi tayo nagtataglay ng lubos at malawakang kaalaman tungkol sa mga anghel ni Allah at kanilang sari-saring papel na ginagampanan at tungkulin, pinagtitibay natin sa pangkalahatan ang paniniwala sa kanila, na sila ay mga pisikal na nilalang, sa literal at hindi sila patalinghagang pagkanilalang. Pinagtitibay rin natin nang partikular ang lahat ng detalye tungkol sa kanila na ibinalita sa atin sa kapahayagan ni Allah, ang Kataas-taasan, Siya ang Nakaalam, Siya ang Tagapaglikha, at ang Kanyang salita ay totoo.

# ARALIN

# 5

## Saligan 3—Paniniwala sa mga Aklat ng Diyos

### Mga Layunin

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na

- Matukoy ang layunin ng mga aklat ni Allah;
- Maitala ang ipinahayag na mga aklat ni Allah;
- Matalakay ang kaugnayan sa pagitan ng mga kapahayagan ni Allah;
- Matalakay ang ginagampanang papel ng Qur'an bilang pangwakas na Aklat ng Diyos.

### Saligan 3—Paniniwala sa mga Aklat ng Diyos

Ang paniniwala sa mga kasulatang ibinaba ni Allah, ang Kataas-taasan, ay isang pangunahing bahagi ng pananampalataya. Sa pambungad na mga talata ng Qur'an, inilarawan ni Allah ang mga mananampalataya, na nagsasabi:



*“na mga sumasampalataya sa ibinaba sa iyo at sa ibinaba noong wala ka pa,” (Qur'an, 2:4)*

Sa pagsipi sa pahayag sa mga mananampalataya sa Araw ng Paghuhukom, sinasabi ng Diyos:



*“O mga lingkod Ko, wala nang pangamba sa inyo ngayong araw at hindi na kayo malulungkot. Kayo ang mga sumampalataya sa mga tanda Namin samantalang mga Muslim.” (Qur'an, 43:68-69)*

Nakikipag-usap si Allah sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang kasulatan. Sinabi ni Allah:



*“Nagsabi ang mga hindi nakaaalam: “Bakit kaya hindi tayo kinakausap ni Allah o hindi tayo dinadatnan ng isang tanda? Gayon din ang sinabi ng mga nauna sa kanila: tulad ng sabi nila. Nagkawangis-wangis ang mga puso nila. Nilinaw na Namin ang mga tanda sa mga taong nakatitiyak. Tunay na Kami ay nagsugo sa iyo kalakip ang katotohanan bilang isang tagapagbalita ng nakatutuwa at isang tagapagbabala.” (Qur'an, 2:118-119)*

Hinihiling ng mga tao na ang Diyos ay makipag-usap sana sa kanila, o na may dumating sana na ilang himala upang maniwala sila sa Islam. Gayunman, nakipag-usap na sa kanila ang Diyos at nagpadala sa kanila ng isang himala, ang Kanyang kasulatan, ang Qur'an.



sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang kasulatan at inaanyayahan sila na maniwala at magpasakop sa Kanya. Sinasabi ni Allah:

## ARALIN 5

Saligan 3—Paniniwala sa mga Aklat ng Diyos

“Hindi ukol sa tao na makikipag-usap sa kanya si Allah maliban sa isang pagsisiwalat, o sa likod ng isang tabing, o magsusugo Siya ng isang anghel na sugo at isisiwalat nito ayon sa kapahintulutan Niya ang anumang niloob Niya. Tunay na Siya ay Mataas, Marunong.”(Qur’an, 42:51)

“O mga tao, may dumating na sa inyo na isang patunay mula sa Panginoon ninyo; at nagpababa Kami sa inyo ng liwanag na naglilinaw. Kaya tungkol naman sa mga sumampalataya kay Allah at kumapit sa Kanya, papasukin Niya sila sa awana mula sa Kanya at kagandahang-loob at papatnubayan Niya sila sa Kanya sa tuwid na landasin.”(Qur’an, 4:174-175)

Ang Qur’an ay ang pangwakas at pinakamagtatagal na Aklat ng Diyos. Bilang mga Muslim, igi-nagalang, pinarangalan, at pinaniniwalaan natin ang Qur’an bilang literal na salita ng Diyos na Pinakamakapangyarihan. Tinatanggap natin ang mga pinaninindigan nito bilang katotohanan, at naniniwala tayo sa mga batas at mga panuntunan na nilalaman nito.

Ang Kasulatan ng Diyos ay isang pagkalaki-laking awa mula sa Kanya. Nagkakaloob sa atin ang Qur’an ng pangunahing mensahe ng Islam, mga paglalarawan ng kasaysayan ng sangkatauhan, mga batas para sa ating uri ng pamumuhay at pamamahalang panlipunan, moral na katinuan, at karunungan sa pagpasya sa ating mga kapakanan. Higit na mahalaga, ang Qur’an ay nagpapabatid sa sangkatauhan tungkol kay Allah, ang ating Tagapaglikha, at binabalangkas nito ang isang malinaw na landasin na magpapalapit sa Kanya. Para sa mga mananampalataya, ang Qur’an ay tulad ng isang mapa ng daan patungo sa Paraiso. Ang pagbabasa at pag-aaral ng Qur’an ay bahagi ng buhay ng isang lalaki at babaing Muslim, isang liwanag sa tahanan ng isang Muslim, isang pampaginhawa sa puso ng isang mananampalataya. Inilarawan ni Allah ang pagpapagaling ng Qur’an, na nagsasabi:

“Nagpapababa Kami mula sa Qur’an ng isang pagpapagaling at isang awa para sa mga mananampalataya, ngunit walang naidagdag ito sa mga lumalabag sa katarungan kundi pagkalugi.”(Qur’an, 17:82)

Inilarawan pa Niya ang awa ng Qur’an, na sinasabi:

“maliban sa awa mula sa Panginoon mo. Tunay na ang kagandahang-loob Niya sa iyo ay laging malaki.” (Qur’an, 17:87)

Ang Qur’an ay hindi ang tanging kasulatang ipinadala sa sangkatauhan. May ilang sugo ng Diyos na nauna kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) sa pagkatanggap ng mga aklat at mga batas. Sinabi ni Allah:

“Talaga ngang isinugo Namin ang mga sugo kalakip ang mga malinaw na patunay at ibinaba Namin kasama nila ang kasulatan at ang timbangan ng katarungan upang itaguyod ng mga tao ang pakikitungo sakatarungan.” (Qur’an, 57:25)

Bilang mga Muslim, naniniwala tayo sa lahat ng naunang mga kasulatan ng Diyos, sa pakahulugang pinaninindigan natin ang orihinal na anyo ng mga iyon bilang literal na salita ng Diyos, at naniniwala tayo na itinakda ng Diyos ang mga batas na iyon para sa mga taong iyon ng mga propeta at mga sugong iyon. Nagpahayag si Allah ng ilang aklat sa Kanyang mga sugo, para patubayan ang sangkatauhan. Ang mga aklat na nalaman natin na nabanggit sa Qur’an at Sunnah ay sumasaklaw sa: mga Kalatas ni Abraham, Salmo David, Torah ni Moises, at Ebanghelyo ni Jesus (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanila). Sinasabi ni Allah:

“Sabihin mo: “Naniniwala kami kay Allah at sa ibinaba sa amin at sa ibinaba kay Abraham, kay Ismael, kay Isaac, kay Jacob, sa mga lipi ng Israel, sa ibinigay kay Moises, kay Jesus, at sa mga propeta mula sa Panginoon nila; hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa kanila at sa Kanya kami mga sumusuko.”” (Qur’an, 3:84)

Ang hindi pagtatangi-tangi sa pagitan ng mga propeta at mga aklat ni Allah ay nangangahulugang tinatanggap natin ang lahat ng iyon, pinaniniwalaan natin ang lahat na iyon na totoo—taliwas ito sa pagtanggap sa ilang propeta at ilang kasulatan samantalang tinatanggihan ang iba bilang huwad.

Tinutukoy ni Allah, ang Kataas-taasan, ang mga tumatangging sumampalataya na namumulot at namimili kung aling propeta at kung aling bahagi ng mga aklat ng mga ito ang tinatanggap nila at ikinakaila. Sinasabi ni Allah:



*“Tunay na ang mga tumatangging sumampalataya kay Allah at sa mga sugo Niya, nagnanais na magtangi-tangi sa pagitan ni Allah at ng mga sugo Niya, nagsasabi: “Sumasampalataya kami sa ilan at tumatanggi kaming sumampalataya sa iba pa,” at nagnanais na lumagay sa isang daan sa pagitan niyon, ang mga iyon sa totoo ang mga tumatangging sumampalataya. Naghanda Kami para sa mga tumatangging sumampalataya ng isang nakahihiyang pagdurusa.” (Qur’an, 4:150-151)*



*“Kaya sumasampalataya ba kayo sa isang bahagi ng Aklat at tumatanggi naman kayong sumampalataya sa ibang bahagi? Kaya walang ganti sa sinumang gumagawa niyon mula sa inyo kundi kadustaan sa buhay sa mundo, at sa Araw naman ng Pagkabuhay ay ipagtutulan sila sa pinakamatinding pagdurusa. Si Allah ay hindi nalilingat sa mga ginagawa ninyo.” (Qur’an, 2:85)*



*“Kapag sinabi sa kanila: “Sumampalataya kayo sa ibinaba ni Allah,” sasabihin nila: “Sumasampalataya kami sa ibinaba sa amin.” Tumatanggi silang sumampalataya sa iba pa rito bagamat ito ang totoo na nagpapatotoo sa taglay nila. Sabihin mo: “Bakit ninyo pinapatay ang mga propeta ni Allah noon kung kayo ay mga sumasampalataya?”” (Qur’an, 2:91)*

Tinatanggap ng mga mananampalataya ang lahat ng mga aklat ni Allah at ang lahat ng mga propeta. Hindi ito nangangahulugang walang pagkakaiba sa pagitan ng mga propeta at ng mga aklat. Sa katunayan, mayroong mga pagkakaiba, dahil kung hindi, mawawalan ng layon ang pagpapahayag ng maraming aklat. Gayunman, ang mga pagkakaibang iyon ay hindi umaabot sa mga usapin ng pangunahing paniniwala. Ang lahat ng mga propeta at ang lahat ng mga aklat ng Diyos ay nagsasalaysay ng iisang pangunahing mensahe: sumamba sa Isang Diyos, na lumikha, na nagpapatnubay, na hahatol sa iyo pagkatapos ng kamatayan.

Binanggit ng Qur'an ang mga naunang aklat ni Allah, ang Kataas-taasan, nang may papuri at paggalang. Binabanggit ni Allah ang tungkol sa patnubay at batas sa Torah at Ebanghelyo, na sinasabi:



*“Tunay na Kami ay nagbaba ng Torah na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag, na naghahatol sa pamamagitan nito sa mga nagpakahudyo ang mga propeta na mga nagpasakop at ang mga makapanginoon at ang mga pantas sa pamamagitan ng pinaingatan sa kanila mulasa kasulatan ni Allah at sila noon doon ay mga saksi.”*  
(Qur'an, 5:44)



*“Pinasunod Namin sa mga bakas nila si Jesus na anak ni Maria, bilang nagpapatotoo sa nauna sa kanya na Torah. Ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo na sa loob nito noon ay may patnubay at liwanag at bilang nagpapatotoo sa nauna rito na Torah at bilang patnubay at pangaral sa mga nangingilag magkasala. Humatol ang mga May ng Ebanghelyo ng ayon sa ibinaba ni Allah na nasasaad doon! Ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ibinaba ni Allah, ang mga iyon ay ang mga suwail.”*  
(Qur'an, 5:46-47)

Ang pagkakaugnay ng Qur'an sa naunang kapahayagan mula kay Allah ay nilinaw sa kasunod na talata:



*“Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat kalakip ang katotohanan bilang nagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatan at bilang tagasubaybay sa mga ito.” (Qur’an, 5:48)*

## ARALIN 5

Saligan 3—Paniniwala sa mga Aklat ng Diyos

Ang Qur’an ay ang aklat ng patnubay na pinagkakatiwalaan natin ngayon. Kinikilala nito ang mga naunang aklat at pinagtatibay nito ang pangwakas na batas at mensahe ng Diyos. Bilang mga Muslim, iginagalang at pinagpipitagan natin ang Salita ng Diyos, hindi lamang ang Qur’an bagkus pati ang mga aklat ng Diyos mula noong bago pa ipinahayag ang Qur’an. Gayunman, nalalaman natin na ang marami sa naunang kapahayagan ng Diyos ay nalimot na, nabaluktot, o napawalang-bisa.

Isinalaysay ng Qur’an kung paanong nabaluktot at nawala ang mga naunang aklat. Tinutuligsa nito ang mga sadyang nagpalit sa Salita ng Diyos, at sa wakas ipinangangako nito na ang gayon ay hindi mangyayari sa Qur’an. Sinasabi ni Allah:



*“Tunay na ang mga lumilihis sa mga Kapahayagan Namin ay hindi nakapagtatago sa Amin. Ang itatapon kaya sa Apoy ay higit na mainam kaysa sa kanya na darating na ligtas sa Araw ng Pagkabuhay? Gawin ninyo ang anumang niloob ninyo; tunay na Siya sa anumang ginagawa ninyo ay Nakakikita. Tunay na ang mga tumangging sumampalataya sa paalaala nang dumating ito sa kanila ay mapapahamak. Tunay na ito ay talagang isang Aklat na makapangyarihan. Hindi nakararating dito ang kabulaanan mula sa harapan nito ni sa likuran nito. Ito ay isang pagpapababa mula sa Marunong, Kapuri-puri. Walang sinasabi sa iyo na hindi sinabi sa mga sugo noong wala ka pa.” (Qur’an, 41:40-43)*

Ang Qur'an ay hindi mawawala ni masisira kailanman. Ito ay pinangalagaang salita. Ang mga makasaysayang salaysay ng pangangalaga sa Qur'an ay nagpapakita ng masusing pagsasatitik at pagsasaulo ng mga tagasunod ng relihiyong Islam. Ito ay isang bukod-tanging kasaysayan sa mga manuskritong panrelihiyon; kahit ang mga sekular na mananalaysay ay humahanga sa pagkatunay ng pangangalaga rito. Ito ay ang mismong salita-sa-salitang kasulatan bilang orihinal na kapahayagan kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Hindi ito kailanman mababago at mabaluktot.

Ang Qur'an at ang iba pang mga kasulatan ni Allah, ang Kataas-taasan, ay hindi katulad ng ibang mga aklat. Ang mga ito ay hindi lamang mga salaysay ng mga pangyayaring pangkasaysayan, mga opinyong mapagtatalunan, o aliwan. Ito ay hindi lamang impormasyon; bagkus, ang kapahayagan ng Diyos ay naglalayong mag-ugat nang malalim sa puso at maging bahagi ng kaisipan, at nilalayong ipatupad.

Binabasa natin ang Qur'an para mapatnubayan. Upang makinabang sa patnubay nito, kailangang magmuni-muni at magnilay-nilay sa mga kahulugan ng Qur'an at iugnay ang mga ito sa ating mga buhay, at saka kailangan nating isagawa ang pagkaunawang natamo natin mula sa mga pahina ng Qur'an. Kung nabigo tayong pagnilay-nilayan ang Qur'an, hindi natin mauunawaan ito ni maisasabuhay ang panuntunang moral nito. Kung mabibigo tayong maisagawa ang ating naunawaan, hindi talaga tayo makikinabang sa ating kaalaman. Sinasabi ni Allah:



*“Kaya hindi ba nila pinagbubulay-bulayan ang Qur'an o sa mga puso nila ay mga pampinid ng mga ito?” (Qur'an, 47:24)*

Ang isang taong nakaaalam ng Qur'an ngunit hindi nagpapatupad ng mga aral nito ay ihinahambing ni Allah sa isang asno na nagdadala ng mga aklat. Sinasabi Niya:



*“Ang paghahalintuladsa mga pinagpasan ng Torah, pagkatapos ay hindi pinasan ito, ay tulad ng asno na pumapasan ng mga makapal na aklat. Kay saklap ng paghahalintuladsa mga taong nagpasinungaling sa mga Kapahayagan ni Allah. Si Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong lumalabag sa katarungan.” (Qur'an, 62:5)*

Nasa sangkatauhan ang dulugan ng panghuli at pangwakas na kasulatan ni Allah, ang Marangal na Qur'an, para pag-aralan, paniwalaan, sundin, at pakinabangan, hanggang sa Huling Araw, kung babaling lamang sila rito. Nagsasabi si Allah, ang Kataas-taasan:



*“Pagkatapos ay ipinamana Namin ang Aklat sa mga hinirang Namin mula sa mga lingkod Namin, ngunit mayroon sa kanilang lumalabag sa katarungan sa sarili niya, mayroon sa kanilang katamtaman, at mayroon sa kanilang nauuna sa mga kabutihan ayon sa kapahintulutan ni Allah. Iyan ay ang malaking kagandang-loob. Ang mga Hardin ng Pamamalagian ay papasukin nila ang mga iyon. Gagayakan sila roon ng mga pulseras na ginto at mga mutya. Ang kasuutan nila sa mga iyon ay sutla. Sinabinila: “Ang papuri ay ukol kay Allah na nag-alis sa atin ng lungkot. Tunay na ang Panginoon natin ay talagang Mapagpatawad, Mapagpasalamat.”” (Qur'an, 35:32-34)*

# ARALIN

# 6

## Saligan 4—Paniniwala sa mga Sugo ng Diyos

### Mga Layunin

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na

- Maipahayag ang kalikasan at layunin ng totoong Pagkapropeta;
- Masabi ang pangalan ng ilan sa maraming propeta ng Diyos sa Islam;
- Mapahalagahan ang ugnayan sa pagitan ng mga propeta ng Diyos;
- Matalos ang ginagampanang papel at awtoridad ng pangwakas na Propetang si Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya).



## Saligan 4—Paniniwala sa mga Sugo ng Diyos

Mula sa sangkatauhan, humirang ang Diyos ng ilang tao bilang Kanyang mga sugo, mga taong pinili Niya para dalisayin at parangalan ang Kanyang mensahe. Isinugo sila para ituwid ang sangkatauhan. Tungkulin naman ng mga tao na sundin sila, gaya ng sinabi ni Allah:



*“O mga anak ni Adan, kung may darating nga sa inyo na mga sugo mula sa inyo, na magsasalaysay sa inyo ng mga kapahayagan Ko, ang sinumang mangilag magkasala at nagpakatuwid ay walang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot. Ang mga nagpasinungaling sa mga kapahayagan Namin at nagmalaki sa mga ito, ang mga iyon ang mga maninirahan sa Apoy; doon sila mananatili.”*  
(Qur’an, 7:35-36)

Ang mga sugo ng Diyos ay nakatanggap ng pagsisiwalat mula sa Kanya, at sila may pananagutang ipahayag at maging halimbawa ng mensahe ng Diyos sa pinagsuguan sa kanila, ang mensahe na sambahin ang Diyos lamang. Bahagi ng papel na ginagampanan ng mga propeta ng Diyos ay magbabala at maghatid ng mga nakalulugod na balita. Sila ay ang mga propeta ng Diyos, at silang lahat ay kabilang sa Kanyang mga minamahal na lingkod.

Wala sa mga sugo o mga propeta ng Diyos na nagtataglay ng Pagkadiyos o Pagkapanginoon; at hindi natin sila sinasamba sa anumang paraan. Iginagalang at minamahal natin sila dahil minamahal sila ng Diyos at dahil matutuwid at mararangal sila. Ngunit hindi tayo dumudulog sa Diyos gamit ang pamamagitan nila sa pagsamba, ni naniniwala tayo na nagtataglay sila ng kapangyarihang nauukol lamang sa Diyos. Bagkus, naniniwala tayo sa kanila, nananalig sa mensahe na inihatid nila, at pinaninindigan natin na ang mga himala nila ay nangyari dahil sa kapa-hintulutan ng Diyos at sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan upang mahikayat ang mga tao sa pagkatotoo ng mensahe.

Ang mga propeta ni Allah ay mga normal na tao sa maraming bagay. Sila ay kumakain, umiinom, at natutulog. Sila ay namuhay at namatay. Ang marami sa kanila ay nag-asawa at nagkaroon ng mga anak, nagtatag ng mga pamilya at nagsustento sa mga ito sa pamamagitan ng sari-saring trabaho. Gaya ng lahat ng nilikha, umasa sila sa Diyos para sa patnubay sa kanila, panustos sa kanila, at mabuting kahihinatnan nila. Sinipi ng Diyos si Abraham sa Qur'an, na nagsasabi:



*“Tunay na sila ay kaaway para sa akin, maliban sa Panginoon ng mga nilalang, na lumikha sa akin at Siya ay nagpapatnubay sa akin; na Siya ay nagpapakain sa akin at nagpapainom sa akin; at kapag nagkasakit ako, Siya ay nagpapagaling sa akin; na babawi sa buhay ko, pagkatapos ay bubuhay sa akin; na pinagmimithian ko na magpatawad Siya sa akin sa mga kamalian ko sa Araw ng Paggantimpala. Panginoon ko, magkaloob Ka para sa akin ng karunungan at isama Mo ako sa mga matuwid.”(Qur'an, 26:77-83)*

Sinipi rin ng Diyos ang iba pang mga sugo Niya, na nagsasabi:



*“Sinabi sa kanila ng mga sugo nila: “Kami ay mga tao lamang tulad ninyo, subalit si Allah ay nagmamagandang-loob sa sinumang niloloob Niya mula sa mga alipin Niya. Hindi naging ukol sa amin na magdala sa inyo ng isang patunay maliban kung ayon sa kapahintulutan ni Allah. Kay Allah ay manalig ang mga mananampalataya.””*  
(Qur'an, 14:11)

Ang mga propeta ng Diyos ay matuwid sa pag-uugali, napakahusay na mga ulirang halimbawa para sa sangkatauhan. Ngunit ang nagtatangi talaga sa kanila higit sa ibang matutuwid na tao ay ang pagsisiwalat ng Diyos na ipinagkatiwala sa kanila at ang misyon na kinaharap nila. Pinuri ni Allah ang Kanyang mga propeta sa Qur'an, na nagsasabi:

“Iyan ay ang patunay Namin na ibinigay Namin kay Abraham laban sa mga kalipi niya. Nag-aangat Kami ng mga antas ng sinumang loloobin Namin. Tunay na ang Panginoon mo ay Marunong, Maalam. Ipinagkaloob Namin sa kanya sina Isaac at Jacob, na kapwa pinatnubayan Namin. Kay Noe ay nagpatnubay Kami noon at gayon din sa kabilang sa mga supling niya na sina David, Solomon, Job, Jose, Moises, at Aaron. Ganyan Namin ginagantihan ang mga gumagawa ng maganda. Sina Zacarias, Juan, Jesus, at Elias ay lahat kabilang sa matutuwid. Sina Ismael, Eliseo, Jonas, at Lot ay lahat itinangi Namin sa mga nilalang.”(Qur’an, 6:83-86)

Ang mga propeta ay pinarangalan at itinaas higit sa buong sangkatauhan sa kanilang kalagayang espirituwal. Gayunman, sila ay mayroon ding katulad na pangunahing tungkulin at layunin sa buhay, gaya ng lahat ng iba pang mga tao, na sambahin ang Diyos lamang. Nagsasabi si Allah hinggil sa Kanyang mga propeta:

“Ngunit kung sakaling nagtambal sila kay Allah ay talagang nawalan na sana ng kabuluhan para sa kanila ang anumang ginagawa nila noon.”(Qur’an, 6:88)

Ang mga propeta at ang mga sugo ng Diyos ay tumanggap ng pagsisiwalat na hindi natanggap ng iba sa sangkatauhan, at humarap nang buong tapang sa madalas na nakapanghihinang-loob na misyon na ihatid ang mensahe ng Kaisahan ng Diyos sa sangkatauhan. Sa ibang mga bagay, gayunman, sila ay mga taong gaya ng ibang mga tao. Sinasabi niAllah:

“Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa kundi ng mga lalaki na nagsiwalat Kami sa kanila.”(Qur’an, 16:43)

“Sabihin mo: “Ako ay hindi isang bago mula sa mga sugo at hindi ko nababatid ang gagawin sa akin ni sa inyo. Wala akong sinusunod kundi ang isiniwalat sa akin at walang iba ako kundi isang tagapagbabalang naglil-inaw.””(Qur’an, 46:9)

Ang ilan sa mga propeta ay nakatanggap ng mensahe ng Diyos sa huling bahagi ng buhay, ang mga iba naman ay sa napakaagang bahagi ng kanilang buhay. Halimbawa, si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay naging isang sugo ng Diyos sa gulang na apatnapo, samantalang si Propeta Jesus (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay isang sugo mula ng isilang, at kumausap sa tao mula ng kamusmusan.

Bawat propeta ng Diyos ay naghatid ng magkatulad na pangunahing mensahe, ang mensahe ng Kaisahan ng Diyos, at ang utos na ilaan ang sarili sa Kanya lamang sa pagsamba, gumawa ng matuwid, at iwaksi ang kataksilan. Sinabi ni Allah, ang Kataas-taasan:



*“Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na nagsasabi: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan.”” (Qur’an, 16:36)*



*“Nagdaan na ang mga tagapagbabala noong wala pa siya at noong wala na siya, na nagsasabi: “Huwag kayong sumamba kung hindi kay Allah; tunay na ako ay nangangamba para sa inyo sa pagdurusang sa isang sukdulang araw.”” (Qur’an, 46:21)*

Bawat propeta ay naghatid ng mga nakalulugod na balita ng Paraiso at pagtanggap ng Diyos sa mga mananampalataya at nagbanta sa mga tumatangging sumampalataya na kung hindi sila magsisisi at magpapakatuwid ay pananagutin sila ng Diyos sa mga nagawa nila.

Ang ilan sa mga propeta ay may maraming tagasunod, ang mga iba naman ay may kakaunti, at ang mga iba pa ay wala. Ang bawat propeta ng Diyos ay may mga katunggali, mga kaaway na hindi lamang nagkaila sa mensahe ng Diyos bagkus nagpakalabis pa at marahas na sinalungat ang sugo nito. Sinabi ni Allah:



*“Ganyan Kami gumawa para sa bawat propeta ng kaaway na mga demonyo na tao at jinn, na nag-uudyok ang ilan sa kanila sa iba pa ng pinalamutihang pananalita bilang panlilinlang.” (Qur’an, 6:112)*

Ang marami sa mga propeta ng Diyos ay inalipusta, itinaboy mula sa kanilang mga bayan, sinaktan, at may pinatay pa dahil sa kanilang paniniwala sa Isang Diyos at dahil sa kanilang panawagang ituwid ang lipunan. Ang pagtatakwil ng lipunan at ang pang-aapi ay tiniis ng mga propeta nang may pagpapaumanhin at matatag napag-asa sa saklolo ng Diyos. Sinipi ni Allah ang Kanyang mga sugo, na nagsasabi:



*“Talagang magtitiis nga kami sa anumang pamiminsala ninyo sa amin. Kay Allah ay manalig ang mga nananalig.”  
(Qur’an 14:12)*

Ang ilang propeta ay nagtamo ng tagumpay sa mundong ito at kapangyarihang pulitikal; ang iba naman ay hindi. Ang lahat ng mga propeta at ang kanilang mga tagasunod sa bandang huli ay ang mga matagumpay, yamang sila ay mga tagapagmana ng lugod sa Paraiso, maging anuman ang mga pasakit at mga kasawiang dumadapo sa kanila sa buhay sa mundo sa mga kamay ng mga katunggali.

Mayroong pagkarami-raming propeta at maraming sugo. Hindi natin nalalaman ang lahat ng mga pangalan at mga kasaysayan nila, ngunit may ilang tanyag na propeta at sugo na isinalaysay sa Qur’an. Sinabi ni Allah:



*“Talagang nagsugo na Kami ng mga sugo noong wala ka pa; mayroon sa kanila na isinalaysay Namin sa iyo at mayroon namang hindi Namin isinalaysay sa iyo.” (Qur’an, 40:78)*

Ang bilang ng mga propeta ng Diyos ay nasa 124,000 at ang bilang ng mga sugo sa kanila ay higit sa 300 lamang, ayon sa isang pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ayon sa pagkakatala ni Imam Ahmad. Ang isang propeta ay nakatanggap ng isang pagsisiwalat mula sa Diyos at inihahatid ito sa mga tao; ang isang sugo naman, karagdagan dito, ay nabigyan pa ng isang bago sa mensahe, gaya ng mga bagong batas.

Mayroong isang natatanging ugnayan sa pagitan ng lahat ng mga propeta ng Diyos, ngunit ang isang talagang natatanging ugnayan ay sa pagitan nina Jesus at Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanila).

). Si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi: “Ako ang pinakamalapit sa mga tao kay Jesus na anak ni Maria sa mundo at kabilang-buhay. Ang mga propeta ay magkakapatid sa ama: ang mga ina nila ay sari-sari at ang relihiyon nila ay iisa.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim). Ang kaisahan ng kanilang mga mensahe at mga misyon ay nag-ugnay sa mga propeta ng Diyos sa isang kapatiran, kaya naman sila ay nagkabukluran sa mga kasaysayan ng isa’t isa sa mundo at sa kabilang-buhay.

Ang unang nakatanggap ng makalangit na pagsisiwalat ay si Propeta Adan. Gayunman, siya ay isang propeta at hindi isang sugo. Ang unang kalipunan na lubhang naligaw para mangailangan ng isang sugo na may dalang mensahe ay ang kalipunan ni Propeta Noe. Kaya ang unang propeta sa sangkatauhan ay si Propeta Noe at ang huling sugo ay si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanila), gaya ng sinabi ni Allah:



*“Tunay na Kami ay nagsiwalat sa iyo gaya ng pagsiwalat Namin kay Noe at sa mga propeta noong wala na siya.”  
(Qur’an, 4:163)*

Ang panghuli at ang pangwakas na mensahe ay ibinigay kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya), at siya rin ang panghuli at ang pangwakas na sugo ng Diyos. Tinatawag ni Allah si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) bilang ang Katapusan sa mga Propeta. Sinabi ni Allah:



*“Si Muhammad ay hindi ang ama ng isa sa mga kalalakihan ninyo bagkus ang Sugong ni Allah at ang katapusan sa mga Propeta. Si Allah sa bawat bagay ay laging Maalam.”  
(Qur’an, 33:40)*

Wala nang mga propeta at mga sugo pagkatapos ni Propeta Muhammad, maliban kay Propeta Jesus<sup>18</sup> (ang kapayapaan at pagpala ni Allah ay sumakanila) na babalik sa mundo para tapusin ang nalalabi sa buhay niya at para sagipin ang mga tagasunod ni Propeta Muhammad sa isinumpang Antikristo, Ad-Dajjāl sa Arabe, ang Bulaan. Gayunman, ang pagbabalik ni Propeta Jesus ay hindi maghahatid ng bagong mensahe o anumang mga pagbabago sa relihiyong Islam kung papaanong itinuro ito ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpala ni Allah ay sumakanila). Ang mensahe ay ganap, lubos, at pangwakas. Sinasabi ni Allah:



*“Sa araw na ito ay nilubos Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, binuo Ko sa inyo ang pagpapala Ko at kinalugdan Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon.” (Qur’an, 5:3)*

Dagdag pa, ang pangwakas na mensahe ay para dulugan ng buong sangkatauhan, at si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay para din naman dulugan ng buong sangkatauhan. Binanggit ni Allah ang pagiging pandaigdigan ng Kanyang pangwakas na mensahe at Kanyang pangwakas na sugo, na nagsasabi:



*“Napakamapagpala Niya na nagpababa sa Pamantayan sa lingkod Niya upang ito sa mga nilalang ay maging isang tagapagbabala.” (Qur’an, 25:1)*

Makatwiran na ang isang pangwakas na mensahe ay kailangang mapangalagaan, dahil kung hindi, ang mga tao sa mga hinaharap na salinlahi ay hindi magkakaroon ng patas na pagkakataong masunod ang wastong patnubay. Tiyak na sila ay magiging ligaw sa espirituwalidad at hindi makakakayang gumanap sa layunin nila sa buhay. Talaga ngang nangako ang Diyos na pangangalagaan ang Kanyang panghuli at pangwakas na kasulatan. Gayon din naman, ang pagkaunawa at ang pagtupad sa kasulatang iyon ay napangalagaan sa pamamagitan ng pangangalaga sa “Sunnah”, ang kalipunan ng mga pahayag at talambuhay ni Propeta Muhammad.

<sup>18</sup> Inilarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang ikalawang pagdating ni Propeta Jesus, na nagsasabi: “Lalabas ang Antikristo sa kalipunan ko at mananatili ng apatnapo--apatnapung araw o apatnapung buwan o apatnapung taon. Ipadadala ni Allah si Jesus na anak ni Maria na para bang siya ay si ‘Urwah na anak ni Mas’ūd. Tutugisin nito (Jesus) ito (ang Antikristo) at pupuksain niya ito. Pagkatapos ay mananatili ang mga tao nang pitong taon na walang pag-aaway sa pagitan ng dalawang tao.” (Isinalaysay ni Imam Muslim). Sinabi pa ng Propeta: “Bababa sa inyo ang Anak ni Maria bilang isang hukum na makatarungan. Sisirain niya ang krus, papatayin niya ang baboy, at aalisin niya ang jizyah (buwis ng mga di-Muslim). Mananagana ang yaman hanggang sa walang isang tatanggap nito.” (Isinalaysay ito nina Imam Bukhari at Imam Muslim).

Ang Sunnah ay ang pamamaraan ni Propeta Muhammad, na binigyang-pakahulugan ng mga pantas ng mga Islamikong pag-aaral na sumasaklaw sa kanyang(1) mga pahayag, (2) mga ginawa, at(3) mga sinang-ayunan nang patahimik. Iyan ay dahil sa hindi siya nagsalita kung hindi ang katotohanan, hindi gumagawa kung hindi ayon sa kabutihan, at hindi nakasasaksi ng maling gawa nang hindi tumututol at binabago ito kung makakaya niya.

Ang Sunnah ay isang mapananaligang pinaghahanguan ng pagbabatas sa relihiyong Islam, kung papaano ring ang mga kahatulan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)ay mapananaligan noong nabubuhay pa siya. Inatasan ni Allah ang sangkatauhan na sundin at talimain si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Sinasabi niAllah:



*“O mga sumampalataya, tumugon kayo kay Allah at sa Sugo kapag tinawag niya kayo sa nagpapabuhay sa inyo. Alamin ninyo na si Allah ay humaharang sa pagitan ng tao at puso nito at na sa Kanya kayo titipunin.” (Qur’an, 8:24)*



*“Sabihin mo: “Tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo; ngunit kung tumalikod kayo, ang pananagutan niya lamang ay ang iniatang sa kanya at ang pananagutan ninyo ay ang iniatang sa inyo. Kung tatalima kayo sa kanya, mapapatnubayan kayo. Walang pananagutan ang Sugo kundi ang pagpaparating na naglilinaw.””(Qur’an, 24:54)*

Ang awtoridad niPropeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) at ng Kanyang Sunnah ay nagbuhat sa kalikasan ng pagkapropeta. Bilang isang propeta, ang kanyang mga salita at mga utos hinggil sa mga kapakanang panrelihiyon ay nanggagaling sa pagsisiwalat mula sa Diyos, hindi mula sa kanyang mga pansariling kapritso o mga pamali-maling pantaong kapasyahan. Inilarawan niAllah ang makalangit na pagsisiwalat na ipinampatnubay niPropeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) sa mga tao. Sinabi Niya:





*“Ang kasamahan ninyo ay hindi naligaw o nalisya. Hindi siya bumibigkas ayon sa kapritso. Ito ay isang pagsisiwalat lamang na isiniwalat sa kanya.” (Qur’an, 53:2-4)*

## ARALIN 6

*Saligan 4—Paniniwala sa mga Sugo ng Diyos*

Mayroong maraming pangyayaring inilarawan sa mga sanaysay ng Sunnah na nagpapakahulugan sa isiniwalat na pananalitang ito. Halimbawa, napapansin magkaminsan ng mga Kasamahan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) na siya ay natitigilan, pinagpapawisan, na para bagang nakatatanggap ng pangungusap mula sa Diyos, bago niya sagutin ang isang tanong. Dagdag pa rito, ang ilan sa mga propesiya na sinabi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay hindi napaloloob sa mga pahina ng Marangal na Qur’an bagkus bahagi ng Sunnah, at talagang nagkatotoo ang mga ito, na nagpapakita na ang mga ito ay bahagi ng makalangit na pagsisiwalat. Kung nagkataong si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay buhay pa ngayon at nakatagpo natin siya, tiyak na pagtutuunan natin ng masusing pansin ang masasabi niya. Kaya pinagtutuunan din natin ng masusing pansin ang mga tunay na salaysay sa Sunnah.

Mahalagang mapansin na ang Sunnah ay isang malawakang kalipunan ng mga nakatalang ulat sa ngayon, na pinag-aaralan ng mga dalubhasa sa mga agham pang-Islam at napangalagaan nang mabusisi magmula noong nabubuhay pa si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Sa kasamaang-palad, gayunman, may mga panahon ng katiwalian sa kasaysayan ng daigdig ng Islam na nakasaksi ng malaking bilang ng mga gawa-gawang salaysay na iniugnay kay Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Kinakailangan samakatuwid para sa isang Muslim na siyasatin ang pinanggalingan ng salaysay, ibig sabihin, kung sino ang nagtala ng pahayag, upang mapanaligan lamang ang mga tumpak na sanaysay ng Sunnah at upang maiwasan ang mga gawa-gawang nakaliligaw. Ang pag-aalis ng huwad mula sa tunay na mga sanaysay ng Sunnah ay isang mahalagang tungkuling ginagampanan ng mga pantas, isang pagpupunyaging binalikat ng libu-libong teologong Muslim sa buong panahon ng Islam. Kahit sa ngayon, may mga pantas na naglalaan ng mga sarili sa kaugalian ng pagsiyasat sa pinanggalingan ng sanaysay at pagpupunyaging mapatunayan ito. Sa kabutihang-palad, ginawang madali para sa atin ng mga pantas, bilang mga karaniwang tao, na makamtan ang kaalamang ito sa pamamagitan ng pagtipon ng mga tumpak (Sahih sa Arabe) na sanaysay at gayon din ng ilang laganap na gawa-gawang sanaysay sa magkakahiwalay ng mga lathalain.

## ARALIN 6

*Saligan 4—Paniniwala sa mga Sugo ng Diyos*

Ang maraming Muslim, lalo na ang mga pumasok sa Islam mula sa ibang mga relihiyon, ay masigasig na malaman ang tungkol sa mga buhay ng mga propeta ng Diyos. Bagaman nalalaman natin ang maraming detalye tungkol sa buhay ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya), kung ihahambing mayroon lamang kakaunting naitala tungkol sa ibang mga propeta ng Diyos sa pamamagitan ng mga napangalagaang sanaysay mula sa kanilang mga tagasunod. Sa katunayan, sa kaso ng nakararami sa mga nagdaang propeta ni Allah, ang Kataas-taasan, walang dedikadong mga buhay na tagasunod na nagsalaysay ng mga kasaysayan ng mga iyon. Salamat na lamang, ang Qur'an at ang Sunnah ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay naglalaman ng ilang salaysay na nakapagtuturo ng mabuti mula sa mga buhay ng mga propeta ng Diyos. Kumalap tayo ng ilang gayong sipi sa Apendese B. Para sa isang higit na puspusang katipunan, iminumungkahi namin ang *Stories of Prophets* ni Ibnu Katheer, na naisalin na sa Ingles ng International Islamic Publishing House.

# ARALIN

# 7

## Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

### Mga Layunin

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na

- Mabigyang-kahulugan ang kamatayan;
- Maitala ang mga baytang na nilalakbay ng kaluluwa pagkatapos ng kamatayan;
- Matukoy ang mga pangunahing pangyayari sa Araw ng Paghuhukom.

## Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

Ang lahat ng mga tao ay kumikilala na ang buhay sa mundong ito ay magwawakas. Ang kamatayan ay isang katotohanan, na kinikilala ng bawat matinong taong nasa hustong gulang. Sa paglipas ng bawat araw, napapalapit tayo roon. Kaya, likas lamang, ang mga tao sa buong kasaysayan ng tao ay nagmumuni-muni sa pinakapangunahing pampilosopiyang tanong: Ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan?

Para sa ilang kultura, gaya ng kultura ng paganong Arabya noong panahon ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya), ang sagot na naabot nila ay: “Wala; ang katawan ng mga tao ay nagiging alabok at iyan ang wakas nila.” Resulta ng paniniwalang ito, wala silang inihanda para sa kabilang-buhay. Para naman sa ibang mga kultura, gaya ng matandang kulturang Ehipsiyo noong panahon ng mga Paraon at ng matandang kulturang Griyego at Romano, naniniwala sila sa isang anyo ng kabilang-buhay o isang mundong ilalim na umiinog sa sari-saring diyos nila. Naghanda sila para sa kasunod na mundong ito sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga piramede at ibang mga libingan, na nalagyan ng mga kakailanganin para “mabuhay” pagkatapos ng kamatayan. Para sa mga pananampalatayang maka-Abraham, Judaismo, Kristiyanismo, at Islam—ang sagot ay tatlo: (1) mayroong Araw ng Paghuhukom; (2) mayroong Paraiso para sa mga mananampalataya; at (3) mayroong hatol na apoy ng Impiyerno para sa mga di-sumasampalataya. Naghanda tayo para sa ating kabilang-buhay sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ating mga budhi, pagdadalisay ng ating pananampalataya, pagsasagawa ng mabubuting gawa, at pag-iwas sa kasalanan.

Ang mga kalagayan ng buhay pagkatapos ng kamatayan ay nakalingid sa mata ng tao ngunit nalalaman natin ang tungkol sa mga iyon sa pamamagitan ng kapahayagan ng Diyos. Ano ang nangyayari sa kaluluwa, antas sa antas, mula sa huling sandali ng hininga at pagkatapos. Ang Qur’an at ang Sunnah ay naglalaman ng maraming detalyadong paglalarawan ng mga pangyayari na nagaganap sa kaluluwa matapos nitong lisanin ang katawan. Heto ang iilan lamang:

*Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay*

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkalakad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

## Ang Kamatayan

Ang kamatayan ay isang hindi maiwasang kahahantungan, na itinakda ni Allah at isinulat bago pa nilikha ang isang tao. Sinasabi ni Allah:



*“Hindi para sa isang tao na mamatay malibang ayon sa kapahintulutan ni Allah ayon sa takdang tinaningan. Ang sinumang nagnanais ng gantimpala sa Mundo, magbibigay Kami sa kanya mula rito. Ang sinumang nagnanais ng gantimpala sa Kabilang-buhay, magbibigay Kami sa kanya mula roon. Gagantihan Namin ang mga nagpapasalamat.” (Qur’an, 3:145)*



*“Ang bawat kaluluwa ay makatitikim ng kamatayan.” (Qur’an, 3:185)*

Ang katotohanang ito at ang katiyakan nito ay hindi nangangailangan ng maraming patunay, yayamang napapansin ito sa pang-araw-araw na buhay. Ang hindi natin napapansin ay ang dinaranas ng kaluluwa sa pagpasok nito sa nakalingid na mundo ng kabilang-buhay, ang paghiwalay ng kaluluwa mula sa katawan, ang malaking paglisan. Para sa impormasyong iyan ay lubusan tayong umaasa sa kapahayagan mula kay Allah.

Ang kamatayan ay hindi lamang nangangahulugan na ang tibok ng puso ay tumigil o ang kasiglahan ng utak ay huminto sa pagkatala sa isang monitor. Bagkus, ang kamatayan ay kapag ang kaluluwa ay humiwalay mula sa katawan. Ang tungkulin ng pagkuha ng kaluluwa palabas ng katawan ng tao sa sandali ng kamatayan ay gawain ng mga anghel ng kamatayan. Sila ay mababagsik, nasusuklam, at nakasisindak sa pakikitungo sa kaluluwa ng isang masamang-loob.

Inilarawan ni Allah ang nagaganap na pagkuha ng mga anghel sa kaluluwa ng isang mananampalataya, na nagasabi:

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan

- Ang Libingan

- Ang Araw ng Paghuhukom

- Ang Pag-ihip sa Tambuli

- Ang Muling Paglikha

- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay

- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos,

ang Timbangan

- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa

mga Tumangging Sumampalataya

- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa

mga Mananampalataya

- Ang Tawiran ng mga Mananam

palataya

- Ang Kapatagan ng Gantihan mga

Mananampalataya

- Ang Paraiso at ang Impiyerno

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan

- Ang Libingan

- Ang Araw ng Paghuhukom

- Ang Pag-ihap sa Tambuli

- Ang Muling Paglikha

- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay

- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos,

ang Timbangan

- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya

- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya

- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya

- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya

- Ang Paraiso at ang Impiyerno

“na mga kukunin ng mga anghel habang mga mabuti sila, na nagsasabi: “Kapayapaan ay sumainyo. Pasukin ninyo ang Paraiso dahil sa ginagawa ninyo noon.””(Qur’an, 16:32)

Inilalarawan Niya ang sandali ng kamatayan kapag dumating ito sa masamang-loob, na sinasabi:

“Kaya papaano na kapag kinuha sila ng mga anghel habang pinapalo sila sa mga mukha nila at mga likod nila. Iyan ay sapagkat sumunod sila sa kung ano ang ikinapoot-ni Allah at kinasuklaman nila ang kaluguran Niya, kaya pinawalang-saysay Niya ang mga gawa nila.”(Qur’an, 47:27-28)

“Tunay na ang mga kinuha ng mga anghel habang lumalabag sa katurangan sa mga sarili nila ay sasabihan ng mga anghel:“Nasa ano ang kalagayan ninyo noon?” Magsasabi sila:“Kami noon ay mga sinisiil sa lupa.” Magsasabi ang mga anghel:“Ang lupa ni Allah ba ay hindi malawak upang lumikas kayo roon sa ibang bahagi?””(Qur’an, 4:97)

Ang kamatayan ay ang katapusan ng mabubuti o masasamang gawain, maliban sa mga nagpapatuloy na gawain, ibig sabihin: ang mga gawaing may mga kinahihinatnang nagpapatuloy matapos ang kamatayan. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring magpalaki ng isang matuwid na bata, na magdarasal para sa kanya kapag namatay na siya, at iyan ay makabubuti sa taong namatay. Sinabi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Kapag namatay ang tao, napuputol sa kanya ang gawain niya maliban sa tatlo: maliban sa kawanggawang nagpapatuloy, o kaalamang pinakikinabangan, o anak na matuwid na nananalangin para sa kanya.”(Isinalaysay ni Imam Muslim).

## ARALIN 7

*Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay*

*- Ang Kamatayan*

*- Ang Libingan*

*- Ang Araw ng Paghuhukom*

*- Ang Pag-ihip sa Tambuli*

*- Ang Muling Paglikha*

*- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay*

*- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos,*

*ang Timbangan*

*- Ang Pagkalahad sa Impiyerno sa*

*mga Tumangging Sumampalataya*

*- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa*

*mga Mananampalataya*

*- Ang Tawiran ng mga Mananam*

*palataya*

*- Ang Kapatagan ng Gantihan mga*

*Mananampalataya*

*- Ang Paraiso at ang Impiyerno*

Kabaliktaran naman nito, ang isang tao ay maaaring makagawa ng isang masamang gawa na may nakaaapekto pa rin kahit matagal na siyang namatay. Makaiipon siya ng parami nang paraming kasalanan dahil sa isang masamang nagawa kahit matapos magwakas ng buhay niya. Halimbawa, ang anak ni Adan na pumatay sa kanyang kapatid ay tumatanggap ng kasalanan sa bawat pagpatay na nagagawa sa mga tao dahil siya ang naunang gumawa ng pagpatay at ang kanyang kaaba-abang halimbawa ay nagtatag ng isang masamang kalakaran sa sangkatauhan. Sinabi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Kapag may pinapatay na isang tao dahil sa paglabag sa katarungan, ang unang anak ni Adan ay may isang pananagutan sa buhay nito dahil siya ang una sa nagpauso ng pagpatay.” (Isinalaysay ni Imam Bukhari).

Sa paghihinalo, ang isang Muslim ay hinihimok na ipinid ang buhay sa pamamagitan ng pagbigkas ng pagsaki sa pananampalataya: *Lā ilāha illa Allāh* (Walang Diyos kundi si Allah). Sa katunayan, habang nabubuhay pa, idinadalingin natin kay Allah ang tinatagurian ng mga pantas na “kagandahan ng katapusan” at iyan ay nangangahulugang ang mamatay sa kalagayan ng paggawa ng matuwid na gawain at hindi sa isang paggawa ng kasalanan. Sinabi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Ang sinumang ang huling pananalita niya ay *Lā ilāha illa Allāh* (Walang Diyos kundi si Allah) aypapasok sa Paraiso.” (Isinalaysay nina Imam Ahmad, Imam Abu Dawud, at Imam Hakim).

### Ang Libingan

Ang libingan ay isang baytang sa pagitan ng kamatayan at Araw ng Paghuhukom. Ang bangkay ng isang Muslim ay pinaliliguan, dinadasalan, at ihinahatid sa libingan niya. Samantalang nasa daan patungo sa libingan, ang kaluluwa ng isang matuwid na tao ay nananabik na dumating sa lugod ng libingan, ang tuwa na nagsisimula sa libingan at nagpaparamdam ng darating na lubos na kasiyahan sa Paraisong walang hanggan. Ang isang di-matuwid na tao, sa kabilang dako, ay nasusuklam na ilibing, nagsisisi kung bakit nabuhay pa, at nagmimithing hindi na sana siya isinilang, yamang nalalaman niya na ang parusa ay malapit nang magsimula, isang pagdurusang hindi magtatapos. Iminungkuhi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) na madaliin ang bangkay sa libingan.

## ARALIN 8

*Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay*

*- Ang Kamatayan*

*- Ang Libingan*

*- Ang Araw ng Paghuhukom*

*- Ang Pag-ihip sa Tambuli*

*- Ang Muling Paglikha*

*- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay*

*- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos,  
ang Timbangan*

*- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa  
mga Tumangging Sumampalataya*

*- Ang Batis ng "Kawthar" Para sa  
mga Mananampalataya*

*- Ang Tawiran ng mga Mananam  
palataya*

*- Ang Kapatagan ng Gantihan mga  
Mananampalataya*

*- Ang Paraiso at ang Impiyerno*

Tungkol naman sa di-matuwid na tao, dapat ding maging mabilis ang mga tao sa paglilibing nito dahil ikagagalak nila na maalisan ng karumihang espirituwal. Nagsabi ang Propeta (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): "Bilisan ninyo ang paglilibing sapagkat tunay na kung ito ay matuwid, mabuti iyon na ipinagpapauna ninyo; kung iyon naman ay iba pa roon, masama iyon na inalis ninyo sa mga sarili ninyo." (Isinalaysay nina Imam Bukhariat Imam Muslim).

Sa libingan, tinatanong ng mga anghel ang patay. Nagtatanong sila ng tatlong mahalagang tanong: (1) Sino ang Panginoon mo? (2) Sino ang propeta mo? at (3) Ano ang relihiyon mo? Sasagot ang tao alinsunod sa kanyang pananampalataya noong nabubuhay pa, at hindi siya makapagpipigil na sumagot sa gayong paraan. Ang matuwid na tao ay sasagot na Si Allah ay Panginoon niya, si Muhammad ay Propeta niya, at ang Islam ay relihiyon niya. Sa puntong iyan, makikita niya ang kalalagyan niya sa Paraiso na nakalatag sa harap niya habang nasa libingan pa, at may isang nakatutuwang kapiling na papasok sa libingan kasama niya. Ang taong iyon ay magtatanong: "Sino ka?" Sasagot ang kasama na siya ay mabubuting gawa na ginawa nito sa buhay sa mundo.

Sa kabilang dako, ang di-matuwid na tao ay mauutal at magsasabi: "Hindi ko nalalaman" bilang tugon sa pagtatanong sa kanya. Hahampasin siya ng anghel ng nakapangingilabot na mga hagupit. Ang Impiyerno ay ilalatag sa harap niya sa libingan. May papasok sa libingan na isang abang kasama, na kumakatawan sa mga makamundong gawa.

Ang isang tao ay maaaring parusahan sa libingan dahil sa paulit-ulit na kasalanan noong nabubuhay pa, bagamat bandang huli ay papasok siya Paraiso dahil naniwala naman siya sa Diyos at sa Kanyang mga sugo. Ang parusa sa libingan ay higit na maliit na parusa kung ihahambing sa parusa sa Impiyerno, at maaari itong ipambayad-sala at magdalisay sa tao upang makaiwas siya sa higit na malaking parusa ng Impiyerno.



## Ang Araw ng Paghuhukom

Tinatawag din ang Araw ng Pagtutuos, ang Huling Araw, ang Oras, ang Araw ng Pagkabuhay—ang Araw ng Paghuhukom ay kasunod ng pagkawasak ng mundong ito. Sinasabi niAllah:



*“Bawat sinumang nasa ibabaw ng lupa na ito ay malilipol, at mananatili ang Mukha ng Panginoon mo, ang pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparangal.”  
(Qur’an, 55:26-27)*

Ang Araw ng Paghuhukom, o ang Huling Araw, ay ang huling araw ng pag-iral bago magsimula ang walang hanggan, ang huling araw bago pumasok ang mga kaluluwa ng tao at jinn sa kalalagyan nila sa Paraiso at Impiyerno. Ang bawat isa mula sa bawat panahon at bawat lugar, ang bawat isang tao na nalikha ay muling lilikhain at muling bubuhayin. Bawat tao ay haharap sa kanyang talaan. Ang Diyos ay ang Hukom sa araw na iyon. Sa katunayan, ang Kanyang paghahari sa Araw ng Paghuhukom ay kabilang sa unang paglalarawang inilalahad Niya tungkol sa Kanyang sarili sa pambungad na mga talata ng Qur’an. Sinasabi Niya:



*“Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, ang Napakamaawain, ang Maawain, ang Nagmamay-ari ng Araw ng Paggagantimpala.” (Qur’an, 1:2-4)*

Tatanggapin Niya sa Paraiso ang sinumang kinalulugdan Niya at ibubulid Niya sa Impiyerno ang sinumang kinalulugdan Niya, ayon sa Kanyang makalangit at ganap na paghuhukom at katarungan. Ito ay isang nakasisindak na reyalidad, isang bagay na isinasaisip ng bawat mananampalataya upang makatagpo niya ang Kanyang Panginoong Kataas-taasan nang may isang malinis na talaan ng mga gawa at isang dalisay na puso ng pananampalataya.

Ang mga mangyayari sa Araw ng Paghuhukom na inilarawan sa Qur’an at Sunnah ay marami. Kabilang sa mga ito, ang sumusunod aymga pangunahing mangyayari:

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananampalataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
  - Ang Pag-ihip sa Tambuli
  - Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng "Kawthar" Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

## Ang Pag-ihip sa Tambuli

May isang anghel na ihip sa tambuli, na maghuhudyat sa pagsisimula ng Araw ng Paghuhukom. Sa unang pag-ihip, ang lahat ng mga nabubuhay na nilikha ay mamamatay, maliban sa pipiliin ni Allah na hindi mamatay<sup>19</sup>. Sa ikalawang pag-ihip, ang mga hayop at ang mga tao ay panunumbalikan ng buhay. Binanggit ni Allah ang pag-ihip ng tambuli sa Qur'an, na sinasabi:



*"Ihip sa tambuli kaya mamamatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa, maliban sa sinumang niloob ni Allah na mabuhay. Pagkatapos ay ihip dito muli at walang-anu-ano sila ay mga nakatayo, na naghihintay." (Qur'an, 39:68)*



*"Wala silang hinihintay kundi isang sigaw na kukuha sa kanila habang sila ay nagtatalo. Kaya hindi nila makakayang magtagubilin at hindi sila babalik sa maganak nila. Ihip sa tambuli kaya walang anu-ano sila mula sa mga puntod patungo sa Panginoon nila ay magdadalidali." (Qur'an, 36:49-51)*

## Ang Muling Paglikha

Ang muling pagkabuhay matapos ang kamatayan ay isang bahagi ng mensahe ng Islam na higit na pinagdudahan ng mga paganong Arabe noong panahon ng pangangaral ni Propeta Muhammad. Kaya naman, mayroong maraming talata ng Qur'an na tumatalakay sa muling pagkabuhay, na naglalahad sa katotohanan nito, na mahusay na naghahambing dito sa muling pagkabuhay ng tigang na lupa kapag bumubuhos ang ulan, na nangangatwiran sa pangangailangan dito, na tumutukoy sa kakayahan ni Allah na muling likhain ang dati na Niyang nilikha. Sinasabi ni Allah:



*"Sumpain ang tao; napakapalatangging sumampalataya nito! Mula sa aling bagay nilikha Niya ito? Mula sa patak ng punlay, nilikha Niya ito at tinakdaan Niya ito. Pagkatapos ang landas ay pinadali Niya para rito. Pagkatapos ay binawian Niya ito ng buhay at ipinalibing Niya ito. Pagkatapos kapag niloob Niya, bubuhayin Niya ito." (Qur'an, 80:17-22)*

<sup>19</sup> Hindi natin kilala, yamang hindi naman ipinahayag, kung sino ang tinutukoy ng maliban. May isang pahayag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) na nagpapahiwatig na si Propeta Moises (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay maaaring isa sa kanila. Sinabi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): "...tunay na ang mga tao ay mamamatay at ako ang una sa magkakamalay. Walang anu-ano si Moises ay nakahawak sa gilid ng Trono at hindi ko nalalaman kung siya ba ay kabilang sa namatay at nagkamalay bago ako o kabilang sila sa mga itinangi ni Allah na hindi mamatay." (Ang isang katulad na salaysay ay matatagpuan sa isinalaysay ni Imam Bukhari na magkaiba ang pananalita.)



*Niya para rito. Pagkatapos ay binawian Niya ito ng buhay at ipinalibing Niya ito. Pagkatapos kapag niloob Niya, bubuhayin Niya ito.”(Qur’an, 80:17-22)*



*“Inaakala ba ng tao na hindi Namin titipunin ang mga buto niya? Oo; nakakaya pa Namin na buuhin<sup>20</sup> ang mga dulo ng daliri niya.” (Qur’an, 75:3-4)*



*“Sasabihin ng tao: “Kapag namatay ba ako ay talagang ilalabas akong buhay?” Hindi ba naaalaala ng tao na Kami ay lumikha sa kanya noon samantalang siya noon ay hindi isang bagay?” (Qur’an, 19:66-67)*



*“Inaakala ba ng tao na iiwan ito na pinababayaan? Hindi ba ito noon ay isang patak mula sa punlay na ibinubuhos? Pagkatapos ito ay naging isang dugong namuo, pagkatapos nilikha Niya at saka binuo Niya. Ginawa Niya mula rito ang magkabiyak: ang lalaki at ang babae.” (Qur’an, 75:36-39)*



*“Siya ang nagpapadala ng mga hangin bilang mga bali-tang nakagagalak bago ang awa Niyahanggang sa, kapag nagdala na ang mga ito ng mga mabibigat na ulap, inihatid Namin ang mga ito sa isang lupaing patay. Pagkatapos ay ibinaba Namin dito ang tubig kaya nagpaluwal Kami sa pamamagitan nito ng lahat ng mga bunga. Ganyan Namin pinaluluwal ang mga patay nang sa gayon kaya ay makaalaala.” (Qur’an, 7:57)*

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

<sup>20</sup> Opanumbalikin.

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

Ang mga katawan ng mga tao sa kabilang-buhay ay magkakaroon ng anyong naiiba kaysa sa kanilang orihinal na makamundong hugis, ayon sa kanilang mga nagawa. Halimbawa, ang mga kamay, mga braso, mukha, at mga paa ng isang Muslim ay magiging makinang: mga tatak ng wudū’ para sa salāh sa buhay sa mundo. Ang isang taong tumanggi sa mensahe at mga himala na ipinadala sa kanyang panahon ay magiging bulag. Sinasabi ni Allah:



*“Ang sinumang bumaling palayo sa pag-alaala sa Akin ay tunay na magkakaroon siya ng isang masikip na pamumuhay. lipunin Namin siya sa araw ng pagbangon na isang bulag. Sasabihin niya: “Panginoon ko, bakit mo ako tinipon na bulag samantalang ako dati ay nakakikita?” SasabihinNiya: “Ganyan ka pinuntahan ng mga tanda Namin at kinalimutan mo ang mga iyon. Ganyan ngayong araw lilimutin ka.”” (Qur’an, 20:124-126)*

Ang isang aroganteng tao ay magiging maliit kung ihahambing sa iba, gaya ng isang langgam kung ihahambing sa isang tao sa mundong ito. Ang isang lalaking may dalawang asawa na hindi makatarungan sa dalawang asawa niya ay magkakaroon ng tabinging katawan. Ang isang pulubi ay magkakaroon ng mukhang nawawalan ng ilang bahagi. At iba pa. Sinabi ni Allah:



*“Kami ay nagtakda sa inyo ng kamatayan, at Kami ay hindi mauunahan na magpalit ng mga katulad ninyo at lumalang sa inyo sa anyo na hindi ninyo nalalaman.” (Qur’an, 56:60-61)*

### Ang Pagtitipon at ang Paghihintay

Ang Araw ng Paghuhukom ay tinatawag din na Araw ng Pagtitipon; sa araw na iyon, ang lahat ng mga tao, mga jinn, mga hayop, at mga anghel ay titipunin. Sinasabi ni Allah:



*“Tunay na sa nabanggit na iyon ay talagang may tanda para sa sinumang nangangamba sa pagdurusa sa Kabilang-buhay. Iyon ay araw na titipunin para roon ang mga tao at iyon ay araw na sasaksihan.” (Qur’an, 11:103)*

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

“Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling! Ito ay Araw ng Pagpapasya; titipunin Namin kayo at ang mga nauna.<sup>22</sup> Kung mayroon kayong isang pakana ay magpakana kayo laban sa Akin. Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!” (77:37-40)

Ang pook ng pagtitipon ay hindi ang mundo na nakikita natin at pinaninirahan ngayon, yayamang ang mundo ay mawawasak, bagkus ito ay isang malawak na kapatagan. Sinasabi ni Allah:

“Sa Araw na papalitan Namin ang lupa ng ibang lupa at gayon din ang mga langit, at lalantad sila kay Allah, ang Nag-iisa, ang Palalupig.” (Qur’an, 14:48)

“Tinatanong ka kanila tungkol sa mga bundok, sabihin mo: “Pasasabugin ang mga ito ng Panginoon ng isang pagsabog, saka iiwan Niya ang mga ito na isang kapatagang pantay. Hindi ka makakikita roon ng umbok ni lubak. Sa araw na iyon susundan nila ang tagaanyaya nang walang paglihis sa kanya at mananahimik ang mga tinig para sa Napakamaawain kaya wala kang maririnig kundi bulong.”(Qur’an, 20:105-108)

Ang mga tao ay tatayo at maghihintay sa pagsisimula ng paghuhukom, at ang panahong iyon ay matagal sa pakiramdam. Sinabi ni Allah:

“Aakyat ang mga anghel at ang Espiritu<sup>22</sup> sa Kanya sa loob ng isang araw na ang sukat nito ay limampung libong taon.” (Qur’an, 70:4)

Matapos tumayo, magpawis, at maghintay, makadarama ng pagkabagot sa pagsisimula ng paghuhukom. Pakiusapan nila ang isa’t isa para hilingin kay Allah na isagawa na ang paghuhukom, ngunit walang sinumang makahihiling sa Kanya kundi ang Kanyang pangwakas na sugo, si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Ang pamamagitan na iyon ay isang natatanging katangian ni Propeta Muhammad.

<sup>21</sup> O Ito ay ang Araw ng Pagbukod; titipunin Namin kayo at ang mga nauna.

<sup>22</sup> Si Anghel Gabriel.

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
  - Ang Pag-ihip sa Tambuli
  - Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
  - Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
  - Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
  - Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
  - Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
  - Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
  - Ang Paraiso at ang Impiyerno

Ito marahil ay dahil sa natatanging biyaya sa kanya na napatawad nang maaga sa Araw ng Paghuhukom ang kanyang nagdaan at hinaharap na mga kasalanan, gaya ng nabanggit ni Allah:



*“upang patawarin ka ni Allah sa anumang nauna na pagkakasala mo at anumang nahuli, lubusin Niya ang biyaya Niya sa iyo, patnubayan ka Niya sa isang tuwid na landasin.”(Qur’an, 48:2)*

Ang Pamamagitan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)

Sa Araw ng Paghuhukom, siPropeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay mamamagitan kayAllah, ang Kataas-taasan, at sa mga nilikha, para hilingin kaya Allah na simulan ang paghuhukom. Binabanggit niAllah ang paksa ng pamamagitan ng makailang uli sa Qur’an, na binibigyang-diin na ang pamamagitan ay ayon Kanyang kapahintulutan lamang. Sinasabi ni Allah:



*“Sa Araw na iyon ay hindi ipakikinabang ang pamamagitan maliban sa pinahintulutan ng Napakamaawain at sa kinalugdan Niya sa pananalita.” (Qur’an, 20:109)*

Matututunan natin ang tungkol sa pamamagitan niPropeta Muhammad mula sa isang mahabang pahayag sa kanyang mga katuruan, na mababasa ng ganito:

“Ako ang pinuno ng mga tao sa Araw ng Pagkabuhay. Nalalaman ba ninyo paanong titipunin ni Allah ang mga una at ang mga huli sa iisang kapatagan at makikita sila ng nakatingin at iparirinig sa kanila ang tagapag-anyaya? Lalapit sa kanila ang araw at magsasabi ang ilan sa mga tao: “Hindi ba ninyo nakikita kung nasa ano kayo at kung ano ang inabot ninyo? Hindi ba kayo maghahanap ng mamamagitan para sa inyo sa Panginoon ninyo” Kaya magsasabi ang ilan sa mga tao: : “Ang ama ninyo ay si Adan.” Kaya pupuntahan nila siya at magsasabi sila: “O Adan, ikaw ang ama ng sangkatauhan. Nilikha ka ni Allah sa pamamagitan ng kamay Niya. Hinipan ka Niya ng mula sa espiritu Niya. . Inutusan Niya ang mga anghel kaya nagpatirapa sila sa iyo. Pinatahan ka Niya sa Paraiso. Hindi ka ba mamamagitan para sa amin sa Panginoon mo?”

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkalahad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

Hindi mo ba nakikita kung nasa ano kami at kung ano ang inabot namin?” Kaya magsasabi siya: “Ang Panginoon ko ay nagalit ng galit na hindi Siya nagalit bago nito ng tulad nito at hindi Siya magagalit pagkatapos nito ng tulad nito. Ipinagbawal niya sa akin ang bawal na puno ngunit sinuway ko Siya. [Maligtas nawa] ang sarili ko, ang sarili ko! Pumunta kayo sa iba sa akin; pumunta kayo kay Noe.” Kaya pupunta sila kay Noe at magsasabi: “O Noe, ikaw ang una sa mga sugo sa mga tao ng lupa. Tinawag ka ni Allah na isang aliping mapag-pasalamat. Hindi mo ba nakikita kung nasa ano kami? Hindi mo ba nakikita kung ano ang inabot namin? Hindi ka ba mamamagitan para sa amin sa Panginoon mo?” Kaya magsasabi siya: “Ang Panginoon ko ay nagalit ngayong araw ng galit na hindi Siya nagalit bago nito ng tulad nito at hindi Siya magagalit pagkatapos nito ng tulad nito. [Maligtas nawa] ang sarili ko, ang sarili ko! Pumunta kayo sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at batiin.” Kaya pupunta sila sa akin at magpapatirapa ako sa ilalim ng trono at sasabihin: “O Muhammad, iangat mo ang ulo mo; mamagitan ka, pamamagitanin ka; humingi ka, bibigyan ka.”” (Isinalaysay ni Imam Bukhari)

### Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, at ang Timbangan

Ang paghuhukom sa Huling Araw, ang Araw ng Pagkabuhay, ay sa pamamagitan ng katarungan at awa ni Allah. Gagantihan ni Allah ang mga gawa ng mga tao sa maawaing paraan, gaya ng sinasabi Niya:



*“Ang sinumang gumawa ng gawang maganda ay ukol sa kanya ang ganti sa sampung tulad niyon, at ang sinumang gumawa ng gawang masagwa ay walang igaganti sa kanya kundi ang tulad niyon. Hindi sila lalabaginsa katarungan.” (Qur’an, 6:160)*

Minagaling ni Allah, ang Kataas-taasan, na dapat magkaroon ng mga nakasulat na tala, isang proseso ng pagtutuos, at isang makatarungang timbangan.

Binabanggit ni Allah ang mga talaan ng mga tao, na sinasabi:



## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
  - Ang Pag-ihip sa Tambuli
  - Ang Muling Paglikha
  - Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
  - Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

“Sa Araw na iyon ay itatanghal kayo; walang maitatago mula sa inyo na isang lihim. Kaya tungkol sa binigyan ng talaan niya sa kanang kamay niya, magsasabi siya: “Kunin ninyo; basahin ninyo ang talaan ko. Tunay na ako ay nakatiyak na ako ay makikipagtagpo sa pagtutuos sa akin.” Kaya siya ay nasa isang nakalulugod na pamumuhay, sa isang mataas na Hardin, na ang mga kumpol ng bunga doon ay malapit. Sasabihan sa kanila: “Kumain kayo at uminom kayo nang kaiga-igaya dahil sa nagawa<sup>23</sup> ninyo sa mga nagdaang araw.” Ngunit tungkol naman sa binigyan ng talaan niya sa kaliwang kamay niya, magsasabi siya: “O kung sana ako ay hindi na ako binigyan ng talaan ko, at hindi ko na nabatid ang pagtutuos sa akin! O kung sana ang kamatayan na ito ay naging ang nagpapawakas! Walang nagawa para sa akin ang yaman ko. Naglaho na sa akin ang kapamahalaan ko.”” (Qur’an, 69:18-29)

Binabanggit ni Allah ang timbangan ng Araw ng Paghuhukom, na nagsasabi:

“Ilalagay Namin ang mga timbangang makatarungan sa Araw ng Pagkabuhay, kaya hindi pagkakaitan ang isang kaluluwa ng anumang katarungan. Kung ito man ay kasimbigat buto ng mustasa, itatanghal din Namin ito. Nakasapat na Kami bilang Tagapagtuos.” (Qur’an, 21:47)

“Ang Hagupit. Ano ang Hagupit? Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Hagupit? Ito ang Araw na ang mga tao ay magiging para bagang mga gamu-gamong pinakalat, at ang mga bundok ay magiging para bagang mga balahibong nagliliparan. Kaya tungkol sa sinumang bumigat ang mga timbangan niya sa kabutihan, siya ay nasa isang nakalulugod na buhay; at tungkol naman sa sinumang gumaan ang mga timbangan niya sa kabutihan, ang kanlungan niya ay Kailaliman. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ito? Ito ay isang Apoy na napakainit.” (Qur’an, 101:1-11)

<sup>23</sup> Sa literal na kahulugan, ipinauna.



## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno



*“Ang timbang sa Araw na iyon ay ang katotohanan. Kaya ang sinumang bumigat ang mga timbangan niya sa kabutihan, ang mga iyon ay ang mga matagumpay. Ang sinumang gumaan ang mga timbangan niya sa kabutihan, ang mga iyon ay ang nagpatalo sa mga sarili nila dahil sila noon sa mga kapahayagan Namin ay lumalabag sa katarungan.” (Qur’an, 7:8-9)*

Ang pinakamabigat na gawain sa timbangan ng kabutihan ay ang pahayag na: *Lā ilāha illa Allāh* (Walang Diyos kundi si Allah). Isinalaysay ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) na si Propeta Noe (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay nagsabi sa anak niya: “Ipinapayo ko sa iyo na sabihin ang *Lā ilāha illa Allāh* dahil kung sakaling ilalagay ang pitong langit at ang pitong lupa sa isang kamay ng timbangan at ang *Lā ilāha illa Allāh* sa isang pang kamay, talagang kikiling ang *Lā ilāha illa Allāh*. Kung sakaling ang pitong langit at pitong lupa ay gaya ng isang matigas na singsing, mapuputol ito ng *Lā ilāha illa Allāh*.” (Isinalaysay ni Imam Bukhari).

Ang pagpapanagot sa mga gawa ay nangangahulugang tatanungin ni Allah ang tao. Halimbawa, sinasabi ni Allah:



*“Huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin.” (Qur’an, 17:36)*

Gayon din naman, nagsabi si Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Mananatiling nakatayo ang lingkod ni Allah sa Araw ng Pagkabuhay hanggang sa tanungin siya tungkol sa buhay niya: kung papaano niya ginugol ito, tungkol sa kaalaman niya: kung papaano niya ginamit ito, tungkol sa yaman niya: kung papaano niya natamo ito at kung papaano niya ginasta ito, at tungkol sa katawan niya: kung papaano niya ginamit ito.” (Isinalaysay ito ni Imam Tirmidhi).

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

Kung pananagutin tayo ni Allah nang lubusan para sa lahat ng mga nagawa natin, mabuti at masama, walang sinuman ang malilibre sa Kanyang parusa. Gayunman, ang awa ni Allah ay ipinangako Niya sa mga mananampalataya. Sinabi Niya:



*“Ang mga iyon ang tatanggapin Namin mula sa kanila ang pinakamagaling sa anumang ginawa nila at magpapalampas Kami sa mga nagawang masama nila upang mapabilang sa mga mananahan sa Paraiso – pangakong totoo na sa kanila noon ay ipinangangako.”(Qur’an, 46:16)*

Ang panagutan ang buhay sa Isang lumikha nito ay isang kahanga-hangang esprituwal at pangmoral na pang-udyok. Bilang mga Muslim, isinasagawa natin angating pang-araw-araw na gawain at nakikitungo sa iba sa ating buhay sa ilalim ng lilim ng pag-asa at takot sa Araw ng pakikipagtagpo natin kayAllah, ang Kataas-taasan. Nalalaman natin na nakikita at naririnig Niya tayo atnakikilala tayo nang lubusan ngayon,at ninanais natin ang Kanyang pag-ibig at pagtanggap ngayon; subalit, tayo ay tiyak na nakalilimot at nabibighani sa makamundo at pangmundong mga pinagkakaabalahan.Sa pagbabalik sa pag-aalaala sa Kanya, tayo ay nakababatid sa pagkakataon na ibinibigay sa atin ng buhay natin para magbalik-loob sa Kanya bago ang pangwakas na pakikipagtagpo sa Kanya at ang pagtutuos sa bawat sandali ng ating mga buhay.

### Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya

Matapos panagutin, ang maysala na nagkamit ng parusa sa Impiyerno dala ng kanyang mga gawa at kawalang-pananampalataya ay kakaladkarin sa Impiyerno, kung saan sila pagdurusahin sa magkakaibang mga antas sa sari-saaring paraan alinsunod sa kanilang mga kasalanan. Sinasabi ni Allah:

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

“Ngunit tungkol naman sa binigyan ng talaan niya sa kaliwang kamay niya, magsasabi siya: “O kung sana ako ay hindi na ako binigyan ng talaan ko, at hindi ko na nabatid ang pagtutuos sa akin! O kung sana ang kamatayan na ito ay naging ang nagpapawakas! Walang nagawa para sa akin ang yaman ko. Naglaho na sa akin ang kapamahalaan ko.” Sasabihin: “Kunin siya at igapos ninyo siya. Pagkatapos sa nagliliyab na apoy ay ipasok ninyo siya. Pagkatapos sa isang tanikalang ang haba nito ay pitumpong bisig ay ipasok siya.” Tunay na siya noon ay hindi sumasampalataya kay Allah, ang Sukdulan.” (Qur’an, 69:25-33)

“Kaya sumpa man sa Panginoon mo talagang titipunin nga Namin sila at ang mga demonyo. Pagkatapos ay talagang dadalhin nga Namin kayo sa paligid ng Impiyerno na nakaluhod. Pagkatapos ay talagang huhugutin nga Namin mula sa bawat samahankung alin sa kanila ang pinakamatindi laban sa Napakamaawain sa paghihimagsik. Pagkatapos talagang Kami ay higit na nakaaalam sa mga higit na karapat-dapat sa pagpasok doon.” (Qur’an, 19:68-70)

### Ang Batis ng “Kawthar” para sa mga Mananampalataya

Ang uhaw ng mga tapat na tagasunod ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ay papawiin sa batis ng Kawthar sa Araw ng Paghuhukom. Sinasabi ni Allah:

“Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng Kawthar.<sup>22</sup> Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay. Tunay na ang nasusuklam<sup>25</sup> sa iyo ay siya ang lagot sa pagpapala.” (Qur’an, 108:1-3)

<sup>24</sup> O Isang ilog sa Paraiso.

<sup>25</sup> O nangangaway.

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

Ang Kawthar ay maaaring isalin na “kasaganaan.” Ipinaliwanag ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang kahulugan ng mga talatang ito ng Qur’an. Tinanong niya ang mga Kasamahan niya: “Nalalaman ba ninyo kung ano ang Kawthar?” Sinabi nila: “Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na maaalam.” Sinabi niya: “At tunay na iyon ay isang ilog na ipinangako sa akin ng Panginoon ko, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan. Mayroon itong maraming kasaganaan. Ito ay batis na pupuntahan ng kalipunan ko sa Araw ng Pagkabuhay. Ang mga panalok nito ay ang bilang ng mga bituin.” Pagkatapos ay pipigilan ang isang lingkod mula roon at sasabihin ko: “Panginoon ko, tunay na siya ay kabilang sa kalipunan ko.” Pagkatapos ay sasabihin ni Allah: “Hindi mo nalalaman ang ipinauso niya noong wala ka na.” (Isinalaysay nina Imam Bukhari at Imam Muslim).

Hinihiling natin kay Allah, ang Kataas-taasan, na gawin tayong kabilang sa mga tapat na lingkod na magtatamasa ng kasaganaan ng batis ng Kawthar sa Araw ng Pagkabuhay.

### Ang Tawiran ng mga Mananampalataya

Ang mga mananampalataya ay tatawid sa isang tulay sa ibabaw ng Impiyerno, na tinatawag na Sirāt sa Arabe. Hahanayan ito ng mga kalawit, na kumakatawan sa mga makasalanang gawa, at sisilain at ilalaglag ng mga kalawit na ito ang mga tao na gumagawa ng mga kasalanang iyon noong nabubuhay pa sila mundo. Ang ibang tao ay tatawid nang madali at mabilis sa Sirāt, at ang iba naman ay uusad nang mabagal at mahirap—kapwa alinsunod sa kanilang antas ng espirituwalidad at katapatan. Sinasabi ni Allah:



*“Wala sa inyo na hindi tatawid doon. Ito sa Panginoon mo ay isang kahatulang ipinasya. Pagkatapos ay ililigtas Namin ang mga nangingilag magkasala at iiwan Namin ang mga lumalabag sa katarungan na nakaluhod.”*  
(Qur’an, 19:71-72)

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno



*“Nilibang<sup>26</sup> kayo ng pagpaparamihan, hanggang sa dumalaw<sup>27</sup> kayo sa mga libingan ninyo. Abay hindi! Malalaman ninyo. Pagkatapos, abay hindi! Malalaman ninyo. Abay hindi! Kung nalalaman sana ninyo nang may kaalamang tiyak, talagang makikita nga ninyo ang Nagliliyab na Apoy. Pagkatapos ay talagang makikita nga ninyo ito nang may mata ng katiyakan. Pagkatapos ay talagang tatanungin nga kayo sa Araw na iyon hinggil sa tinamasang kaginhawahan.” (Qur’an, 102:1-8)*

Ang mga taong mabibigong makatawid sa tulay at malalalag sa Impiyerno ay papasok din sa Paraiso bandang huli, ngunit daranas muna sila ng kaparusahan sa kanilang mga kasalanan.

### Ang Kapatagan ng Gantihan ng mga Mananampalataya

Bago nila pasukin ang Paraiso, ang mga mananampalataya ay pupunta muna sa isang lugar kung saan ang bawat tao na naapi ng iba ay makagaganti. Sinabi ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya): “Talagang ibibigay nga [ni Allah] ang mga karapatan sa karapat-dapat sa mga ito sa Araw ng Pagkabuhay; pati ang tupang walang sungay ay gagantihan [sa panunuwag ng] tupang may sungay.” (Isinalaysay ni Imam Muslim). Matapos maisagawa ang pagganti, ang mga mananampalataya ay papasok sa Paraiso sa mga pintuan nito. Ang mga mananampalataya ay papasok nang walang pagkamuhing namamagitan sa kanila. Sinabi ni Allah:



*“Aalisin Namin ang anumang nasa mga dibdib nila na pagkamuhi.” (Qur’an, 7:43)*

Ang Pagpasok ng mga Mananampalataya sa mga Pintuan ng Paraiso  
Ang Paraiso ay may mga pintuan, na ang bawat isa sa mga ito ay may pangalan, at ang mga tao ay papasok sa Paraiso sa pamamagitan ng pintuan na nauugnay sa kanilang mabubuting gawa. Halimbawa, may pintuang tinatawag na Rayyanna para sa mga taong nag-ayuno alang-alang kay Allah, ang Kataas-taasan.

<sup>26</sup> Onilingat.

<sup>27</sup> O humantong.

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkalahad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng "Kawthar" Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

“Sasabihin sa matutuwid: “O kaluluwang napapanatag, magbalik ka sa Panginoon mo na nalulugod na kinalulugdan Niya; kaya pumasok ka kabilang sa mga lingkod Ko, at pumasok ka sa Paraiso Ko!”(Qur’an, 89:27-30)

“Aakayin ang mga nangilag magkasala sa Panginoon nila sa Paraiso nang pangkat-pangkat hanggang sa, kapag dumating na sila roon, bubuksan ang mga pintuan nito at sasabihin sa kanila ng mga tanod nito: “Kapayapaan ay sumainyo! Nagpakabuti kayo kaya pasukin ninyo ito na mananatili rito.” Sasabihin nila: “Ang papuri ay ukol kay Allah na tinutoo sa atin ang pangako Niya at ipinamana sa atin ang lupa; manunuluyan kami sa Paraiso saanman namin loloobin, at kay inam ng kabayaran ng mga gumagawa!” Makikita mo ang mga anghel na nakapalibot sa paligid ng Trono, na nagluluwalhati kalakip ng pagpupuri sa Panginoon nila. Hahatol sa gitna nila ayon sa katotohanan at sasabihin: “Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.””(Qur’an, 39:72-75)

“Ang mga nagtiis sa paghahangad ng ikasisiya ng Mukha ng Panginoon nila, mga nagpanatili ng pagdarasal, at gumugol nang palihim at hayagan mula sa ipinagkaloob Namin at mga humahadlang sa gawang masagwa sa pamamagitan ng gawang maganda, ang mga iyon ang magkakamit ng mainam na pangwakas na tahanan. Mga Hardin ng Pamamalagi na papasukin nila at ng sinumang naging matuwid sa mga ninuno nila at sa mga asawa nila at sa mga supling nila. Ang mga anghel ay papasok sa kanila sa bawat pintoat magsasabi: “Kapayapaan ay sumainyo yamang kayo ay nagtiis, kaya kay inam ng pangwakas na tirahan!””(Qur’an, 13:22-24)

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

“Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng matutuwid ay papatnubayan sila ng Panginoon nila sa pamamagitan ng pananampalataya nila. Dumadaloy mula sa ilalim nila ang mga ilog sa mga hardin ng Lugod. Ang panalangin nila doon ay “Napakamaluwalhati Mo, o Allah” at ang pagbati nila roon ay “Kapayapaan.” Ang panghuling panalangin nila ay “Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.””(Qur’an, 10:10)

“Ang pagbati nila sa araw na makatatagpo nila Siya ay kapayapaan. Naghanda Siya para sa kanila ng marangal na kabayaran.” (Qur’an, 33:44)

### Ang Paraiso at ang Impiyerno

Ang pangwakas na reyalidad ng buhay pagkatapos ng kamatayan, pagkatapos ng libingan at babala nito, pagkatapos ng ligalig ng Araw ng Paghuhukom, kapag ang lahat ng mga tao at mga jinn ay lumuklok na sa kalalagyan nila para sa kawalang-hanggan, ang tahanan sa kabilang-buhay ay magkasalungat: kaligayahan sa Paraiso at pagdurusa sa Impiyerno. Ang Paraiso ay puspos ng pag-ibig, kasiyahan, kaginhawahan, at katiwasayan. Ang pinakamataas na gantimpala sa Paraiso ay maging nasa kasiyahan ni Allah, maging malapit sa Kanya, at makita Siya sa wakas. Ang Impiyerno, sa kabilang dako, ay batbat ng pagmumuhian, kahihyan, pasakit, at kawalan ng pag-asa sa biyaya at pagtanggap ng Diyos.

Ang mga paglalarawan sa Paraiso at Impiyerno sa Qur’an at Sunnah ay marami at kadalasang detalyado nang maganda. Karapat-dapat sa pansin na mapunang si Allah, ang Kataas-taasan, ay bumabanggit sa Impiyerno kaugnay sa mga kasalanan ng tao at hindi bilang hiwalay na bantang walang pagsasaalang-alang sa pagpili ng tao, samantalang ang Paraiso naman ay nababanggit magkaminsan kaugnay sa pananampalataya at mabubuting gawa lalo’t higit kaugnay sa awa ni Allah. Halimbawa, binabanggit ni Allah ang kumukulong init ng Impiyerno at ang labis na lamig, pagkatapos ay sinasabi:

“isang ganting katumbas”(Qur’an, 78:26)

Gayunman, sa mismong kabanata, binabanggit Niya ang ubasan at mga kasamahan sa Paraiso at kadalisan ng pag-uusap, at saka sinasabi:

## ARALIN 7

Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno



*“Isang ganti mula sa Panginoon mo, isang bigay na nakasapat, mula sa Panginoon ng mga langit at lupa at ng anumang nasa pagitan ng mga ito, ang Napakamaawain. Hindi sila nagmamay-ari ng karapatan sa Kanya sa pakiki-pag-usap.” (Qur’an, 78:36-37)*

Karagdagan pa, itinambal ni Allah ang mga paglalarawan ng Impiyerno sa mga pagbanggit ng Paraiso, na nag-uudyok hindi lamang ng takot kundi pag-asa rin, kaya ang bumabasa ng Qur’an ay nakadarama ng isang uri ng balanseng kamalayan sa Diyos, na nagkakaroon ng takot sa Diyos sa mga ginagawa nang hindi nawawalan ng pag-asa sa pagkalaki-laking awa ng Diyos.

Ang isang halimbawa ng paraan ng Qur’an sa pagpapaalaala sa pagbabasa ng kapwa napipintong kaparusahan at kasiyahan sa kabilang-buhay, sa malinaw na detalye, ay matatagpuan sa mga sumusunod na talata, kung saan si Allah na Napakamaawain ay nagsasabi:



*“Tunay na ang Araw ng Pagpapasya ay tipanan nilang lahat, ang Araw na hindi magpakinabang ang isang katangkilik ng anuman sa isang katangkilik at hindi sila matutulungan, maliban sa sinumang kinaawaan ni Allah; tunay na Siya ay ang Makapangyarihan, ang Maawain. Tunay na ang puno ng Zaqqúm ay pagkain ng makasalanan. Gaya ng latak ng langis, kukulo ito sa loob ng mga tiyan, gaya ng pagkulo ng mainit na tubig. Kunin ninyo siya at kaladkarin siya patungo sa gitna ng Nagliliyab na Apoy. Pagkatapos ay magbuhos sa ibabaw ng ulo niya ng pagdurusang mula sa kumukulong tubig. Tikman mo; Tunay na ikaw kasi ay ang Makapangyarihan, ang Mapagbigay. Tunay na ito ay ang pinag-aatubilian ninyo noon! Tunay na ang mga nangingilag magkasala ay nasa kalalagyang ligtas, sa mga hardin at mga bukal. Magsusuot sila ng manipis na sutla at makapal na sutla, nang magkaharapan. Gayon nga at ipakakasal Namin sila sa mga dilag na may maningning na mata. Hihiling sila roon ng bawat bungang-kahoy, nang natitiwasay. Hindi sila makatitikim doon ng kamatayan maliban pa sa unang pagkamatay at pangangalagaan Niya sila sa pagdurusang sa Nagliliyab na Apoy, bilang isang kagandahang-loob mula sa Panginoon mo. Iyan ay ang sukdulang tagumpay. Kaya pinadali lamang Namin ang Qur’an na ito sa pamamagitan ng dila mo nang sa gayon sila ay makapag-alaala. Kaya mag-abang ka; tunay na sila ay mga nag-aabang.” (Qur’an, 44:40-59)*



## ARALIN 7

*Saligan 5—Paniniwala sa Kabilang-buhay*

- Ang Kamatayan
- Ang Libingan
- Ang Araw ng Paghuhukom
- Ang Pag-ihip sa Tambuli
- Ang Muling Paglikha
- Ang Pagtitipon at ang Paghihintay
- Ang mga Talaan, ang Pagtutuos, ang Timbangan
- Ang Pagkaladkad sa Impiyerno sa mga Tumangging Sumampalataya
- Ang Batis ng “Kawthar” Para sa mga Mananampalataya
- Ang Tawiran ng mga Mananam palataya
- Ang Kapatagan ng Gantihan mga Mananampalataya
- Ang Paraiso at ang Impiyerno

Dito, binabalaan tayo ni Allah sa malilinaw na pananalita, na binabanggit ang puno ng Zaqqūm at angkumukulong tubig na ibubuhos sa ulo ng mga magdurusa. Sinisisi pa Niya ang mga maninirahan sa Impiyerno dahil sa kanilang kapalaluan dati na nagtulak sa kanila na mag-atubili noong inalok sila ng pananampalataya. Gayunman, pinasundan kaagad ni Allah, ang Kataas-taasan, ang babalang ito ng isang paglalarawan ng Paraiso, ang katiwasayan doon, ang mga hardin, ang mga bukal, ang mga sutlang kasuutan, ang mga makakapiling, ang kagandahan, ang mga bungang-kahoy, at ang buhay na walang hanggan. Sinasabi ni Allah na ito ay isang kagandahang-loob mula sa Kanya, sa halip na tukuyin ang mga ginawa ng mga maninirahan doon. Pagkatapos ay ipinaaalaala Niya sa atin ang Kanyang patnubay habang inaalok tayo ng isang kalayaang piliing pansinin ang Kanyang babala at yakapin ang Kanyang awa. Anong dami pang mga paglalarawan ng Paraiso! Mga apat na ulit na daming detalye ng Paraiso ang inilahad kung ihahambing sa mga paglalarawan ng mga pagdurusa sa Impiyerno. Katiyakang ninanais sa atin ni Allah na magkaroon ng pag-asa sa Kanyang awa, bagamat dapat nating isaisip at maniwala din nang lubos sa reyalidad ng Kanyang galit.

# ARALIN

# 8

## Saligan 6—Paniniwala sa Pagtatadhana

### **Mga Layunin**

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Maunawaan ang mga pangunahing paniniwalang pang-Islam hinggil sa pagtatakda;
- Maipahayag ang tatlong simulaing nagbibigay-diin sa pagtatakda.

## Saligan 6 - Paniniwala sa Pagtatadhana

Ang konsepto ng pagtatadhana sa Islam ay isinasalig sa ganap na kaalaman at kapangyarihan ng Diyos, at nagreresulta ito ng tatlong pangunahing paniniwala: (1) Nalalaman ni Allah ang lahat: ang nagdaan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap; (2) Ang mga pangyayari ay naisulat na sa isang Talaang nasa Kanya; (3) Nilikha ni Allah ang lahat at Siya ay may lubos na kapangyarihan sa Kanyang nilikha kaya naman ang mga pangyayari ay nagaganap ayon sa Kanyang kalooban. Ang Pagtatadhana ay hindi nagbibigay-katwiran sa mga tao sa kanilang paggawa ng kasamaan; bagkus, ang sangkatauhan ay mananagot sa kung papaano silang tumutugon sa tadhanang ipinagkaloob sa kanila.

### 1. Nalalaman ni Allah ang Lahat

Ang lubos na kapangyarihan at kaalaman ni Allah sa mga nilikha Niya ay lohikal at isa ring katotohanang ipinahayag. Makatwiran lamang na ang nagdesenyo at gumawa ng isang bagay ay nakauunawa rito at nagtataglay ng lubus-lubos na kaalaman hinggil dito. Totoo rin ito sa sangkatauhan. Yayamang si Allah ay lumikha sa kanila, Siya ay lalong higit na nakababatid tungkol sa kanila. Sinasabi ni Allah:



*“Ilihim man ninyo ang sinabi ninyo o ihayag ninyo ito, tunay na Siya ay Nakaaalam sa mga kimkim ng mga dibdib. Hindi ba nakaaalam ang lumikha sa nilikha Niya gayong Siya ay ang Nakatatalos,<sup>28</sup> ang Nakababatid?”  
(Qur’an, 67:14)*

Inilalarawan ni Allah ang Kanyang nagkakaugnay-ugnay na paglikha, kapangyarihan, at kaalaman sa sansinukob. Sinasabi Niya:

<sup>28</sup> O ang Mabait

## ARALIN 8

Saligan 6—Paniniwala sa Pagtatadhana

1 Nalalaman ni Allah ang Lahat

2 Ang mga Pangyayari ay Nakasulat sa Talaang Nasa kay Allah

3 Ang mga Pangyayari ay Nagaganap Ayon sa Kalooban ni Allah

“Ukol sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Nagbibigay Siya ng buhay at bumabawi Siya ng buhay. Siya ay May-kakayahan sa bawat bagay. Siya ang Una at ang Huli, ang Nangingibabaw<sup>29</sup> at ang Nakaaarok. Siya sa bawat bagay ay Maalam. Siya ang lumikha sa mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito sa loob ng anim na araw at pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Nalalaman Niya ang pumapasok sa lupa at ang lumalabas mula rito, ang bumaba mula sa langit at ang umaakyat doon. Siya ay kasama ninyo saan man kayo naroon. Si Allah, sa ginagawa ninyo, ay Nakakikita. Ukol sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Kay Allah ibabalik ang lahat ng mga usapin. Ipinapasok Niya ang gabi sa maghapon at ipinapasok Niya ang maghapon sa gabi. Siya ay Maaalam sa mga kimkim ng mga dibdib.” (Qur’an, 57:2-6)

Nalalaman ng Diyos kahit ang kaliit-liitan at ang pinakamasusing mga detalye ng Kanyang nilikha, gaya ng ipinahayag Niya sa mga sumusunod na talata:

“Siya na Nakaaalam sa Nakalingid.” Walang nawawaglit mula sa Kanya na kasimbigat ng isang katiting na alikabok<sup>30</sup> sa mga langit ni sa lupa, ni higit na maliit kaysa roon, ni higit na malaki kundi nasa isang aklat na malinaw.<sup>31</sup> (Qur’an, 34:3)

“Taglay Niya ang mga susi ng Nakalingid; walang nakaaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at karagatan. Walang nalalaglag na anumang dahon malibang nalalaman Niya ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang sariwa ni tuyot kundi nasa isang aklat na malinaw.” (Qur’an, 6:59)

<sup>29</sup> O ang Nakalantad at ang Nakakubli

<sup>30</sup> O bigat ng isang langgam.

<sup>31</sup> O maglilinaw.

## 2. Ang mga Pangyayari ay Nakasulat sa isang Talaang nasa Kay Allah

Minagaling ni Allah, ang Kataas-taasan, na ang lahat ng mga pangyayari sa sansinukob ay masulat sa simula pa man. Ang unang nilikha ay isang panulat, at isinulat nito ang anumang mangyayari magpakailanman. Sinasabi ni Allah:



*“Walang dumapong anumang sakuna sa lupa ni sa mga sarili ninyo malibang nasa aklat na bago pa Namin nilalang iyon. Tunay na iyon ay madali para kay Allah. Iyan ay upang hindi kayo magdalamhati sa anumang nakaalpas sa inyo at hindi kayo magsaya na nagmamayabang sa anumang ibinigay sa inyo. Si Allah ay hindi umiibig sa bawat palalong hambog,” (Qur’an, 57:22-23)*



*“at tunay na ito, na nasa Ina ng Aklat na nasa Amin, ay talagang mataas, marunong.” (Qur’an, 43:4)*



*“Ang bawat bagay ay inisa-isa Namin sa talaangmalinaw.” (Qur’an, 36:12)*

## 3. Ang mga Pangyayari ay Nagaganap ayon sa Kalooban ni Allah

Ang kapamahalaan ni Allah sa nilikha ay isang katotohanang nababanggit Niya nang paulit-ulit sa Qur’an. Halimbawa, sinasabi Niya:



*“Hindi ba nila nakikita ang mga ibon sa ibabaw nila na mga nagbubuka at nagtitiklop ng pakpak? Walang pumipigil sa mga ito sa pagbagsak kundi ang Napakamaawain. Tunay na Siya sa bawat bagay ay Nakakikita.” (Qur’an, 67:19)*



*“O sino itong magtutustos sa inyo kung pipigilin Niya ang panustos Niya? Bagkus nagpatuloy sila sa kapalaluan at pagkalayo sa katotohanan.” (Qur’an, 67:21)*

## ARALIN 8

Saligan 6—Paniniwala sa Pagtatadhana

1 Nalalaman ni Allah ang Lahat

2 Ang mga Pangyayari ay Nakasulat sa Talaang Nasa kay Allah

3 Ang mga Pangyayari ay Nagaganap Ayon sa Kalooban ni Allah

“Sabihin mo: “Ipabatid ninyo sa akin,<sup>32</sup> kung ang tubig ninyo ay naging lubog sa lupa, sino pa ang magdadala sa inyo ng tubig na dumadaloy?”” (Qur’an, 67:30)

“Kayo ba ay nagpababa niyon mula sa mga ulap o Kami ang nagpapababa? Kung sakaling niloloob Namin, ginawa na sana Namin iyon na maalat; kaya bakit hindi kayo nagpapasalamat?” (Qur’an, 56:69-70)

“Kaya bakit hindi kayo nanghihimasok kapag umabot na ang kaluluwa sa lalamunan, samantalang kayo, sa sandaling iyon, ay nakatingin. Kami ay higit na malapit sa kanya kaysa sa inyo subalit hindi ninyo nakikita. Kaya bakit hindi, kung kayo ay hindi pananagutin, ninyo pabalikin ang kaluluwang ito kung kayo ay mga nagpapakatotoo.” (Qur’an, 56:83-87)

Ang konseptong pang-Islam ng pagtatadhana o pagtatakda, na tinatawag na Qadar sa Arabe, ay kumikilala sa pangingibabaw ng Diyos. Madaling maniwala at tanggapin na si Allah—na lumikha sa sansinukob—ay nakaaalam at may kapangyarihan sa lahat ng mga bagay. Kapwa malinaw na ang mga tao ay mayroong mapagpipilian at humaharap sa mga kahihinatnan ng kanilang mga pansarling pasya sa mundong ito at lalo’t higit na sa kabilang-buhay. Ang pagtutugma sa dalawang reyalidad na ito ay ang pinagmumulan ng kalituhan para sa maraming mag-aaral ng paniniwalang pang-Islam.

<sup>32</sup> Osabihin mo: “Napag-alaman ba ninyo,...

## ARALIN 8

*Saligan 6—Paniniwala sa Pagtatadhana*

*1 Nalalaman ni Allah ang Lahat*

*2 Ang mga Pangyayari ay Nakasulat sa Talaang Nasa kay Allah*

*3 Ang mga Pangyayari ay Nagaganap Ayon sa Kalooban ni Allah*

Sa pagtatalakay ng pagtatadhana kaugnay sa sangkatauhan at ating kalayaang pumili, kailangang alalahanin natin na mayroong maraming aspeto ng kairalan ng tao na ang isang tao ay lubusang walang kontrol. Hindi natin pinili na ipanganak, ni sa kung saan o kailan tayo ipinanganak. Hindi natin pinili ang ating sariling mga anyo at mga hugis, mga kapangyarihan, at mga limitasyon. Hindi natin maaaring mapili ang haba ng buhay natin o kung anong mga kalamidad ang dadapo sa atin sa panahon ng ating mga buhay, tulad ng karamdaman, digmaan, alitan sa iba, at iba pa. Hindi natin malayang mapipili ang mga talento at mga kakayahang tinataglay natin, ni ang kalagayang panlipunang kinamulatan natin, ni ang pamilya at suportang panlipunan na ibinibigay sa atin sa panahon ng pamumuhay natin. Gayunman mayroong maraming bagay na makapipili tayo nang tuwiran o di-tuwiran. Sa madaling salita bagamat hindi tayo ang pumipili ng pagpipilian, tiyak namang tayo ang pipili mula sa mga iyon. Ginagantimpalaan ni Allah o pinarurusahan ang mga tao alinsunod sa kanilang mga pinili nang kusang-loob. Hinahamon Niya sila sa pamamagitan ng mga pangyayari at mga kalagayang hindi nasa ilalim ng kontrol nila.

# ARALIN

# 9

## Ang Mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam

### Mga Layunin

Sa katapusan ng yunit na ito, ang mag-aaral ay nararapat na:

- Makatalakay ng mga kahihinatnang pang-espirituwal ng tiwaling paniniwala, kawalang pananampalataya, at politeismo;
- Makapagbigay-kahulugan sa kawalang pananampalataya at politeismo;
- Maitala ang mga karaniwang gawain na nagsisilbing kawalan ng pananampalataya o politeismo ayon sa paniniwalang pang-Islam;
- Mapansin kung papaanong nagdudulot ng panganib sa pananampalataya ang labis-labis na materyalismo, pagpapakitang-tao sa pagganap ng gawaing panrelihiyon, at sobrang paghahanap ng makamundong kasiyahan.



## Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya

Ang mga paniniwala at ang mga gawaing sumasalungat sa tamang pananampalataya ay nakasisira sa mabubuting gawa ng isang tao sa pamamagitan ng pagwasak sa simulain ng pananampalataya na kinasasalayanan ng lahat ng kabutihan. Sinasabi ni Allah:



*“Ang mga sumampalataya at hindi naghalo sa pananampalataya nila ng isang paglabag sa katarungan, ang mga iyon ay magkakaroon ng katiwasayan at sila ay mga napapatnubayan.” (Qur’an, 6:82)*

Kinakailangan samakatuwid na ilahad hindi lamang ang mga saligan ng pananampalataya bagkus pati na rin ang mga tagapagpawalang-saysay sa pananampalataya sa Islam. Ang anumang bahagi at ang lahat ng mga anyo ng politeismo, paniniwala sa mga relihiyon o mga pananampalatayang salungat sa Islam, kawalang paniniwala sa Islam—pabiro man o seryoso, sa publiko o palihim, sa bahagi o kabuuan—ay nakawawasak sa pananampalataya ng isang tao gaya na lamang ng pagpapabuwal sa mga haligi ng isang gusali na magsasanhi ng pagguho ng buong estruktura. Ang ilang gawain ng politeismo o kawalan ng paniniwala ay malinaw samantalang ang mga iba naman ay higit na di-halata. Kung nalaman ng isang tao na siya pala ay nakagagawa na ng isang gawain ng politeismo ng kawalang pananampalataya, maobligang siyang magsisi. Tunay na si Allah ay ang Tumatanggap ng pagsisisi, ang Mapagpatawad, ang Maawain.

## Ang Kawalang Pananampalataya

Ang pagtanggap sa anumang bahagi ng Islam o ang paniniwala na ang anumang salungat sa Islam ay nakahihigit dito ay kawalang pananampalataya sa Islam, na tinatawag na kufrsa Arabe. Ang kawalang pananampalataya ay naghahatid sa isang tao sa labas ng bakuran ng Islam at gumagawa sa kanya na isang di-Muslim. Ang kawalang pananampalataya ay maaaring magkaroon ng ilang anyo, kabilang ang sumusunod:

### 1) Ang pagtuyay sa anumang bahagi ng Islam; sinasabi ni Allah:



*“Sabihin mo: “Kay Allah, sa mga Tanda Niya, at sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?” Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.” (Qur’an, 9:65-66)*

Ang pagtanggap sumampalataya sa isang pahayag na binigkas sa Qur’an o niPropeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya); sinasabi ni Allah:



*“Ang sinumang hindi sumampalataya kay Allah at sa Sugo Niya ay tunay na Kami ay naghanda na para sa mga tumatangging sumampalataya ng isang naglalagablab na apoy.” (Qur’an, 48:13)*

Ang pagtanggap sa malilinaw na panuntunan ng Islam; sinasabi ni Allah:



*“Hindi dapat para sa lalaking sumasampalataya ni sa babaing sumasampalataya, kapag nagtakda si Allah at ang Sugo Niya ng isang bagay, na magkakaroon pa sila ng pagpipilian sa pagpapasya nila. Ang sinumang sumusuway kay Allah at sa Sugo Niya ay naligaw na nang maliwang na pagkaligaw.”(Qur’an, 33:36)*



*“Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya malibang pinahahatol ka nila sa anumang naganap na bangayan sa pagitan nila. Pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang buong pagpapasakop.” (Qur’an, 4:65)*



*“Ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ibinaba ni Allah, ang mga iyon ay ang mga tumatangging sumampalataya.” (Qur’an, 5:44)*

Ang pagkasuklam sa anumang bahagi ng Islam, o higit na pagkagusto sa anumang nasa labas ng Islam kaysa sa anumang nasa loob nito; sinasabi ni Allah:

## ARALIN 9

*Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam*

*- Ang Kawalang Pananampalataya*

*- Ang Politeismo*

*- Ang mga Uri ng Kawalang*

*Pananampalataya at Politeismo*



*“Iyan ay dahil sa sila ay nasuklam sa ibinaba ni Allah kaya naman pinawalang-saysay Niya ang mga gawa nila.”*

*(Qur'an, 47:9)*



*“Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.”* (Qur'an,

*3:85)*

2) Ang bagbubuklod sa isang alyansang pulitikal kasama ng mga di-mananampalataya laban sa mga Muslim upang apihin ang mga sumasampalataya ay itinuturing din na isang anyo ng kawalang pananampalataya sa mensahe ng Islam, at ang gayong gawain ay nagpapabilang sa isang tao sa mga di-mananampalataya sa halip na sa mga mananampalataya. Nagsasabi si Allah, ang Kataas-taasan:



*“Ang sinumang nagpapatangkilik sa kanila mula sa inyo, tunay na siya ay kabilang sa kanila. Tunay na si Allah*

*ay hindi nagpapatnubay sa mga taong lumalabag sa*

*katarungan.”* (5:51)

Ang kawalang kakayahan o ang katamaran sa pagpapatupad sa mga panuntunan ng Islam, o ang kahirapan sa pag-unawa sa mga pahayag na nasa Qur'an at Sunnah, ay HINDI napapahiwatig ng kawalang pananampalataya; bagkus, ang sadyaang pagtangga, ang pagtuya, ang pagsalungat pulitikal ang siyang nagpapahiwatig ng kawalang pananampalataya.

### Ang Politeismo

Ang pagsamba sa anumang iba pa kay Allah ay pumupuksa sa dalisay na monoteismo ng pananampalatayang Islam. Napabibilang dito ang pagsamba sa banal, idolatriya, pagsamba sa mga anghel o mga propeta, at iba pang anyo ng politeismo. Sinasabi ni Allah:

## ARALIN 9

Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam

- Ang Kawalang Pananampalataya

- Ang Politeismo

- Ang mga Uri ng Kawalang

Pananampalataya at Politeismo

“O mga tao, sambahin ninyo ang Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa mga sa nauna sa inyo nang sa gayon kayo ay mangilag magkasala, na gumawa para sa inyo ng lupa bilang higaan<sup>33</sup> at ng langit bilang silong at nagbaba mula sa langit ng tubig kaya nagpaluwal Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa para kay Allah ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam.” (Qur’an, 2:21-22)

Ang Politeismo—tinatawag nashirk sa Arabe—ay mayroong ilang anyo, kabilang ang sumusunod:

- 1) Ang pagtataguri ng mga pangalan, mga kapangyarihan, mga kabutihang tinataglay lamang ng Diyos sa iba pa sa Kanya;
- 2) Ang paniniwalang mayroong patakaran o pagtustos sa sansinukob na labas sa pagkapanginoon ni Allah; sinasabi ni Allah:

“Sabihin mo: “Ang iba pa ba kay Allah ay gagawin kong tagatangkilik, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, samantalang Siya ay nagpapakain at hindi pinakakain?” Sabihin mo: “Tunay na ako ay naatasan na ako ay maging una sa yumakap sa Islam.” Huwag ka ngang maging kabilang sa mga nagtatambal kay Allah.”(Qur’an, 6:14)

“Sabihin mo: “Ang iba pa ba kay Allah ang hahangarin kong maging Panginoon samantalang Siya ang Panginoon ng bawat bagay.”(Qur’an, 6:164)

- 3) Ang paniniwala at pagsunod sa mga batas na salungat sa mga batas ni Allah; sinasabi ni Allah:

“Kaya ang hatol ng Kamangmangan ba ay hinahangad nila? Sino pa ang higit na magaling kaysa kay Allah sa paghatol para sa mga taong nakatitiyak?”(Qur’an, 5:50)

33 O latag.

4)Ang pag-uukol ng gawaing pagsamba sa iba pa kay Allah, gaya ng dasal, panalangin, alay, peregrinasyon, at iba pa. Sinabi niAllah, ang Kataas-taasan:



*“Sabihin mo: “Tunay na ako ay pinatnubayan ng Panginoon ko sa tuwid na landasin: isang relihiyong tama na paniniwala ni Abraham bilang isang makatotoo, at hindi siya napabilang sa mga nagtatambal kay Allah.” Sabihin mo: “Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim.”” (Qur’an, 6:161-163)*



*“Huwag kayong kumain ng anumang hayop na hindi binanggit ang pangalan ni Allah sa pagkakatay rito, at tunay na iyon ay talagang kasuwailan. Tunay na ang mga demonyo ay talagang nag-uudyok sa mga katangkilik nila upang makipagtalo sa inyo. Kung tatalima kayo sa kanila, tunay na kayo ay talagang mga nagtatambal kay Allah.” (Qur’an, 6:121)*



*“Na may mga lalaking kabilang sa tao na nagpapakupkop sa mga lalaking kabilang sa jinn, kaya nadagdagan lamang nila ang mga ito ng kasalanan.” (Qur’an, 72:6)*

Hinati pa ng mga pantas ang mga gawaing pampoliteismo sa tatlong kategorya: malaking politeismo, maliit napoliteismo, at nakakubling politeismo. Ang malaking politeismo ay nagpapalabas sa tao sa Islam at gumagawa sa kanya na maging isang di-Muslim, samantalang ang maliit na politeismo ay itinuturing na kasalan ngunit kinapos na talagang magpawalang-bisa sa pagpapasakop ng tao sa Diyos. Ang isang halimbawa ng malaking politeismo ay ang pagkatay ng isang hayop sa ngalan ng anuman bukod pa sa Diyos. Ang isang halimbawa naman ng maliit na politeismo ay ang panunumpa sa iba pa sa Diyos, halimbawa ang magsabing: “Sumpa man kay Pedro!”

## ARALIN 9

*Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam*

*- Ang Kawalang Pananampalataya*

*- Ang Politeismo*

*- Ang mga Uri ng Kawalang*

*Panananampalataya at Politeismo*

## Ang mga Uri ng Kawalang Pananampalataya at Politeismo

### ARALIN 9

*Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam*

*- Ang Kawalang Pananampalataya*

*- Ang Politeismo*

*- Ang mga Uri ng Kawalang*

*Pananampalataya at Politeismo*

Ang ilang halimbawa ng politeismo o kawalang pananampalataya sa mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay ang sumusunod:

- Pagtawag sa isang tao ng isa sa mga maluwalhating taguri ng Diyos, gaya ng “ang Panginoon ng Mundo” o “ang Napakamaawain” o “ang Hari ng mga Hari”;
- Pagpapalabis sa pagpupuri sa mga tao o mga bagay, gaya ng pagsabi na ang isang bagay ay kasing ganda ng Diyos mismo;
- Sobrang pagpipitagan sa mga tao, gaya ng paniniwalang ang isang propeta o isang matuwid na tao ay nagtataglay ng mga susi ng “nakalingid” o makapagliligtas sa isang taong kinagalitan ni Allah;
- Paghahambing sa mga katangian ni Allah sa mga katangiang pantao (tinatawag naanthropomorphismsa Pilosopiya), gaya ng pagsabi na ang mukha ni Allah ay kawangis ng mukha ng tao, o ng iba pang mga pagkakawangis na hindi ipinahayag niAllah, ang Kataas-taasan;
- Pagkakaila sa ipinahayag na mga pangalan o mga katangian ni Allah, halimbawa, ang pagsabi na si Allah ay walang literal na kairalan at isa lamang patalinghagang kairalan (metaphorical existence);
- Pagsasabing si Allah daw ay ang masaklaw na sangkap (comprehensive composite) ng lahat ng umiiral (tinatawag ng panteismo sa Pilosopiya), halimbawa, ang pagsabi na Siya ay nasa loob natin o ang Kanyang kalagayan ay dumadaloy sa mga nilikha;
- Paniniwalang ang isang tao ay nakaaalam sa nakalingid na hinaharap, gaya ng manghuhula, maging ito man ay gumagamit ng panghihimalad, pagtingin sa dahon ng tsaang baraha, pakikipag-usap sa mga espiritu, o sa anumang paraan;
- Paniniwalang ang anuman o sinuman ay nakapagtatakda ng tadhana ng isang tao bukod pa sa Diyos, gaya ng mga astrologo na “bumabasa” sa mga bituin sa paniniwalang ang mga konstelasyon ng mga ito ay nagpapainog sa mga pangyayari sa sansinukob;
- Paniniwalang ang panahon, buwan, o taon ng kapanganakan ng isang tao ay tagapagtakda ng kanyang hinaharap, personalidad, katugmaan sa ibang tao, at iba pa, gaya ng paniniwala ng mga astrologo at mga taong naniniwala sa horoscope;
- Pagbibigay ng patotoo o anumang kawangis ng patotoo sa mga manghuhula, mga astrologo, o mga mangkukulam sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanila sa anumang paraan, gaya ng paglapit sa kanila para magtanong, pakikinig sa kanilang mga pananalita, pagbabasa ng kanilang mga inilathala, at iba pa, maging iyon man ay ipinamamahagi nang libre o may bayad, seryoso man o pabiro.

## ARALIN 9

*Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam*

*- Ang Kawalang Pananampalataya*

*- Ang Politeismo*

*- Ang mga Uri ng Kawalang*

*Pananampalataya at Politeismo*

Ang ilang halimbawa ng politeismo o kawalang pananampalataya sa pagkapanginoon ng Diyos at sa Kanyang karapatang magtakda ng mga batas ay ang sumusunod:

- Paniniwalang ang ibang mga batas ay mahusay kaysa sa mga batas ng Diyos, higit na panlahat, o higit na naaangkop sa makabagong panahon;
- Pagtangkilik sa mga paniniwalang iba pa sa paniniwala ng Islam, gaya ng pagturing sa sarili na Marxista, Komunista, Ba'thista, at iba pa;
- Pagsasabing ang lahat ng mga relihiyon ay magkatulad lamang, samantalang malinaw na ang mga iba ay nagsasalungatan, at ginawa ni Allah ang Islam bilang daan patungo sa Kanya at itinakda Niya na ang sangkatauhan ay sumamba sa Kanya sa paraang ipinahayag Niya sa Kanyang mga sugo at hindi sa kahit papaanong paraan na lamang;
- Paniniwalang ang kaayusan ng sansinukob ay hindi nasa ilalim ng utos at pagkapanginoon ni Allah, sa pamamagitan halimbawa ng pagsabing ang “kalikasan” ay kusang umiiral at kusang nagsasaayos;
- Pagkakaila sa isang batas ng Diyos, maging ito man ay nagbabawal o nag-uutos, sa pamamagitan ng pagkakaila sa katumpakan nito o ng pagtawag dito na di-makatarungan.

Ang ilang halimbawa ng politeismoo kawalang pananampalataya sa pagsambang ukol lamang sa Diyos ay ang sumusunod:

- Paniniwalang ang ibang mga anyo ng pagsamba bukod pa sa pagsambang itinakda ng Islam ay mahusay sa espirituwalidad;
- Pagkakaila sa itinakdang mga anyo ng pagsamba, sa pamamagitan halimbawa ng pagsasabing si Allahdaw ay hindi nangangailangan ng pagsamba ninuman kaya ititigil na ang pagdarasal sa Kanya o pagsasabing ang mga kilos at mga postura daw sa dasal ay walang kabuluhan kaya maaari ang pagdarasal sa ibang posisyon, o baguhin halimbawa ang pag-aayuno sa Ramadan para maging isang dyeta na lamangsa paniniwalang naisasagawa rin naman ang layon at hindi na kailangang gawin ang itinakdang pamamaraan;
- Pagdarasal sa isang banal na tao para mabiyayaan ang buhay;
- Pag-uukol ng ayuno, pilgrimage, oalay sa iba pa kayAllah, ang Kataas-taasan;
- Pagsasagawa ng pilgrimage sa mga “banal” na pook bukod pa sa ipinahintulot ng Islam (sa Makkah, Madinah, at Jerusalem);
- Pagdalaw sa mga libingan ng mga “banal” para magtamo ng mga kapakinabangan at mga biyaya mula sa himala nila;

## ARALIN 9

Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam

- Ang Kawalang Pananampalataya

- Ang Politeismo

- Ang mga Uri ng Kawalang

Pananampalataya at Politeismo

- Pagbanggit ng pangalan ng iba pa kay Allah sa sandali ng pagkatay ng mga hayop para kainin;
- Paggamit sa mga jinn para gumawa ng panggagaway (sorcery), na sa pangkalahatan ay humihiling ng pag-uukol sa kanila ng gawaing pagsamba, o paggawa ng paglabag sa pananampalataya o kalapastanganan;
- Paggamit ng serbisyo ng manggagaway, sa pabiro o seryosong paraan;
- Pananawagan sa jinn para sa pangangalaga o paghingi ng pabor sa pamamagitan ng pagdulog sa kanila o paggawa ng mga gawaing pagsamba; Panunumpa sa iba pa kay Allah, sa pamamagitan halimbawa ng pagsabi ng “sumpa man kay Pedro!”;
- Pag-uukol ng mga kilos ng dasal sa iba pa kaya Allah, sa pamamagitan halimbawa ng pagpapatirapa sa tao o pagyukod sa tao, gaya ng karaniwang ginagawa sa kulturang silanganin at sa mga sining ng pagtatanggol sa sarili;
- Pagsasagawa ng mga gawaing matuwid upang pahangain ang ibang mga tao, magkamit ng magandang reputasyong relihiyoso, o magpakitang-tao.

Ang pagsasagawa ng mga gawaing matuwid alang-alang sa makamundong pagkilala at pagpakitang-tao, na isang anyo ng politeismo na tinatawag na riyā’ sa Arabe, ay tiyakang inilarawan ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) bilangisang “nakakubling politeismo” dahil ito ay napakapatago anupat ang isang tao ay maaaring hindi lubusang nakababatid sa kanyang tiwaling mga motibo. Dala ng pagiging patago nito, mayroong isang takdang panalangin para magpakupkop kay Allah laban sa paggawa ng ganitong gawain, at ito ay ang pagsabi nang tatlong ulit na: “O Allah, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa paggawa ng shirk nang nalalaman ko, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa paggawa ng shirk nang hindi ko nalalaman.”

Kabilang sa mga tagong anyo ng politeismo na maaaring makatagpo ng isang tao sa buhay, ang materyalismo at ang pagsunod sa layaw ng sarili (self-gratification) ay palasak. Tinuligsa ni Allah, ang Kataas-taasan, ang mga sumasamba sa kanilang mga nasa. Sinasabi ni Allah:



*“Kaya nakita mo ba ang gumawa sa nasa niya bilang diyos niya” (Qur’an, 45:23)*



## ARALIN 9

Ang mga Tagapagpawalang-saysay sa Pananampalataya sa Islam

- Ang Kawalang Pananampalataya

- Ang Politeismo

- Ang mga Uri ng Kawalang

Pananampalataya at Politeismo

Ang talata ay maaaring maglarawan ng isang taong hedonista na walang pakundangang sumusunod sa nasa ng sarili sa mundong ito. Maaari ring pumatungkol ito sa isang taong nag-uukol sa sariling opinyon ng higit na mataas na pagpapahalaga kaysa sa ipinahayag na patnubay. Ang pag-ibig sa anuman higit kaysa sa Diyos ay isa pang posibleng anyo ng politeismo. Sinasabi niAllah:



*“May mga tao na gumagawa sa iba pa kay Allah bilang mga kaagaw, na iniibig nila ang mga ito gaya ng pag-ibig kay Allah, ngunit ang mga sumampalataya ay higit na masidhi sa pag-ibig kay Allah. Kung nakikita lamang ng mga lumabag sa katarungan, kapag nakikita na nila ang pagdurusa, na ang lakas ay kay Allah lahat at na si Allah ay matindi sa pagpaparusa!” (Qur’an, 2:165)*

Ang layon ng pag-ibig ay maaaring isang tao, isang bagay, o salapi sa pangkalahatan. Nagbabala siPropeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya) sa atin laban sa labis-labis na materyalismo, yayamang ito ay maaaring magmukhang pagsamba sa iba pa kayAllah, ang Kataas-taasan. Sa katunayan, isinumpa niya ang tinawag niyang “alipin ngdinar.”Sinabi ngPropeta: “Napahamak ang alipin ng dinar, dirham, qatifah, at khamisah. Kung binigyan siya, nalulugod siya; at kung hindi siya binigyan, hindi siya nalulugod.”<sup>33</sup> (Isinalaysay ni Imam Bukhari). Kung nakasalalay ang lahat ng kaligayahan ng isang tao sa mga pag-aaring materyal, siya ay nasa panganib na masira ang kanyang pananampalataya dahil sa labis-labis na pag-ibig sa bagay.

Nagpapakupkop tayo kayAllah, ang Kataas-taasan, na makagalitan Niya tayo sa pamamagitan ng alinman sa mga pintuan ng politeismo o kawalang pananampalataya, yayamang ito ang pinakamatindi sa mga kasalanan at ikapagtatamo ng pinakamatindi sa mga kaparusahan sa kabilang-buhay. Itaas nawa ni Allah ang ating kaalaman at pagsunod sa Islam at gawin tayong kabilang sa matutuwid!

Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, at ang papuri ay ukol sa Iyo! Sumasaksi ako na walang karapat-dapatsambahin kundi Ikaw. Hinihingi ko ang kapatawaran Mo at nagbabalik-loob ako sa Iyo!

<sup>33</sup> Ang dinar at ang dirham ay mga salaping pambayad sa Arabya noong panahon ni Propeta Muhammad (ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya). Ang qatifah ay makapal na malambot na damit ang khamisah ay isang kasuutan.

## Apendese A—Mga Pangalan ni Allah na Hango sa Qur'an at Sunnah<sup>36</sup>

الله	1.	Allāh	Si Allah
الآخذ	2.	Al-Ākhidh	Ang Tagakuha
الإله	3.	Al-Ilāh	Ang Diyos
الأول	4.	Al-Awwal	Ang Una
الآخر	5.	Al-Ākhir	Ang Huli
الأكرم	6.	Al-Akram	Ang Pinakamapagbigay
الأعلى	7.	Al-A`lā	Ang Pinakamataas
الأكبر	8.	Al-Akbar	Ang Pinakamalaki
الأعظم	9.	Al-A`dham	Ang Pinakasukdulan
الأعزّ	10.	Al-A`azz	Ang Pinakamakapangyarihan
الأعلم	11.	Al-A`lam	Ang Pinakamaalam
الأحكم	12.	Al-Ahkam	Ang Pinakamarunong
الأقوى	13.	Al-Aqwā	Ang Pinakamalakas
الأقرب	14.	Al-Aqrab	Ang Pinakamalapit
الأبد	15.	Al-Abad	Ang Walang hanggan
الأمد	16.	Al-Amad	Ang Panahon
الأحد	17.	Al-Ahad	Ang Kaisa-isa
أرحم الراحمين	18.	Arhamu-r-rāhimīn	Pinakamaawain sa mga naaawa
أحكم الحاكمين	19.	Ahkamu-l-hākimīn	Pinakamarunong sa mga marunong
أسرع الحاسبين	20.	Asra`u-l-hāsibīn	Pinakamabilis sa mga nagtutuos
أحسن الخالقين	21.	Ahsanu-l-khāliqīn	Pinakamahusay sa mga lumilikha
أهل التقوى	22.	Ahlu-t-taqwā	Karapat-dapat pangilagan
أهل المغفرة	23.	Ahlu-l-maghfirah	Karapat-dapat magpatawad
البارئ	24.	Al-Bāri`	Ang Tagapaglalang
البدیع	25.	Al-Badī`	Ang Tagapagpasimula
الفاطر	26.	Al-Fātir	Ang Tagapaglalang
البر	27.	Al-Barr	Ang Mabait
الباطن	28.	Al-Bātin	Ang Kalaliman
الباسط	29.	Al-Bāsīt	Ang Nagpapaluwag
الباعث	30.	Al-Bā`ith	Ang Nagbubuhay muli

<sup>36</sup> Angtalaang ito ay hinalaw mula sa maalam na akda ni Shaykh Umar al-Ashqar: *The Names and Attributes of Allah, According to the Doctrine of Ahl-us-Sunnah wal Jama'ah*, pahina 74-83.

الباقى	31.	Al-Bāqī	Ang Natitira
البرهان	32.	Al-Burhān	Ang Patunay
البالغ أمره	33.	Al-Bālighu-amrah	Ang Nagpapatupad sa utos Niya
البالي	34.	Al-Bālī	Ang Sumusubok
البصير	35.	Al-Basīr	Ang Nakakikita
البادي	36.	Al-Bādī	Ang Hayag
التواب	37.	At-Tawwāb	Ang Palatanggap ng pagsisisi
الثابت	38.	Ath-Thābit	Ang Matatag
المتين	39.	Al-Matīn	Ang Matibay
الجبار	40.	Al-Jabbār	Ang Palasupil
الجامع	41.	Al-Jāmi`	Ang Tagatipon
الجليل	42.	Al-Jālīl	Ang Pinagpipitagan
الجاعل	43.	Al-Jā`il	Ang Tagagawa
الجواد	44.	Al-Jawwād	Ang Mapagbigay-loob
الجميل	45.	Al-Jamīl	Ang Maganda
الحليم	46.	Al-Halīm	Ang Matimpiin
الحكيم	47.	Al-Hakīm	Ang Marunong
الحي	48.	Al-Hayy	Ang Buhay
الحفيظ	49.	Al-Hafidh	Ang Mapag-ingat
الحميد	50.	Al-Hamīd	Ang Kapuri-puri
الحق	51.	Al-Haqq	Ang Katotohanan
الحكم	52.	Al-Hakam	Ang Tagahatol
الحافظ	53.	Al-Hāfidh	Ang Tagapag-ingat
الحنفي	54.	Al-Hafiy	Ang Magiliw
الحاسب	55.	Al-Hāsib	Ang Tagatuos
الحسيب	56.	Al-Hasīb	Ang Mapagtuos
المحصي	57.	Al-Muhsī	Ang Tagabilang
الحنان	58.	Al-Hannān	Ang Madamayin
الحاكم	59.	Al-Hākīm	Ang Hukom
الخالق	60.	Al-Khāliq	Ang Tagapaglikha
الخالق	61.	Al-Khallāq	Ang Palalikha
المبدع	62.	Al-Mubdi`	Ang Tagapagpasimula
الخبير	63.	Al-Khabīr	Ang Nakababatid
الخافض	64.	Al-Khāfid	Ang Tagapagpababa
نخير الماكيرين	65.	Khayru-l-mākīrīn	Pinakamainam sa mga nagpapakana

خير الرازيقین	66.	Khayru-l-rāziqīn	Pinakamainam sa mga tagapagtustos
خير الناصرين	67.	Khayru-l-nāsirīn	Pinakamainam sa mga tumutulong
خير الفاصلين	68.	Khayru-l-fāsilīn	Pinakamainamsa mga nagpapasya
خير الوارثين	69.	Khayru-l-wāriṯhīn	Pinakamainam sa mga tagapagpamana
خير المنزلين	70.	Khayru-l-munzilīn	Pinakamainamsa nagpapababa
خير الراحمين	71.	Khayru-r-rāhimīn	Pinakamainam sa mga naawa
خير الحافظين	72.	Khayru-l-hāfidhīn	Pinakamainamsa mga tapag-ingat
خير الغافرين	73.	Khayru-l-ghāfirīn	Pinakamainam sa mga nagpapatawad
خير وأبقي	74.	Khayrun-wa-abqā	Pinakamainam at Pinakamagtatagal
الدائم	75.	Ad-Dā'im	Ang Namamalagi
الدهر	76.	Ad-Dahr	Ang Panahon
الداعي	77.	Ad-Dā'ī	Ang Tagapag-anyaya
الدافع	78.	Ad-Dāfi`	Ang Tagapagtulak
الديان	79.	Ad-Dayyān	Ang Tagahatol
الدارئ	80.	Ad-Dāri'	Ang Tagapagtaboy
ذو الجلال والإكرام	81.	Dhu-l-jalāli-wa-l'ikrām	May pagpipitagan at pagpaparangal
ذو الطول	82.	Dhu-t-tawl	May kaya
ذو القوة	83.	Dhu-l-qūwah	May lakas
ذو الفضل	84.	Dhu-l-fadl	May kabutihang-loob
ذو الرحمة	85.	Dhu-r-rahmah	May awa
ذو العرش	86.	Dhu-l-`arsh	May trono
ذو العقاب	87.	Dhu-l-`iqāb	May pagpaparusa
ذو المعارج	88.	Dhu-l-ma`ārij	May mga akyatan
ذو الجبروت	89.	Dhu-l-jabarūt	May pagsupil
ذو الملكوت	90.	Dhu-l-malakūt	May paghahari
ذو الكبرياء	91.	Dhu-l-kibriyā'	May maipagmamalaki
ذو العظمة	92.	Dhu-l-`adhamah	May kasukdulan
الرحمن	93.	Ar-Rahmān	Ang Napakamaawain
الرحيم	94.	Ar-Rahīm	Ang Maawain
الرزاق	95.	Ar-Razzāq	Ang Palatustos
الرفيع	96.	Ar-Rafi`	Ang Angat
الرؤوف	97.	Ar-Ra'ūf	Ang Mahabagin
الرب	98.	Ar-Rabb	Ang Panginoon
الرافع	99.	Ar-Rāfi`	Ang Tagapag-angat
الرشيد	100.	Ar-Rashīd	Ang Matino

الرضا	101.	Ar-Ridā	Ang Kasiyahan
الراشد	102.	Ar-Rāshid	Ang Tagagabay
رابع الثلاثة	103.	Rābi`u-th-thalāthah <sup>37</sup>	Ikaapat sa tatlo
الرفيق	104.	Ar-Rafiq	Ang Malumanay
رفيع الدرجات	105.	Rafi`u-d-darajāt	Nag-aangat sa mga antas
الزارع	106.	Az-Zāri`	Ang Tagapagpatubo
السلام	107.	As-Salām	Ang Sakdal
السميع	108.	As-Samī`	Ang Nakaririnig
السابق	109.	As-Sābiq	Ang Nauuna
سريع العقاب	110.	Sarī`u-l-`iqāb	Mabilis sa Pagpaparusa
سريع الحساب	111.	Sarī`u-l-hisāb	Mabilis sa pagtutuos
السبوح	112.	As-Subbūh	Ang Napakamaluwalhati
السنخط	113.	As-Sakhit	Ang Nagagalit
السيد	114.	As-Sayyid	Ang Pinapanginoon
السالم	115.	As-Sālim	Ang Lubos
سادس الخمسة	116.	Sādisu-l-khamsah	Ikaanim sa lima
الشاکر	117.	Ash-Shākir	Ang Tagapagpasalamat
الشکور	118.	Ash-Shakūr	Ang Mapagpasalamat
الشهيد	119.	Ash-Shahīd	Ang Saksi
الشفيع	120.	Ash-Shafi`	Ang Mapagpamagitan
الشافی	121.	Ash-Shāfi	Ang Tagapagpagaling
شديد العقاب	122.	Shadīdu-l-`iqāb	Matindi sa pagpaparusa
شديد المحال	123.	Shadīdu-l-mahāl	Matindi sa kapangyarihan
شيء	124.	Shay`	Umiiral
الصمد	125.	As-Samad	Ang Dulugan
الصبور	126.	As-Sabūr	Ang Matiisin
الصادق	127.	As-Saādiq	Ang Makatotoo
الضار	128.	Ad-Dārr	Ang Nakapipinsala
الطيب	129.	At-Tayyib	Ang Kaaya-aya
الطيب	130.	At-Tabīb	Ang Manggagamot
الطاهر	131.	At-Tāhir	Ang Dalisay
الظاهر	132.	Adh-Dhāhir	Ang Kaitaasan
العزیز	133.	Al-`Azīz	Ang Makapangyarihan
العالم	134.	Al-`Ālim	Ang Nakaaaalam
العليم	135.	Al-`Alīm	Ang Maalam

<sup>37</sup> Ibig sabihin: Kung may tatlo, Siya ang ikaapat nila. Maaari ring sabihing kung may dalawa, Siya ang ikatlo, at ganoon ng ganoon.

العلام	136.	Al-`Allām	Ang Palaalam
العلي	137.	Al-`Alīy	Ang Mataas
العظيم	138.	Al-`Adhīm	Ang Sukdulan
العدل	139.	Al-`Adl	Ang Katarungan
العادل	140.	Al-`Ādil	Ang Makatarungan
العفو	141.	Al-`Afūw	Ang Mapagpaumanhin
عدو الكافرين	142.	`Adūwu-l-kāfirīn	Kaaway ng mga di-sumampalataya
العين	143.	Al-`Ayn	Ang Bukal
الغافر	144.	Al-Ghāfir	Ang Nagpapatawad
الغفار	145.	Al-Ghaffār	Ang Tagapagpatawad
الغفور	146.	Al-Ghafūr	Ang Mapagpatawad
كثير العفو	147.	Kathiru-l-`Afūw	Marami sa pagpapaumanhin
الغالب	148.	Al-Ghālib	Ang Tagapanaig
الغني	149.	Al-Ghanīy	Ang Walang pangangailangan
الغيور	150.	Al-Ghayūr	Ang Mapanibughuin
فالق الحب والنوى	151.	Fāliqu-l-habbi-wa-n-nawā	Tagapabuka ng butil at buto
فالق الإصباح	152.	Fāliqu-l-`isbāh	Tagapabuka ng umaga
الفعال لما يريد	153.	Al-Fa``ālu-limā-yurīd	Ang Tagagawa ng ninanais Niya
الفاعل	154.	Al-Fā`il	Ang Gumagawa
القاتن	155.	Al-Fātin	Ang Tumutukso
الفرد	156.	Al-Fard	Ang Bukod
الفتاح	157.	Al-Fātih	Ang Tagabukas
الفتاح	158.	Al-Fattāh	Ang Tagapagbukas
القائم	159.	Al-Qā'im	Ang Nananatili
الموجود	160.	Al-Mawjūd	Ang Natatagpuan
الكائن	161.	Al-Ka'in	Ang Umiiral
القيّم	162.	Al-Qayyim	Ang Nagpapanatili
القيّام	163.	Al-Qayyām	Ang Tagapagpanatili
القهار	164.	Al-Qahhār	Ang Palagapi
القاهر	165.	Al-Qāhir	Ang Tagagapi
القدّوس	166.	Al-Quddūs	Ang Kabanal-banalan
القريب	167.	Al-Qarīb	Ang Malapit
القيوم	168.	Al-Qayyūm	Ang Mapagpanatili
القيوم	169.	Al-Qādir	Ang Nakakakaya
القدير	170.	Al-Qadīr	Ang May-kakayahan

قابل التوب	171.	Qābilu-t-tawb	Tumatangap ng pagsisisi
القاضي	172.	Al-Qādī	Ang Tagahatol
القوي	173.	Al-Qāwīy	Ang Malakas
القلم	174.	Al-Qādīm	Ang Datihan
القاسم	175.	Al-Qāsim	Ang Tagahati
القاصم	176.	Al-Qāsim	Ang Tagawasak
القابض	177.	Al-Qābid	Ang Tagapagpaluwag
الكبير	178.	Al-Kabīr	Ang Malaki
المستغاث	179.	Al-Mustaghāth	Ang Hingian ng saklolo
المستعان	180.	Al-Musta`ān	Ang Hingian ng tulong
الكريم	181.	Al-Kārīm	Ang Mapagbigay
الكفيل	182.	Al-Kafil	Ang Tagapanagot
الكافي	183.	Al-Kāfī	Ang Nakasasapat
الكاتب	184.	Al-Kātib	Ang Tagasulat
كاشف الضر	185.	Kāshifu-d-darr	Tagapawi ng pinsala
اللطيف	186.	Al-Latīf	Ang Nakatatalos
المالك	187.	Al-Mālik	Ang Nagmamay-ari
المليڪ	188.	Al-Malīk	Ang Naghahari
المستعاذ	189.	Al-Musta`ādh	Ang Pinagpapakupkupan
المعاذ	190.	Al-Mu`ādh	Ang Kupkupan
المملك	191.	Al-Malik	Ang Hari
المؤمن	192.	Al-Mu`min	Ang Tagapagpatiwasay, <sup>38</sup>
المهيمن	193.	Al-Muhaymin	Ang Tagasubaybay
المستجار	194.	Al-Mustajār	Ang Kanlungan
المتكبر	195.	Al-Mutakabbir	Ang Makapagmamalaki
المصور	196.	Al-Musawwir	Ang Tapagbigay-anyo
المحيط	197.	Al-Muhīt	Ang Tagasaklaw
المولى	198.	Al-Mawlā	Ang Mapagtangkilik
المجيب	199.	Al-Mujīb	Ang Tagatugon
المقبط	200.	Al-Muqīṭ	Ang Tagakandili
المجيد	201.	Al-Mujīd	Ang Tagapagpahusay
الماحي	202.	Al-Māhī	Ang Tagapawi
المبين	203.	Al-Mubīn	Ang Malinaw
المقتدر	204.	Al-Muqtadir	Ang Nakakakaya
المحيي	205.	Al-Muhyī	Ang Bumubuhay

<sup>38</sup> ang Tagapagpasampalataya.

المثبت	206.	Al-Muthbith	Ang Nagpapatatag
المميت	207.	Al-Mumīt	Ang Nagbibigay-kamatayan
المتعالي	208.	Al-Muta`ālī	Ang Kataas-taasan
المقدر	209.	Al-Muqaddir	Ang Tagapagtakda
المستمع	210.	Al-Mustami`	Ang Tagapakinig
المعطي	211.	Al-Mu`tī	Ang Tagabigay
المؤيد	212.	Al-Mu`ayyid	Ang Tagaalalay
المغيث	213.	Al-Mughhīth	Ang Tagasaklolo
النصير	214.	An-Nasīr	Ang Tagatulong
المنيب	215.	Al-Munīb	Ang Tumatanggap ng pababalik-loob
المدبر	216.	Al-Mudabbir	Ang Tagapangsiwa
المنعم	217.	Al-Mun`im	Ang Tagapagbiyaya
المتفضل	218.	Al-Mutafaddil	Ang Tagapagmagandang-loob
المدافع	219.	Al-Mudāfi`	Ang Tagapagtanggol
المنير	220.	Al-Munīr	Ang Tagapagbigay-liwanag
المنان	221.	Al-Mannān	Ang Mapagmabuting-loob
الموئل	222.	Al-Maw`il	Ang Kandilian
الماهد	223.	Al-Māhid	Ang Tagalatag
المسعر	224.	Al-Musa``ir	Ang Tagapaghalaga
المجيد	225.	Al-Majīd	Ang Mabunyi
المحسن	226.	Al-Muhsin	Ang Tagapagkawanggawa
المحسان	227.	Al-Mihsān	Ang Mapagkawanggawa
المتكلم	228.	Al-Mutakallim	Ang Nagsasalita
المملي	229.	Al-Mumlī	Ang Tagaatas
المبقي	230.	Al-Mubqī	Ang Tagapagpamalagi
المزكي	231.	Al-Muzakkī	Ang Tagapagdagdag
الموجد	232.	Al-Mūjid	Ang Tagapagpairal
المعز	233.	Al-Mu`izz	Ang Tagapagparangal
المذل	234.	Al-Mudhill	Ang Tagahamak
الموفق	235.	Al-Muwaffiq	Ang Tagapagtagumpay
المبيدي	236.	Al-Mubdī	Ang Tagapagpalitaw
المعيد	237.	Al-Mu`īd	Ang Tagapagpaulit
الماجد	238.	Al-Mājid	Ang Kabunyi-bunyi
المقدم	239.	Al-Muqaddim	Ang Tagapagpauna
المصرف	240.	Al-Musarrif	Ang Tagapagpabaling



المؤخر	241.	Al-Mu'akhhir	Ang Tagapagpahuli
المقسط	242.	Al-Muqsit	Ang Tagagawa ng Katarungan
المغني	243.	Al-Mughnī	Ang Tagapagpayaman
المانع	244.	Al-Māni`	Ang Tagapigil
المكرم	245.	Al-Mukarram	Ang Pinararangalan
الممكن	246.	Al-Mumakkin	Ang Tagapagpakaya
المبرم	247.	Al-Mubrim	Ang Tagapanukala
المنذر	248.	Al-Mundhir	Ang Tagababala
المرسل	249.	Al-Mursil	Ang Tagasusugo
المرسل	250.	Al-Mūsi`	Ang Tagapagpaluwag
المخشي	251.	Al-Mukhashshā	Ang Kinatatakutan
المريد	252.	Al-Murīd	AngTaganais
المحب	253.	Al-Muhibb	Ang Tagaibig
الودود	254.	Al-Wadūd	Ang Mapagmahal
المبغض	255.	Al-Mubghid	Ang Nasusuklam
المبتلي	256.	Al-Mubtalī	Ang Tagasubok
المبلي	257.	Al-Mublī	Ang Tagapagpaluma
المرهوب	258.	Al-Marhūb	Ang Kinasisindakan
المتحن	259.	Al-Mumtahin	AngTagasulit
المثيب	260.	Al-Muthīb	Ang Tagagantimpala
المنشي	261.	Al-Munshi`	Ang Tagapagtatag
المستجيب	262.	Al-Mustajīb	Ang Tagatugon
المنتقم	263.	Al-Muntaqim	Ang Tagahiganti
المطعم	264.	Al-Mut`im	Ang Tagapakain
المنجا	265.	Al-Manjā	Ang Kaliliglasan
الملجأ	266.	Al-Malja`	Ang Nililikasan
المسقي	267.	Al-Musqī	Ang Tagapainom
المذكور	268.	Al-Madhkūr	Ang Naaalaala
المعبود	269.	Al-Ma`būd	Ang Sinasamba
متم نوره	270.	Mutimmu-nūrih	Lumubos sa liwanag Niya
مقلب القلوب	271.	Muqallib-l-qulūb	Nagpapabago-bago sa mga puso
مخزي الكافرين	272.	Mukhzi-l-Kāfirīn	Tagapagpahiya sa mga di-sumampalataya
مخرج الحي من الميت	273.	Mukhriju-l-hayyi-mina -l-mayyit	Tagapagpalabas ng buhay mula sa patay

المؤخر	274.	Mukhriju-l-mayyiti- mina-l-hayy	Tagapagpalabas ng patay mula sa buhay
المقسط			
المغني	275.	Al-Munji	Ang Tagpagligtas
المانع	276.	An-Nāsir	Ang Tagapagpawagi
المكرم	277.	An-Nūr	Ang Liwanag
الممكن	278.	An-Nafs	Ang Sarili
المبرم	279.	Al-Hādī	Ang Tagapatnubay
المنذر	280.	Al-Wāsī`	Ang Malawak
المرسل	281.	Al-Wakīl	Ang Pinagkakatiwalaan
المرسل	282.	Al-Wāriith	Ang Tagapamana
المختشى	283.	Al-Waliy	Ang Tagapagtangkilik
المريد	284.	Al-Waqiy	Ang Tagapagsanggalang
المحب	285.	Al-Wāhid	Ang Isa
الودود	286.	Al-Wājīd	Ang Mayaman
المبغض	287.	Al-Wālī	Ang Tagapamahala
المبتلي	288.	Al-Wafiy	Ang Mapagtupad
المبلي	289.	Al-Watr	Ang Solo
المرهوب	290.	Al-Wahhāb	Ang Mapagkaloob

## Apendese B—Sanggunian sa Qur'an ng mga Kasaysayan ng mga Propeta ng Diyos

### Propeta Adan

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(2:30-39)*

### Propeta Noe

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(11:25-49)*

### Propeta Abraham

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(29:16-27), (21:51-70), (37:99-113), (2:124:129)*

### Propeta Lot

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(11:69-83)*

### Propeta Shu`ayb

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(11:84-95)*

### Propeta Jose

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(12:1-101)*

### Propeta Jonas

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(37:139-148)*

### Propeta Moises

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(28:3-44), (7:103-156)*

### Propeta Solomon

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(27:15-44)*

### Propeta Jesus

*(ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay sumakanya)(19:16-36), (3:48-54)*

